ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HUNYO 2015

# Liahona



## Isang Maluwalhating Araw na Aalalahanin, p. 24


**Mga Paraan sa Pagtuturo sa Tahanan tungkol sa Tagapagligtas, p. 10**

**Inakay ng Panginoon: Ang Landas ni Joseph Patungo sa Palmyra, p. 14**

**Pagiging Mas Mabuting Disipulo: Mga Aral mula sa Aklat ni Lucas, p. 28**



*"O anong tao sa inyo, ang kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay;*
*"O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas?*
*"Kung kayo nga, bagaman masasama ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na magbibigay ng mabubuting bagay sa nagsisihingi sa kaniya?"*

Mateo 7:9–11

# Liahona, Hunyo 2015



10


## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Banal na Katangian ni Jesucristo—Marangal**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**10** **Paano Tayo "Nangangaral tungkol kay Cristo" sa Ating Tahanan**
Ni Darren E. Schmidt
*Mga ideya sa pagkakaroon ng isang tahanang mas nakasentro kay Cristo.*

**14** **Ang Landas Patungong Palmyra**
Ni Matthew S. Holland
*Ang landas patungong Palmyra—ang pinangyarihan ng Unang Pangitain at ang lugar na pinaglagakan ng mga laminang ginto—ay hindi naging madali para kay Joseph Smith at sa kanyang pamilya.*

**20** **Paghahangad na Masagip**
Ni Connie Goulding
*Kung nadarama ninyo na para kayong nakakulong—dahil sa personal na mga pagsubok, kahinaan, o mahirap na kalagayan—may pag-asa pa kayong masagip.*

**24** **Ang Maluwalhating Araw ng Panunumbalik ng Priesthood**
Ni Elder L. Tom Perry
*Dapat tayong magpasalamat na ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang Simbahan at ang Kanyang priesthood sa lupa.*

**28** **Mga Turo ng Tagapagligtas tungkol sa Pagiging Disipulo**
Ni Casey W. Olson
*Itinuturo ng apat na pangyayaring ito sa huling paglalakbay ni Cristo sa Jerusalem kung paano tayo magiging mas mabubuting disipulo.*

**34** **Mga Mamamalakaya ng mga Tao**
Ni Elder Scott D. Whiting
*Para sa isang ward, ang ward council na gumaganap sa kanilang tungkulin ang gumagawa ng kaibhan.*

## MGA BAHAGI

**8** **Paglilingkod sa Simbahan: Ang Natutuhan Ko tungkol sa Pagmamahal**
Ni Janice Tate

**9** **Mga Pagmumuni: Ang Pagsagip sa Hummingbird**
Ni William Hoggan

**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Hayaan Mo Na**
Ni Pangulong Boyd K. Packer


**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Rıdvan Çelik/iStock/Thinkstock. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Cody Bell.

MGA YOUNG ADULT




42 **Pagtitiwala sa mga Pagtiyak ng Panginoon**
Ni Mindy Anne Leavitt
*Sa halip na maligtas kaagad, maaari tayong biyayaan ng Panginoon ng mahahalagang sandali ng katiyakan sa gitna ng ating mga pagsubok.*

46 **Hindi Nalipat**
Ni Lena Hsin-Yao Cho
*Nang maringig ko na anim na linggo pa akong mananatili sa lugar na iyon, hindi ako makapaniwala sa narinig ko.*



***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ano ang maaari ninyong manehuhin maliban sa kotse?***

MGA KABATAAN

48 **Pamumuhay sa Isang Mundo na Mabilis ang Takbo**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
*Simplihan ang inyong buhay sa pagtutuon sa apat na kaugnayang ito.*

52 **Ang Bahaging para sa Atin**

54 **Pagbabahagi ng Ebanghelyo na Gaya ni Juan Bautista**
Ni Ryan Carr

56 **Ngunit Paano Kung . . . ? Mga Tanong tungkol sa Pagmimisyon**

60 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Gustong subukin ng isa sa mga kaibigan ko ang isang masamang bagay para maunawaan niya ang mga tao kapag pinag-usapan nila ito. Paano ko maipapaunawa sa kanya na hindi iyon magandang ideya?*

62 **Ang Scripture Study Puzzle**
Ni Cody Phillips
*Sa mga puzzle at pag-aaral ng banal na kasulatan, habang lalo mo itong pinagsisikapang buuin, lalo mong makikita ang buong larawan.*

65 **Magkapatid sa Ebanghelyo**
Ni Paola Sarahí Hernández Cruz
*Malungkot ang kaibigan ni Paola, kaya gustong ibahagi rito ni Paola ang mga pagpapala ng ebanghelyo.*




MGA BATA




66 **Natatanging Saksi: Paano ako magagabayan ng Espiritu Santo?**
Ni Elder L. Tom Perry

67 **Musika: Ang Espiritu Santo**
Ni Jeanne P. Lawler

68 **Oras ng Banal na Kasulatan: Ang Mabuting Pastol**
Ni Erin Sanderson

70 **Ang Ating Pahina**

71 **Mga Larawang May Kaugnayan sa Bagong Tipan: Ang Mabuting Pastol**

72 **Ang Unang Future Father's Day ni Steven**
Ni Kellie George Purcill
*May ideya ang ina ni Steven kung paano siya tutulungang huwag malungkot sa Father's Day.*

74 **Patotoo ni Mia**
Ni Amelia Hawkins
*Gusto ni Mia na magkaroon ng patotoo, ngunit paano siya magkakaroon nito?*

76 **Para sa Maliliit na Bata: Ang Bahay na Itinayo mula sa Ikapu**
Ni Janele Williams

**HUNYO 2015 TOMO 18 BLG. 6**
**LIAHONA 12566 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Lisa Carolina López
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst
**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
June 2015 Vol. 18 No. 6. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



**"Ang Maluwalhating Araw ng Panunumbalik ng Priesthood,"** pahina 24: Isiping ipaliwanag kung paano naipasa-pasa ang priesthood sa pamamagitan ng pagguhit ng isang simpleng linya mula sa isang tao papunta sa isa pang tao, simula kay Adan hanggang sa iba pang mga propeta ng Lumang Tipan at pagkatapos ay mula kay Jesucristo at sa Kanyang mga Apostol hanggang kay Joseph Smith. Maaari mong subukang isaulo ang mga salita ni Juan Bautista nang igawad niya ang Aaronic Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, tulad ng nakatala sa Doktrina at mga Tipan 13:1, at talakayin ang kahalagahan ng pangyayaring iyon.

**"Patotoo ni Mia,"** pahina 74: Matapos basahin nang sama-sama ang artikulo, maaari ninyong talakayin "kung paano" magkaroon ng patotoo: pagdarasal, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pakikinig sa mga propeta at apostol, pakikinig sa patotoo ng ibang tao, pagbabahagi ng inyong sariling patotoo, atbp. Pag-usapan kung paano maaaring maging katulad ng liwanag ang patotoo. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng mga magulang ang kanilang patotoo at anyayahan ang kanilang mga anak na ibahagi rin ang kanilang patotoo o damdamin kung gusto nila.


## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *10*
***Ama, mga,*** *72*
***Ama sa Langit,*** *48*
***Banal na Kasulatan, mga,*** *62, 68, 71*
***Binyag,*** *65, 70*
***Espiritu Santo,*** *62, 66, 67, 74*
***Family history,*** *4*
***Gawaing misyonero,*** *54, 65*
***Gawain sa templo,*** *4, 6, 70*
***Ikalawang Pagparito,*** *54*
***Ikapu,*** *76*
***Jesucristo,*** *7, 10, 20, 28, 42, 48, 54, 66*
***Kabanalan,*** *7*
***Kapatawaran, pagpapatawad,*** *80*
***Mission, mga,*** *40, 42, 46, 54, 56*
***Musika,*** *8, 53, 67*
***Pag-asa,*** *42*
***Pagbabayad-sala,*** *20, 42*
***Pagiging di-makasarili,*** *28*
***Pagkadisipulo,*** *28*
***Paglilingkod,*** *8, 9, 24, 28, 34, 41, 48*
***Pagmamahal, pag-ibig,*** *8, 40*
***Pagmiministeryo,*** *9, 28, 34*
***Pagpapaaktibo,*** *9*
***Pagsisisi,*** *56*
***Pagsubok, mga,*** *20, 42, 52*
***Pagtuturo, turo,*** *10*
***Pamilya,*** *4, 10, 48, 72*
***Pamumuno,*** *34, 46, 80*
***Panalangin,*** *10, 74*
***Panunumbalik,*** *14, 24*
***Pasensya, tiyaga,*** *38*
***Patotoo,*** *56, 74*
***Priesthood,*** *4, 24*
***Sagipin, pagsagip,*** *9, 20*
***Smith, Joseph,*** *14*
***Trabaho,*** *39, 52*
***Ward council, mga,*** *34*



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# MAG-ANAK AY MAGSASAMANG Walang Hanggan

Kapangyarihan ng priesthood na nagbibigkis sa mga pamilya sa kawalang-hanggan ang isa sa mga pinakadakilang kaloob ng Diyos. Bawat taong nakauunawa sa plano ng kaligtasan ay umaasam sa walang-hanggang pagpapalang iyon. Tanging sa isinasagawang mga seremonya ng pagbubuklod sa inilaang mga templo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw lamang ibinibigay ng Diyos ang pangako na maibubuklod ang mga pamilya nang sama-sama magpakailanman.

Ang mga susi ng priesthood na nagbigay-daan para maging posible ito ay ipinanumbalik sa lupa ng propetang si Elijah kay Joseph Smith sa Kirtland Temple. Ang mga susing iyon ng priesthood ay ipinasa-pasa nang walang patid sa buhay na mga propeta sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw hanggang sa ngayon.

Ang Tagapagligtas sa Kanyang mortal na ministeryo ay nagsalita kay Pedro, na Kanyang punong Apostol, tungkol sa kapangyarihang ibuklod ang pamilya, nang sabihin Niyang, "Anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit" (Mateo 16:19).

Sa kahariang selestiyal lamang tayo maaaring mabuhay magpakailanman bilang mga pamilya. Doon ay maaari tayong magsama-sama bilang mga pamilya sa piling ng ating Ama sa Langit at ng Tagapagligtas. Inilarawan ni Propetang Joseph Smith ang magandang karanasang iyon sa ganitong paraan sa Doktrina at mga Tipan:

"Kapag ang Tagapagligtas ay magpapakita, atin siyang makikita nang siya rin. Ating makikita na siya ay isang tao tulad ng ating sarili.

"At yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon, lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian, kung aling kaluwalhatian ay hindi pa natin ngayon tinatamasa" (D at T 130:1–2).


Iminumungkahi ng mga talatang ito na maaari tayong magtiwala na makakamit natin ang makalangit na pamantayan sa mga kaugnayan natin sa ating mga pamilya. Lubos nating mapapangangalagaan ang ating mga kapamilya, buhay at patay, na gawin ang lahat ng ating makakaya upang ihandog sa kanila ang mga ordenansa ng priesthood na magbibigkis sa atin sa langit.

Marami sa inyo, mga bata at matatanda, ang gumagawa niyan. Hinanap ninyo ang mga pangalan ng mga ninuno na hindi pa nakatanggap ng mga ordenansa na makapagbubuklod sa inyo nang sama-sama.

Halos lahat kayo ay may mga buhay na kamag-anak na hindi pa nabuklod sa mga pamilya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood. Marami ang may buhay na mga kamag-anak na tumanggap na ng mga ordenansa ng priesthood ngunit hindi tinutupad ang mga tipang ginawa nila sa Diyos. Pagpapalain kayo ng Diyos na matulungan ang lahat ng mga kamag-anak na ito nang may pananampalataya. Nasa inyo ang pangako na ginawa ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo na humahayo para ilapit ang iba pa sa Kanya:

"At sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88).

Mula sa bintana ng aking opisina natatanaw ko ang mga magkasintahang ikinakasal araw-araw na nagpapakuha ng retrato sa gitna ng magagandang bulaklak at



fountain. Kadalasan ay kinakarga ng kasintahang lalaki ang kasintahang babae, kahit ilang hakbang lang, habang kinukunan sila ng retratista. Sa tuwing nakikita ko ito, naiisip ko ang mga mag-asawang nakilala ko na pagdating ng panahon—kung minsan nga ay sa napakaikling panahon matapos ang araw ng kanilang kasal—ay pinapasan ang isa't isa sa iba pang mga paraan kapag naging mahirap ang buhay. Maaaring mawalan ng trabaho. Maaaring isilang na may kapansanan ang mga anak. Maaaring dumating ang karamdaman. At pagkatapos, ang kaugaliang gawin sa iba ang nais nating gawin nila sa atin—noong mas madali pang gawin ito—ay gagawin tayong mga bayani sa mga panahong iyon ng pagsubok na kailangan nating gumawa ng higit pa sa kung ano ang mayroon tayo.

Dapat nating ipakita sa ating pamilya ang uri ng pakikitungong madadala natin sa harapan ng Diyos. Kailangan nating sikaping hindi makasakit ng damdamin o masaktan ang ating damdamin. Maaari tayong magpasiyang magpatawad kaagad at nang lubusan. Maaari nating sikaping pasayahin muna ang iba bago ang ating sarili. Maaari tayong maging mabait sa ating pananalita. Kapag sinikap nating gawin ang lahat ng ito, maaanyayahan natin ang Espiritu Santo sa ating pamilya at sa ating buhay.

Tinitiyak ko sa inyo na, sa tulong ng Panginoon at ng pusong taos na nagsisisi, mauunawaan natin sa buhay na ito ang uri ng buhay na gusto nating makamtan magpakailanman. Mahal tayo ng Ama sa Langit. Nais Niyang makabalik tayo sa Kanya. Ginagawang posible ng Tagapagligtas, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala, na magbago ang ating puso para makapasok tayo sa mga banal na templo, makipagtipan at pagkatapos ay tuparin ito, at pagdating ng panahon ay makasama ang ating pamilya magpakailanman sa kaluwalhatiang selestiyal—muling makauwi. ■

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Habang ibinabahagi ninyo ang doktrina ng mga walang-hanggang pamilya, pag-isipan ang sinabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Laging hangaring palakasin ang mga pamilya. Ituro nang may walang-hanggang pananaw na mahalagang mabuklod ang mga pamilya sa templo. . . . Kapag may pananaw kayo tungkol sa mga ordenansa ng pagbubuklod ng templo, makakatulong kayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa" ("Kayo'y Binigyan Ko ng Halimbawa," *Liahona,* Mayo 2014, 34). Paano ninyo matutulungan ang inyong mga tinuturuan na magkaroon ng pananaw tungkol sa kahalagahan ng mabuklod sa templo? Anyayahan ang mga taong hindi pa nabuklod na talakayin ang mga hakbang na maaari nilang gawin para matanggap ang ordenansang iyon. Anyayahan ang mga taong nabuklod na talakayin kung paano sila patuloy na magkakaroon ng pananaw tungkol sa kanilang walang-hanggang pamilya at paano pagbubutihin ang kanilang pakikitungo sa isa't isa.

## Nakabigkis sa Aking Pamilya Magpasawalang-hanggan

Ni Laura Burton

Nang ampunin ako sa edad na tatlong taong gulang, pumayag lang ang tunay kong ina na tuluyan na akong ipaampon nang pumayag ang mga magulang kong umampon sa akin na maisagawa ang aking mga ordenansa sa Simbahan kapag 12 anyos na ako. Akala niya kailangan ay nasa hustong edad na ako para makagawa ng sarili kong pasiya, pero talagang mahirap maghintay.

Oo, mahirap makita ang marami sa mga kaibigan ko na binibinyagan pagtuntong nila ng walong taong gulang, at ang mas mahirap pa ay ang malaman na hindi ako maaaring mabuklod sa aking mga magulang na umampon sa akin at sa limang nakatatanda kong mga kapatid kung wala pa akong 12 anyos. Natakot ako na baka may mangyari sa akin at hindi ako mabuklod sa kanila.

Habang papalapit ang ika-12 kaarawan ko, nagsimula kaming magplano para sa binyag ko at pagbubuklod sa aking pamilya. Ako ang pinapili ng mga magulang ko kung saang templo ko gustong mabuklod kami. Noon pa man ay San Diego California Temple na ang naiisip kong pinakamaganda, kaya pumayag ang buong pamilya namin na magbiyahe papuntang California para sa pagbubuklod.

Hindi na ako makapaghintay na maging walang-hanggang pamilya na kasama ang aking mga magulang at kapatid. Noong ibinubuklod na ako sa kanila, damang-dama ko ang Espiritu at hindi ito mailarawan sa mga salita. Ngayong nabuklod na ako sa aking pamilya, ang pag-aalala ko ay napalitan ng kapanatagan at kapayapaan, batid na nakabigkis na ako sa kanila magpasawalang-hanggan.

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



MGA BATA



## Pag-asam sa Templo

Ipinaliwanag ni Pangulong Eyring na dahil sa priesthood, may pagkakataon tayong magpunta sa templo para mabuklod sa kawalang-hanggan kasama ang ating pamilya. Magdrowing o maghanap ng larawan ng inyong paboritong templo at ilagay ito sa isang lugar kung saan makikita ninyo ito araw-araw. Gumawa ng listahan ng gagawin ninyong paghahanda sa pagpunta sa templo balang-araw.

LARAWAN NG SAN DIEGO CALIFORNIA TEMPLE

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa* ***reliefsociety.lds.org****.*

# Mga Banal na Katangian ni Jesucristo: Kabanalan

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas.*

"Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadalisay sa iyong kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit" (D at T 121:45).

Ano ang kabanalan? Sinabi ni Pangulong James E. Faust (1920–2007): "Ang ganap na kahulugan ng kabanalan ay sumasaklaw sa lahat ng katangian ng kabutihan na tumutulong sa atin sa paghubog ng ating pagkatao."[1] Dagdag pa ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Pagmamahal sa Diyos ang ugat ng lahat ng kabanalan, kabutihan, katatagan [ng pagkatao]."[2]

Tungkol sa kaugnayan ng kababaihan at ng kabanalan, si Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsabing: "Isinilang ang kababaihan na may taglay na kabutihan, isang banal na kaloob na nagbibigay sa kanila ng kakayahang magkintal sa puso't isipan ng pananampalataya, katatagan, pakikiramay, at kapinuhan sa pakikipag-ugnayan at sa mga kultura. . . .

"Mga kapatid na babae, sa lahat ng inyong pakikisama, ang pakikipagugnayan ninyo sa Diyos, na inyong



DETALYE MULA SA *PINAGALING KA NG IYONG PANANAMPALATAYA,* NI WALTER RANE

Ama sa Langit, ang pinagmumulan ng impluwensya ng inyong kabutihan, na siyang dapat ninyong unahin palagi sa inyong buhay. Alalahanin na ang kapangyarihan ni Jesus ay nagmula sa katapatan Niya sa kagustuhan ng Ama. . . . Pagsikapang maging ganyang uri ng disipulo ng Ama at ng Anak, at hindi maglalaho ang inyong impluwensya kailanman."[3]

## Isipin Ito

Paano tayo binibigyang-kapangyarihan at pinalalakas ng kabanalan?

## Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Mga Awit 24:3–5; Mga Taga Filipos 4:8; II Ni Pedro 1:3–5; Alma 31:5; Doktrina at mga Tipan 38:23–24

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

## Mula sa mga Banal na Kasulatan

Ngayon, ang mararangal na babae, na puno ng pananampalataya, ay dumudulog sa Tagapagligtas. Sa Lucas 8 mababasa natin ang tungkol sa isang babaing 12 taon nang inaagasan at hindi mapagaling. Hangad niyang gumaling nang "lumapit [siya sa] likuran [ni Cristo], at hinipo ang laylayan ng kaniyang damit at pagdaka'y naampat [huminto] ang kaniyang agas. . . . At sinabi ni Jesus, May humipo sa akin, sapagka't naramdaman ko na may umalis na bisa[4] sa akin." Ang mabait at matapat na babaing ito ay nagpatirapa sa Kanyang harapan, na isinasalaysay sa " [kaniya] sa harapan ng buong bayan" na "siya'y hinipo niya" at "gumaling siya kapagdaka." At sinabi niya sa kaniya, Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa" (tingnan sa Lucas 8:43-48; tingnan din sa 6:17–19).

Sa pamamagitan ng Kanyang kabanalan,[5] kaya ni Cristo na pagalingin, bigyang-kakayahan, palakasin, panatagin, at pasiglahin tayo kapag pinili nating dumulog sa Kanya nang may lakas-ng-loob at pananampalataya.

MGA TALA

1. James E. Faust, "Ang Magagandang Katangian ng Mabubuting Anak na Babae ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2003, 108.
2. Pangulong Gordon B. Hinckley, "Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Abr. 1996, 73.
3. D. Todd Christofferson, "Ang Mabuting Impluwensya ng Kababaihan," *Liahona,* Nob. 2013, 29, 31.
4. Ang kabanalan ay may kapangyarihan (tingnan sa Marcos 5:30).
5. Sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, Ang "Pagkasaserdote [Priesthood]" ay "ang karapatan at kapangyarihang ibinibigay ng Diyos sa tao upang kumilos sa lahat ng bagay para sa kaligtasan ng tao" (D at T 50:26–27).



# ANG NATUTUHAN KO TUNGKOL SA PAGMAMAHAL

**Ni Janice Tate**

*Hindi ko inasahan na maraming maituturo sa akin ang mga simpleng proyekto sa paglilingkod tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak.*

Ito ay parang katulad ng isang karaniwang proyekto sa paglilingkod: tipunin ang isang grupo ng kababaihan ng Relief Society para magbigay ng maikling choir program sa care center ng isang lokal na ospital, kahit wala namang pasyente roon na mula sa aming ward.

Natagpuan namin ang aming sarili na nagsisiksikan sa isang maliit na silid kasama ang siyam na matatandang pasyente na nakaharap sa amin na nakaupo sa kanilang wheelchair. Walang anumang emosyon na mababakas sa kanilang mukha. Mainit at walang pumapasok na preskong hangin, at naisip ko, "Tapusin na agad natin ito."

Ako ang tagakumpas, kaya't tumalikod ako sa mga pasyente at pinagtuunang mabuti ang programa. Nang simulan namin, narinig ko ang pagtawag ng isang pasyente ng, "Mama, Mama," habang may isang pumalakpak at nag-iingay. Hindi ako mapalagay, ngunit ilang minuto na lang ay matatapos at uuwi na kami.

Habang naghahanda kami para kantahin ang aming huling himnong, "Dakilang Diyos" (*Mga Himno,* blg. 48), inanyayahan namin ang mga pasyente at medical personnel na sumabay sa pagkanta namin. Humarap ako para kumpasan ang lahat sa pag-awit, at noon ko siya nakita—isang maliit, kulubot, may maputing buhok na babae na puno ng tissue ang kandungang basa ng kanyang mga luha.

Pinalapit niya ako sa kanya. Lumapit ako, at nang yumukod ako para makinig, kinuha niya ang kamay ko. Nanginginig ang kanyang buong katawan habang bumubulong siya, "Ako ay isang Banal sa mga Huling Araw. Napakaganda ng pakiramdam na madalaw ng mga kapatid ko."

Napuspos ng Espiritu ang aking kaluluwa, at lumuhod ako sa tabi niya, habang dumadaloy ang aking mga luha. Inakbayan ako ng nanghihina niyang bisig at tinapik-tapik ako na para bang nauunawaan niya ang nadarama ko. Lahat ay nagsimulang kumanta, pero hindi ko makanta ang unang taludtod.

Habang kumakanta ang mga pasyente at empleyado ng ospital tungkol sa kadakilaan ng Diyos, napuspos ng Espiritu ang silid, at naantig ang lahat. Sa huli ay napigilan ko ang aking damdamin at sinabayan ko ang iba sa pag-awit:


*Pagsapit ng pagbabalik ni Cristo,*
*D'on sa langit, kami ay tutungo!*
*Magpupugay akong wagas ang puso,*
*Ihahayag, "Diyos, kay dakila N'yo!"*

Pagkatapos ng programa ay nakihalubilo na ang kababaihan ng Relief Society sa mga pasyente at empleyado. Sinabi sa amin ng babaeng puti ang buhok na malungkot siya at pakiramdam niya ay napapaligiran siya ng mga estranghero hanggang sa dumating kami. Hindi namin alam na naroon siya, pero alam ng Ama sa Langit.

Napaalalahanan ako na lahat ng taong ito ay ating mga kapatid, na kailangan nila ng pagmamahal at kapanatagan, at na balang-araw ay magiging ganoon din ang kalagayan ko. Naantig ako na maaari tayong maging mga kasangkapan ng mapagmahal na Ama, at nagpapasalamat ako na tinuruan ako ng aming proyekto sa paglilingkod ng matinding aral tungkol sa pagmamahal. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.*

## PAG-IBIG NA IPINAPAKITA SA GAWA



"Lubhang kailangan ang pag-ibig sa kapwa na nag-uukol ng pansin sa mga hindi napupuna, pag-asa sa mga pinanghihinaan ng loob, tulong sa mga nagdurusa. Ang tunay na pag-ibig sa kapwa ay pag-ibig na ipinapakita sa gawa. Kailangan ang pag-ibig sa kapwa sa lahat ng dako."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang," *Liahona*, Nob. 2010, 124.**

PAGLALARAWAN NI DOUG FAKKEL

# ANG PAGSAGIP SA HUMMINGBIRD

Ni William Hoggan

*Sa pagsagip sa isang hummingbird, nalaman namin kung paano tutulungan ang mahihina ang espirituwalidad.*

Sa Young Women camp sa kabundukan ng California, naghintay ng hapunan ang mga dalagita at lider sa isang A-frame lodge. Habang naghihintay kami, may napansin ang ilang dalagita sa ilalim ng mesa. Isang hummingbird ang lumipad papasok sa lodge, hindi ito makalabas, at sa huli ay napahandusay sa sahig. Pinatulong nila ako.

Parang naghihingalo na ang ibon, ang tuka nito ay balot ng mga sapot at magulo ang mga balahibo nito. Marahan ko itong inilagay sa isang tasa at dinala sa labas. Umasa akong kusa itong gagaling ngunit totoong inakala ko na mamamatay rin ito. Gayunman, nang itagilid ko ang tasa para dahan-dahang ibaba sa lupa ang hummingbird, mahigpit na kumapit ito sa gilid ng tasa gamit ang maliliit niyang pangalmot. Itinayo ko ang tasa at dumapo ang ibon sa gilid ng baso habang nakapikit ito. Paano ngayon?

Nang makita ng isang lider ang ibon, naghalo siya ng asukal sa tubig at dinala ito sa akin. Dahan-dahan ko munang inalis ang mga sapot sa matulis nitong tuka. Hindi gumalaw ang ibon. Pagkatapos ay isinawsaw ko ang daliri ko sa tubig na may asukal at inilapit ang isang patak sa dulo ng tuka nito. Nawala ang patak ng tubig, kahit hindi gumalaw ang ibon. Pumasok kaya sa tuka nito ang tubig? Muli kong isinawsaw ang daliri ko sa tubig at inilapit sa tuka ng ibon. Sa sandaling ito isang maliit na dila, na manipis pa sa hibla ng buhok, ang dumila sa dulo ng daliri ko.

Sa loob ng 10 o 15 minuto, ininom ng ibon ang bawat patak ng tubig. Sa sandaling iyon, ilang lider na ang nakapalibot sa akin, at sinabi kong subukan nilang pakainin ang ibon.

Biglang nagmulat ng mata ang ibon, at ang magulo nitong balahibo ay biglang umayos. Matapos uminom ng ilan pang patak, iginalaw nito ang mga pakpak, ikinampay sandali, at lumipad pataas. Lumipad-lipad ito sandali sa ibabaw namin, pagkatapos ay lumipad na palayo.

Nakatayo kami roon, na namamangha. At pagkatapos, kung gaano kabilis ang paglipad ng ibon palayo, ganoon din kabilis dumating ang mga espirituwal na aral:



- Kadalasan, kapag tumutulong tayo sa mga di-gaanong aktibo, tila walang nagagawang kaibhan ang ating pagsisikap. Ngunit ang pagmamahal na ibinibigay natin ay tumatagos sa kanilang puso—tulad ng tubig na may asukal sa hindi gumagalaw na tuka ng hummingbird—na nagbibigay ng espirituwal na pagkain na balang-araw ay magbubunga.
- Kung minsan hindi tayo makausad mag-isa; kailangan natin ang tulong ng isang mabait at mapag-arugang kamay.
- Kung minsan ang mga tao ay nababalot ng mga sapot ng kasalanan o adiksyon at kailangan ang tulong ng isang kaibigan o lider ng priesthood at ang tulong ng Tagapagligtas para makalaya.
- Kailangan natin ng regular na espirituwal na pagkain para makapagtiis, dahil kung hindi ay baka maubusan tayo ng espirituwal na lakas at maging biktima ng masasamang impluwensya.
- Ang hummingbird ay nanatiling nakakapit. Sa literal na paraan. Pagkapit ang gumawa ng kaibhan. Kung minsan, kailangan lang tayong magtiis nang may pananampalataya habang nahaharap tayo sa mapapait at kung minsan ay malalagim na hamon ng buhay.

Nakasaad sa Bagong Tipan na batid ng Panginoon kahit ang pagkahulog ng maya (tingnan sa Mateo 10:29–31). Alam ko na ngayon na batid din Niya ang pagkahulog ng isang hummingbird. At alam Niya ang nangyayari sa inyo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.*

LARAWANG KUHA NI KOJIHIRANO/ISTOCK/THINKSTOCK



# Paano Tayo "Nangangaral tungkol *kay* Cristo" sa Ating Tahanan



BACKGROUND IMAGE MULA SA HEMERA/THINKSTOCK

*"Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan" (2 Nephi 25:26).*

**Ni Darren E. Schmidt**

Minsan sa panahon ng Pasko ng Pagkabuhay, iminungkahi ng asawa ko na magbasa kaming pamilya ng mga banal na kasulatan tungkol sa huling linggo ng Tagapagligtas sa buhay na ito. Tuwing gabi bago matulog, binabasa namin ang Bagong Tipan at ipinapanood sa aming mga anak ang maikling video clip ng bawat kaganapan at tinatalakay ang mga katanungan nila. Namangha ako sa mga tanong ng aming mga anak at sa Espiritung nadama sa aming tahanan habang nagbabasa at nagtatalakayan kami.

Sa pagtatapos ng linggong iyon, nakadama ako ng mas matinding pasasalamat at pagmamahal sa Tagapagligtas, sa pagninilay sa Kanyang sakripisyo at sa walang-hanggang mga ibubunga ng lahat ng pinagdaanan Niya para sa atin. Kasabay ng mga pag-antig na iyon sa akin, alam ko na nabigyang-inspirasyon ang aking asawa, at nadama ko ang mas malalim na pag-unawa at pagmamahal sa Tagapagligtas ng aming mga anak at pagkakaroon ng mas matinding hangaring magpakita ng kabaitan sa isa't isa tulad ng ginawa ni Cristo.

Mula noon nakaisip kami ng marami pang mga paraan na maaari kaming "mangusap tungkol kay Cristo" at "mangaral tungkol kay Cristo" sa aming mga pag-uusap at mga aralin, batid na sa pagsalig sa pundasyon ni Jesucristo, pinapangakuan tayo ng malaking kakayahan laban sa mga unos ng buhay (tingnan sa Helaman 5:12).





### Isang Halimbawa ng Pagtuturo Tungkol sa Panalangin

Halimbawa, itinuturo ninyo ang kahalagahan ng panalangin. Maaari ninyong gamitin ang Doktrina at mga Tipan 10:5, kung saan inutusan tayong "manalangin tuwina," o ang payo ni Nephi na ang "masamang espiritu ay hindi nagtuturo sa tao na manalangin, sa halip nagtuturo sa kanya na huwag siyang manalangin" (2 Nephi 32:8). Mabisang itinuturo ng mga banal na kasulatang ito ang doktrina ng panalangin. Habang tinatalakay ninyo ang mga ito, sabihin nating ganito ang tanong ninyo, "Paano nanalangin ang Tagapagligtas?" o "Ano ang mga ipinagdasal ng Tagapagligtas?" Kung maliliit pa ang inyong mga anak, maaari ninyong itanong, "Ano sa *palagay* ninyo ang mga ipinagdasal ng Tagapagligtas?"

Isipin sandali kung paano ninyo sasagutin ang katanungang ito na isinasaisip ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan na nauugnay rito. Naiisip ko kaagad ang pagdalaw ng Tagapagligtas sa mga lupain ng Amerika, nang "siya ay nanalangin sa Ama, at ang mga bagay na kanyang idinalangin ay hindi maaaring isulat. . . . Kailanman ay hindi pa nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ang gayong kadakila at mga kagila-gilalas na bagay na aming nakita at narinig na winika ni Jesus sa Ama" (3 Nephi 17:15–16).

Kalaunan sa kuwento matutuklasan natin na sinikap ng mga tao na tularan Siya sa paraan ng Kanyang pagdarasal at ang naging bunga ay "hindi sila nagparami ng mga salita, sapagkat *ipinagkaloob sa kanila* ang nararapat nilang idalangin, at sila ay *puspos ng hangarin"* (3 Nephi 19:24; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa puntong ito, maaari ninyong anyayahan ang inyong mga anak na magbahagi ng isang pagkakataon nang sila ay napuspos ng hangarin na manalangin, o maaari kayong magbahagi ng isang pagkakataon nang ibinigay sa inyo ang mismong mga sasabihin ninyo habang nagdarasal. Pagkatapos ay maaari kayong magpatotoo kung paanong ibang-iba ang panalangin kapag ibinigay ito sa ganitong paraan, tulad ng itinuro ng Tagapagligtas.

Isipin ang magiging kaibhan sa inyong mga anak kung sila ay magdarasal ayon sa mga alituntunin ng panalangin na matatagpuan sa mga talatang ito at sa mga patotoong

### Ituon sa Tagapagligtas ang Inyong Pagtuturo

Isa sa mga bagay na natuklasan namin ay nang dalhin namin ang halimbawa at mga turo ng Tagapagligtas sa mga talakayan at pag-uusap sa aming pamilya, naging mas mabisa at makabuluhan ang mga ito. Sa paggamit ng analohiya mula sa Tagapagligtas mismo, itinuro Niya, "Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami" (Juan 15:5). Kung gagamitin natin ang analohiyang ito sa ating pagtuturo, itinuturo natin ang mga alituntunin ng ebanghelyo hindi bilang mga ideya na walang kaugnayan kundi bilang kalakip ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na siyang ipinahayag ni propetang Joseph Smith.[1] Sa ganitong paraan natin itinutuon sa Tagapagligtas ang ating pagtuturo at hindi lang mga dahon na pinitas natin mula sa Kanyang tunay na puno ng ubas.

Kung ginagawa natin Siyang sentro ng ating pagtuturo, pinapangakuan tayo ng pangangalaga, lakas, at pag-unlad, kabilang ang mga sangang mabunga—sa madaling salita, ang ating mga talakayan at aralin ay magkakaroon ng mas malakas na kapangyarihang magpabalik-loob at pangmatagalang resulta. Ang isang paraan na nalaman namin para magawa ito ay ang ituro ang isang alituntunin ng ebanghelyo at pagkatapos ay magtanong sa aming mga anak tulad ng "Paano ipinakita ni Jesus ang mga alituntunin o katuruang ito?" o "Ano ang sinabi o itinuro ng Panginoon tungkol sa mismong bagay na ito?"

ibinigay ninyo at nila. Isipin kung paano nito maaaring pagibayuhin ang kakayahan nilang madama at makilala ang Espiritu, gampanang mabuti ang kanilang mga tungkulin, magbigay ng basbas ng priesthood, at kalaunan ang pagtataguyod ng sarili nilang pamilya, na ginagabayan ng Espiritu ring yaon na "nagtuturo sa tao na manalangin" (2 Nephi 32:8).

Kung ang halimbawa o mga turo ng Tagapagligtas ay hindi naisama sa tagubiling ito, maaari pa rin tayong magkaroon ng magandang talakayan tungkol sa panalangin, ngunit ang pagsasama ng Kanyang halimbawa at mga turo ay nagdaragdag ng lalim at kapangyarihan.

### Mga Artwork o Sining na Nakasentro sa Ebanghelyo

Ang isa pang bagay na hinangad naming gawin upang magkaroon ng tahanang higit na nakasentro kay Cristo ay ang pagkakaroon ng mga larawan ni Cristo, ng templo, at iba pang bagay na nauugnay sa ebanghelyo kung saan madali itong makikita at kung saan malalaman ng aming mga anak kung ano ang talagang mahalaga sa amin.

Ilang taon na ang nakararaan, habang nasa tithing settlement kami kasama ang aming mga anak, inanyayahan ng aming bishop ang aming 10-taong-gulang na anak na kunin ang isang maliit na larawan ng Tagapagligtas at magpasiya kung saan ito ilalagay sa aming tahanan, kung saan palagi nitong ipapaalala ang pangako ng aming pamilya na sundin Siya. Nang makauwi kami, inilagay niya ang larawan sa pintuan sa harapan, kung saan, sinabi ng aming anak, "makikita nating lahat ito palagi." Ito ay naging malaking pagpapala at palagiang paalala sa aming lahat sa araw-araw sa maliit ngunit napakabisang paraan ang aming pangako na sundin si Jesucristo.

Kahit saanman ilagay ang mga larawan sa inyong tahanan, magiging sulit ang pagod na bigyang-pansin ang mga larawan sa dingding at mga mensaheng ipinaparating ninyo sa inyong mga anak. Ang sining ba na nasa inyong tahanan ay nagpaparating ng mensahe na kayo ay tapat sa pagsunod kay Cristo?

### Iba pang Paraan ng Pagtuturo Tungkol kay Cristo

Inaamin ko na ilang beses na akong natawa nang itanong ng isa sa mga anak ko kung si Jesus ay mas malakas kaysa sa isang cartoon superhero, at sa tuwina ang pagtatanong ng anak ko ay laging nauuwi sa mas magandang talakayan tungkol sa mga dahilan kung bakit nakahihigit ang Tagapagligtas sa isang superhero. Kasama sa araw-araw na mga pag-uusap na tulad nito, narito ang ilang karagdagang ideya na maaari ninyong isaisip upang higit na masentro ang inyong tahanan kay Cristo:

- Gamitin ang Aklat ni Mormon sa pagtuturo sa inyong mga anak ng tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang salitang *Pagbabayad-sala* o *magbayad-sala* ay 39 na beses na lumitaw sa Aklat ni Mormon.
- Gamitin ang mga Mormon Messages video, Bible video, at iba pang media ng Simbahan na nagtuturo tungkol kay Jesucristo upang mapaganda pa ang inyong mga family home evening lesson at pag-aaral ng banal na kasulatan.
- Pag-aralan at sama-samang kantahin ang mga himno tungkol sa Tagapagligtas at talakayin ang mga turo at kahulugan ng mga ito.
- Maghanap ng paraan upang mabigyang-diin na ang mga propeta ay makapangyarihang mga saksi ni Jesucristo.
- Hangarin palagi na pagbutihin ang inyong sariling pakikipag-ugnayan sa Tagapagligtas.

Napag-alaman ko sa pamamagitan ng masusing pag-aaral at taimtim na panalangin na si Jesucristo ay buhay at na ang Kanyang dakilang kaloob na Pagbabayad-sala ay totoo at nagbibigay sa ating buhay, at sa mga mahal natin sa buhay, ng kahulugan at layunin, na may malaki at maluwalhating pag-asa na ang ating mga pamilya ay maaaring mapasaatin sa kawalang-hanggan. Nawa'y matanto ng bawat isa sa atin ang malaking kahalagahan ng pagkakaroon ng tahanang nakasentro kay Cristo, na kinikilala "na walang ibang daan o pamamaraan upang maligtas ang tao, tanging kay at sa pamamagitan ni Cristo" (Alma 38:9). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*


**TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.



Ang Landas Patungong

# PALMYRA



LARAWANG KUHA NI GEORGE ANDERSON, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

*Ang landas patungong Palmyra—na pinangyarihan ng Unang Pangitain at pinaglagakan ng mga laminang ginto—ay hindi isang landas na naging madali at kasiya-siya para kay Joseph Smith at sa kanyang pamilya.*

**Ni Matthew S. Holland**

*Ito ang unang artikulo sa dalawang-bahaging serye tungkol kay Propetang Joseph Smith. Ang pangalawang artikulo, “Ang Paglabas ng Aklat ni Mormon,” ay makikita sa isyu ng* Liahona *sa susunod na buwan.*

Makakatiyak kayo rito. Kayo man ay full-time missionary o hindi, lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay tinawag na dalhin ang mensahe ng Panginoong Jesucristo sa “buong sanglibutan” (Mateo 24:14). Tayo ay tinawag na ibahagi ang mga dalisay na alituntunin at gawain sa pag-oorganisa ng *Kanyang* ebanghelyo sa *Kanyang* pangalan. Upang magawa ito, dapat din nating tandaan na kailangan nating ituro at patotohanan na si Joseph Smith ang kinasangkapan Niya sa pagpapanumbalik ng mga dalisay na alituntuning iyon at gawain sa pag-oorganisa sa lupa.

Dahil malaki ang nakataya rito, makabubuting itanong sa inyong sarili kung handa na kayong manindigan at ipahayag nang may tunay na paniniwala at magiliw na katatagan na “sa umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol ng taong isanlibo walong daan at dalawampu,”[1] si Joseph Smith ay nagpunta sa isang tagong kakahuyan, lumuhod, at nanalangin, at mula noon ay nabago na ang mundo. Kung nais ninyong maging mga lingkod na tinawag ng Diyos, dapat ay handa kayong gawin ito.

Magpasiya ngayon na pag-aralan ang buhay ni Propetang Joseph Smith. May kapangyarihan at karunungan sa buhay niya na hindi mahihigitan ng iba, maliban lang sa buhay ng Tagapagligtas mismo. Habang taimtim at mapanalangin ninyong pinag-aaralan ang mga detalye sa buhay ni Joseph, ipinapangako ko na mag-iibayo ang pagmamahal at paghanga ninyo sa kanya, makasusumpong kayo ng kapanatagan at lakas ng loob lalo na sa mahihirap na sandali sa buhay at paglilingkod, at madaragdagan ang inyong pang-unawa laban sa pambabatikos ng mga makabagong kritiko na talagang nakatitiyak na may katibayan ang mundo na si Joseph ay hindi tulad ng sinasabi niya. Para magawa iyan, isipin ang ilang maiikling impormasyon tungkol sa pambihirang lalaking ito.

## Isang Landas ng Pasakit

Nasa atin ang lahat ng dahilan para maniwala na ang umaga ng Unang Pangitain ay maluwalhati at maganda tulad ng paglalarawan sa himnong “Unang Panalangin ni Joseph Smith”[2] tungkol dito. Ngunit kahit nagagandahan tayo sa gayong tagpo, hindi natin dapat kalimutan ang mga pangyayaring humantong



***Matapos ang tatlong taong pagkasira ng ani, ginawa ni Joseph Smith Sr. ang isang napakalaking hakbang na ilipat ang kanyang pamilya 300 milya (482 km) papuntang timog-kanluran sa bayan ng Palmyra, sa itaas na bahagi ng New York.***

sa umagang iyon. Ang landas patungong Palmyra—na pinangyarihan ng sagrado at napakahalagang sandaling ito—ay hindi isang landas na naging madali at kasiya-siya para sa batang propetang ito at sa kanyang pamilya.

Ang mga magulang ng Propeta, sina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith, ay ikinasal sa Tunbridge, Vermont, USA, noong 1796. Pagkaraan ng anim na taon ng medyo matagumpay na pagsasaka, lumipat ang mga Smith sa kalapit-bayan ng Randolph para subukang maghanapbuhay sa pamamagitan ng pagtitinda.[3]

Ang mga paninda ni Joseph Sr. na nabili niya sa tulong ng mga nagpapautang sa Boston ay binili kaagad ng sabik na mga bagong parukyano—na hindi nagbayad kaagad kundi nangakong magbabayad pagkatapos ng anihan. Habang hinihintay niya ang ipinangakong bayad para mabayaran ang mga pinagkakautangan niya, namuhunan siya sa isang bagong negosyo.

Noong mga panahong iyon ang mga negosyanteng Intsik ay naghahanap ng mabibiling ugat ng crystallized ginseng. Bagama't may ahenteng nag-alok na magbayad ng $3,000 kay Joseph Sr. para sa ugat ng ginseng na nakolekta at naihanda niyang ipadala, ipinasiya niya na gawin ang mas delikadong istratehiya pero mas malaki ang kita kung dadalhin niya mismo ang produkto sa New York at kakausapin ang kapitan ng isang barko na ibenta ang kanyang kalakal sa China para sa kanya. Kapag wala nang ahente, posibleng kumita siya ng $4,500—na malaking halaga na noong panahong iyon.[4]

Dahil yata sa kamalasan o sa masamang balak, nalulan ang kalakal ni Joseph Sr. sa bangkang sinakyan ng anak ng ahente na tinanggihan niyang pagbentahan ng kanyang kalakal. Sa pagsasamantala sa sitwasyon, ibinenta ng lalaking ito ang ginseng ni Smith sa China "sa mataas na halaga" at itinago ang perang pinagbentahan at nagsinungaling at sinabing hindi naibenta ang ginseng, at isang kahon lang ng tsaa ang naging kapalit nito.[5]

Samantala, kasabay ng pandarayang ito kay Joseph Sr., dumating ang oras na kailangan nang bayaran ang malaking imbentaryo ng mga paninda sa tindahan ng mga Smith. Dahil naniningil na ang mga pinagkakautangan, nagipit ang mga Smith. Para mabayaran ang kanilang mga utang, ibinigay ni Lucy ang regalo sa kanilang kasal na $1,000 na itinago niya nang ilang taon, at ibinenta ni Joseph sa halagang $800 ang sakahan ng pamilya sa Tunbridge.[6] Ang sakahan sana ang magbibigay sa kanila kahit paano ng kabuhayan at seguridad sa lugar na iyon sa Amerika na wala pang gaanong tao at di-gaanong maunlad.




Ngayong wala nang pera at lupain, napilitang lumipat ang mga Smith nang walong beses sa loob ng 14 na taon, na patuloy na naghahanap ng paraan para matustusan ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya.

Ang isa sa mga paglipat na iyon ay dahil sa kagipitan sa pera na dulot ng pagbabayad ng naipong bayarin sa pagpapagamot sanhi ng epidemya ng sakit na tipus noong 1813 na tumama nang matindi sa lahat ng anak ng pamilya Smith. Makaraan ang ilang linggo na wala nang lagnat si Joseph, nakadama siya ng matinding pananakit sa kanyang balikat. Nagkamali sa pagsusuri ang isang lokal na doktor na nagsabing ang pananakit ay bunga ng pilay. Pagkaraan ng dalawang linggo, nang tumindi ang pananakit, bumalik ang doktor at natuklasan nito ang matinding impeksyong dulot ng matagal na pagkakaroon ng lagnat ni Joseph.[7]

Tinusok ang bahaging masakit at isang quart ng impeksyon ang lumabas mula rito, ngunit hindi nakumpleto ang operasyon, at nagkaroon ng bagong impeksyon sa



***Pagdating ni Joseph Smith sa Palmyra, New York, dinala ng Panginoon ang Kanyang propeta na inorden noon pa man sa pinaglagakan—sa kalapit na burol—ng isang kayamanang napakahalaga.***

LARAWAN NG BUROL CUMORAH SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

kaliwang binti ni Joseph. Dahil dito, nagpatawag na sila ng surgeon. Gumawa ito ng walong-pulgada (20 cm) na hiwa mula tuhod hanggang bukung-bukong, kaya medyo nabawasan ang sakit. Ngunit ang impeksyon, sa kasamaang-palad, ay nanuot sa buto.[8]

Sa puntong ito humingi ang pamilya ng pinakabagong payong medikal mula sa mga dalubhasa sa Dartmouth Medical College. Iginiit ni Lucy na *huwag* gamitin ang pinakamakatwiran at karaniwang operasyon, ang pagputol. Sa halip, susubukan ng mga Smith ang isang bago at masakit na operasyon—na walang pangakong magtatagumpay.




Bubuksan ng mga doktor ang binti ni Joseph at bubutas ng dalawa sa magkabilang panig ng buto. Pagkatapos ay tatapyasin nila ang tatlong malalaking piraso ng buto para matanggal ang buong bahagi na naimpeksyon.[9]

Lahat ng ito ay gagawin nang walang general anesthesia na ginagamit ngayon. Dahil dito, hinimok ang pamilya na painumin ng alak si Joseph o itali siya sa kama para hindi siya magwala dahil sa sakit habang isinasagawa ang maselang operasyon. Sa murang edad na pito, tinanggihan ni Joseph ang dalawang opsiyon. Sa halip, humiling siya ng dalawang bagay—na hawakan siya ng kanyang ama at palabasin ng silid ang kanyang ina.[10]

Nang lumakas nang husto ang pag-iyak ni Joseph at hindi mapalayo ang kanyang ina, dalawang beses itong pumasok ng silid sa kabila ng nagmamakaawang pagtutol ni Joseph. Ang nakita niya ay hindi na mabubura sa kanyang alaala. Naroon si Joseph na nakahiga sa kamang puno ng dugo, na "maputlang parang bangkay, [na] butil-butil ang pawis . . . na dumadaloy sa kanyang mukha, habang kitang-kita ang matinding pagdurusa nito."[11] Mabuti na lamang at tagumpay ang operasyon, ngunit gugugulin ni Joseph ang susunod na tatlong taon na nakasaklay.

Pagkatapos ng napakahirap na karanasang ito, umasa ang pamilya na ang bagong simula sa Norwich, Vermont, ay magdudulot na sa kanila ng katatagan at kaunlarang labis na ninanais nila. Ngunit muling nadurog ang kanilang pag-asa. Sa unang taon ng pagsisikap nilang magsaka sa inupahang lupain, nasira ang kanilang mga pananim. Muling nasira ang kanilang mga pananim sa ikalawang taon. Sa ikatlong taon, 1816, nagpasiya si Joseph Smith Sr. na muli itong subukan, sa paniniwalang magiging mas maayos ang lahat.[12]

Sa kabilang panig ng mundo noong 1815, ang Mount Tambora sa Indonesia ay pumutok at naglabas ng tone-toneladang abo sa kapaligiran, na sumira sa normal na takbo ng panahon. Mula Hunyo hanggang Agosto ng 1816—na binansagang "taon na walang tag-init"—apat na nakamamatay na taglamig ang tumama sa New England, na muling sumira sa mga pananim ng tag-init.[13]

Sa pagsapit ng taggutom at sa libu-libong umaalis sa Vermont, ginawa ni Joseph Sr. ang pinakamalaking hakbang sa lahat ng ginawa niya. Nagpasiya siyang iwan ang halos 20-milyang (32 km) lawak ng lupain na kinaroroonan ng kanyang pamilya, mga kaibigan, at sakahang kilala niya halos hanggang sa kanyang pagtanda at tinahak ang 300 milya (482 km) papuntang timog-kanluran sa bayan ng Palmyra sa itaas na bahagi ng New York. Doon, ayon sa ulat, ay mayaman ang lupa at madaling makautang nang hindi kailangang

bayaran kaagad. Dahil sa pangangailangan naunang umalis si Joseph Sr., at naiwan si Lucy at ang walong anak para mag-impake ng kanilang mga gamit at sumunod sa kanya.[14]

Taglamig nang ilulan ni Lucy at ng matatapang niyang anak ang lahat ng ari-arian nila sa isang kareta at kalaunan sa isang bagon. Matapos bayaran ang ilang pinagkakautangan, kaunti na lang ang perang natira kay Lucy para sa paglalakbay. Bago pa makarating sa patutunguhan naipambayad na niya ang mga damit at gamot sa mga tagapamahala ng bahay-tuluyan. Naalala niya na dumating siya sa Palmyra na "dadalawang sentimo ang hawak na pera."[15]



*DETALYE MULA SA IF FATHER WILL HOLD ME [KUNG HAHAWAKAN AKO NI ITAY], NI LIZ LEMON SWINDLE; LARAWANG KUHA NI ALAN DAY, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM*

Habang daan ang lalaki na inupahang magpatakbo ng kareta ay sapilitang pinaalis ang batang si Joseph para magkasya ang dalawang magagandang anak na babae ng pamilya Gates, na patungo rin sa kanilang pupuntahan. Si Joseph—na hindi pa lubusang magaling—ay napilitang maglakad nang paika-ika "sa niyebe sa layong 40 milya [64 km] kada araw sa loob ng ilang araw," at dumanas ng tinawag niyang "pinakamatinding pagod, at sakit."[16]

Nang makiusap sa lalaki ang mapagmahal na mga kuya ni Joseph na sina Hyrum at Alvin na maawa na ito at pasakayin siyang muli, hinampas sila nito ng puluhan ng latigo hanggang sa matumba sila. Sa Utica, nang matiyak na wala nang pera si Lucy, iniwan ng lalaki ang pamilya—ngunit pagkatapos lamang mabigong tangkain na nakawin ang kanilang bagon at ihagis ang kanilang mga gamit sa lupa.[17] Gayunpaman nagpatuloy sa paglalakbay ang pamilya hanggang sa makarating sila nang ligtas sa Palmyra, at lumuluhang humandusay sa mga bisig ni Joseph Smith Sr.

Marahil ang makadurog-pusong detalye ng paglalakbay na ito, gayon pa man, ay matatagpuan sa isang di-gaanong napansing pahabol na salaysay ni Joseph na idinagdag kalaunan sa orihinal na salaysay tungkol sa paglalakbay ng kanyang pamilya: "Pag-alis namin ng Utica naiwan ako para sumakay sa huling kareta ng grupo, at paglapit ng kareta ay nahagip ako nito, na pinapatakbo ng isa sa mga anak na lalaki ng pamilya Gates, at iniwang duguan hanggang sa dumating ang isang dayuhan, at kinarga niya ako, at dinala sa Bayan ng Palmyra."[18] Hindi dapat kaligtaan ang kahalagahan nito.

### Isang Kayamanang Napakahalaga

Dalawang milya (3 km) lamang patimog ng sentro ng Palmyra ay naroon ang isang kakahuyan na pangyayarihan ng isa sa mga pinakadakilang pangitain sa kasaysayan ng sangkatauhan. Tatlong milya (5 km) mula roon ay naroon ang Burol Cumorah, na pinaglagakan ng mga laminang ginto na noon ay wala pang nakakaalam.

Pagdating ni Joseph sa Palmyra, dinala ng Panginoon ang Kanyang propeta na inorden noon pa man sa lugar na pinaglagakan ng isang kayamanang napakahalaga. Ang kayamanang ito ang magiging hudyat na pagkaraan ng maraming siglo ng espirituwal na kadiliman at kaguluhan sa lahat ng dako ng mundo, ang kalangitan ay muling mabubuksan. Ipapakita ng kayamanang ito na ang ministeryo ni Jesus ay mas malawak pa kapwa sa doktrina at heograpiya kaysa posibleng mabatid ng mga simbahang Kristiyano sa panahong iyon. Pagtitibayin ng kayamanang ito na, sa mahimalang paraan, ang Diyos ay talagang nagmamalasakit sa kapakanan ng mga tao sa lahat ng panahon, wika, at kontinente. At ang kayamanang ito ay mangangako ng mga turo na napakadalisay at makapangyarihan na kung itatanim ninyo ito sa kaibuturan ng inyong kaluluwa, kayo ay magbabago, at mararanasan ninyo ang isang bagay na kasiya-siya kaya ito ang pakananaisin ninyo.

Sa ating mortal na pananaw, maaari tayong matuksong isipin na ang mas magandang landas para sa taong ito at sa gayong pagkakataon ay ang landas na mas madali, maginhawa, at bantog. Bilang pagkilala sa napakahalagang mga kaganapang mangyayari kalaunan dahil sa pagpasok ng batang ito sa bayang ito sa panahong ito, hindi ba kayang maglaan ang Panginoon, na maingat na nagplanong ilagay roon ang mga laminang ginto mahigit isang libong taon na ang nakararaan, ng mas tuwid, mas maginhawa at marangal na landas para makarating doon?

*Di-kalayuan sa timog ng Palmyra ay naroon ang kakahuyang pangyayarihan ng isa sa mga pinakadakilang pangitain sa kasaysayan ng sangkatauhan.*



Oo, tiyak na kaya Niyang gawin iyon, ngunit hindi Niya ginawa.

Walang bantog na pagpapahid ng langis ng propeta ang ginawa kay Joseph noong bata pa siya (tingnan sa I Samuel 16:11–13). Walang pangitaing nag-utos kay Joseph na pumunta sa lupang pangako (tingnan sa 1 Nephi 5:4–5). Walang Liahonang tumulong sa kanyang pamilya para maiwasan ang mga maling hakbang sa paglalakbay (tingnan sa 1 Nephi 16:10; Alma 37:38). At siguradong wala siyang sinakyang open-air limousine para pumarada sa isang maaliwalas at ginayakang daan na may nagbubunying mga tao para malugod siyang salubungin.

Sa halip, ang tinahak ni Joseph at ng kanyang pamilya ay isang liku-likong landas ng kalungkutan na puno ng kamalasan, pagkakasakit, maling pagpapasiya, kalamidad, napakatinding sakit, kawalan ng katarungan, patuloy na kawalang-katiyakan, at walang-tigil na kahirapan. Hindi naman ibig sabihin na laging puno ng kalungkutan ang buhay ng pamilya Smith; hindi naman. Ngunit ang landas patungong Palmyra ay hindi naging tuwid, sagana, at kapansin-pansin sa mga tao. Pilay, paika-ika, at duguan, literal na kinailangang buhatin ang Propeta ng isang di-kilalang dayuhan patungo sa kanyang natatanging tadhana.

Alalahanin na iyan na marahil ang unang aral tungkol sa buhay ni Joseph at sa paglabas ng Aklat ni Mormon. Sa kabila ng kabiguan, sakuna, at matinding oposisyon—at sa maraming pagkakataon *dahil* na rin mismo sa mga bagay na iyon—narating ni Joseph Smith ang nararapat niyang puntahan para maisakatuparan ang kanyang misyon. Kaya, ngayon, o sa darating na araw, kung ililibot ninyo ang inyong tingin sa paligid at makikita na ang mga kasamahan ninyo na di gaanong masigasig ang siya pang umuunlad sa trabaho samantalang kayo ay nawalan ng trabaho; kung naratay kayo sa matinding karamdaman sa oras na kailangan kayong maglingkod; kung napunta sa iba ang magandang posisyon, kung tila mas mabilis matuto ng ibang wika ang missionary companion ninyo kaysa sa inyo; kung ang magandang hangarin ninyo ay mauwi kahit paano sa kapahamakan ng miyembro ng ward, kapitbahay, o investigator; kung mabalitaan ninyo na may problemang pinansyal ang inyong pamilya o nasawi ang isang kapamilya at wala kayong magawa tungkol dito; o kung, pakiramdam lang ninyo, araw-araw, na para kayong ordinaryo, talunan, at walang kuwentang kalahok sa drama ng buhay na tila ginawa para sa kaligayahan ng iba *dapat ninyong malaman ito:* maraming gayong bagay ang dinanas mismo ni Joseph Smith sa sandali mismo na inaakay siya patungo sa pinakadakilang bagay na mangyayari sa mundong ito mula nang maganap ang mga pangyayari sa Golgota at sa Libingan sa Halamanan halos 2,000 taon na ang nakararaan.

"Pero," maaari ninyong sabihin, "ang buhay at tadhana ko sa mundo ay hindi kailanman magiging katulad ng kay Propetang Joseph."

Marahil totoo iyan. Ngunit totoo rin na talagang mahalaga ang inyong buhay sa Diyos, at ang walang-hanggang potensyal ninyo at ang bawat kaluluwang makikilala ninyo ay kasingdakila at kasinghalaga ng kay Propetang Joseph mismo. Dahil dito, gaya ng pinakamamahal nating si Joseph, huwag na huwag kayong sumuko, magpatangay, o magpadaig kapag ang buhay, o lalo na ang gawaing misyonero ay naging mahirap, magulo, o nakababagot. Sa halip, tulad ng itinuro ni Pablo, kailangan ninyong maunawaan na "*lahat* ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa" (Mga Taga Roma 8:28; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Tulad ng ginawa Niya sa batang si Joseph Smith, hinuhubog at ginagabayan kayo ng Diyos sa bawat araw para sa mga layuning mas maluwalhati kaysa malalaman ninyo! ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "The Making of the Book of Mormon, Joseph Smith, and You [Ang mga Pangyayari sa Aklat ni Mormon, kay Joseph Smith, at sa Inyo]," na ibinigay sa Provo Missionary Training Center noong Pebrero 15, 2014. Si Matthew S. Holland ay pangulo ng Utah Valley University.*

**MGA TALA**

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:14.
2. *Mga Himno,* blg. 20.
3. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches of Joseph Smith, the Prophet, and His Progenitors for Many Generations* (1853), 37, 45. Para sa isang maikling buod ng mga pangyayaring nauugnay sa paglipat ng pamilya Smith sa Palmyra, tingnan din sa Richard Lyman Bushman, *Joseph Smith: Rough Stone Rolling* (2005), 17–29.
4. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 49.
5. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 49–50.
6. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 51.
7. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 60, 62.
8. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 62–63.
9. Tingnan sa LeRoy S. Wirthlin, "Joseph Smith's Boyhood Operation: An 1813 Surgical Success," *BYU Studies* 21, blg. 2 (1981): 146–54.
10. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 64.
11. Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 65.
12. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 66.
13. Tingnan sa *Church History in the Fulness of Times,* 2nd ed. (2003), 24.
14. Tingnan sa Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 67.
15. Lucy Mack Smith, *Biographical Sketches,* 68, 70.
16. Joseph Smith, sa *The Papers of Joseph Smith,* ed. Dean C. Jessee, 2 tomo (1989), 1:268.
17. Tingnan sa *The Papers of Joseph Smith,* 1:268.
18. Joseph Smith, sa *The Papers of Joseph Smith,* 1:268–69.

# PAGHAHANGAD NA Masagip



Ni Connie Goulding

Noong Agosto 5, 2010, 33 minerong Chilean ang nakulong nang gumuho ang malaking bato sa loob ng minahan. Nakulong sila sa isang maliit at ligtas na lugar at sa mga butas ng minahan sa ilalim ng guho, na 2,300 talampakan (700 m) ang lalim sa ilalim ng lupa.

Mukhang malabo ang sitwasyon. Nawalay sila sa tahanan at pamilya nang halos kalahating milya ng di-matinag na malaking bato sa ibabaw, at kakaunti ang suplay nila ng pagkain at tubig. Bagama't may mga kagamitan at kaalaman sila, dahil hindi matatag ang minahan hindi nila mailigtas ang kanilang sarili. Ang tanging pag-asa nila ay matagpuan sila at masagip.

Sa kabila nito, pinili nilang umasa. Inorganisa nila ang kanilang sarili, inirasyon ang kanilang pagkain at tubig, at naghintay. Nanalig sila na ginagawa ng mga nasa ibabaw ang kanilang makakaya para sagipin sila. Gayon pa man, mahirap sigurong panghawakan ang pag-asang iyon habang naghihintay sila sa dilim. Lumipas ang mga araw, at mga linggo. Ubos na ang pagkaing maingat nilang inirasyon.

Dumanas ako ng malubhang pagguho sa sarili kong buhay. Sa aking harapan, namatay sa isang aksidente ang aking guwapo, nakakatuwa, at punung-puno ng buhay na walong-taong-gulang na anak na lalaki nang masagasaan siya ng isang sasakyan. Kinalong ko ang kanyang katawan habang dumadanak ang kanyang dugo sa daan at lumilisan ang kanyang espiritu at nagbabalik sa kanyang tahanan sa langit. Nagsumamo ako sa aking Ama sa Langit na hayaan siyang mabuhay, ngunit hindi iyon ang plano Niya sa buhay ng aking anak.

Nawalan ako ng pag-asa, at nabigatan sa aking dalamhati. Nanghina ako, nabagabag, habang pinapakitid ng pagsubok sa buhay ang aking pang-unawa. Nalaman ko na tunay na nadarama ang bagbag na puso. Naging hungkag at nasaktan ang puso ko.

Naniwala ako na kailangan ko lang ng sapat na lakas para tanggapin iyon. Maraming tao na sobra pa roon ang dinanas. Ngunit gaya ng mga minero, na nakulong sa di-matinag na malaking batong bumihag sa kanila, hindi ko makaya ang bigat ng aking dalamhati.

***Gaya ng 33 kalalakihang nakulong sa isang gumuhong minahan sa Chile, maaari nating madama na nakulong tayo sa ating mga pagsubok at kahinaan; gayunman, sa pamamagitan ng plano ng kaligtasan mayroon tayong pag-asang masagip.***

Sa maraming paraan nadarama nating lahat na nakulong tayo. Maaaring nadarama ng ilan na nakulong sila sa sariling mga pagsubok, kahinaan, o mahirap na kalagayan sa buhay. Gayunman, napapanatag tayo dahiil alam natin na ang buhay sa mundo ay isang panahon na mas lumalakas tayo kapag tinitiis natin ang lungkot at dalamhati. Nakakatagpo tayo ng pag-asa kay Jesucristo.

## Isang Sinag ng Pag-asa

Sa ika-17 araw ng kanilang pagsubok, nabuhay ang pag-asa ng mga minero nang makagawa ng maliit na butas ang isang pako ng barena na nakabasag sa malaking batong bumihag sa kanila.

Idiniin ng nakulong na mga lalaki ang pako ng barena, sa hangaring ipaalam sa mga tagasagip sa ibabaw na buhay sila, at kinabitan ng sulat na ginamitan ng pulang marker ang dulo nito. Sabi roon, *"Estamos bien en el refugio, los 33"* ("Nasa kanlungan kami, 33 kaming lahat"). Nanumbalik ang pag-asa. Natagpuan na sila.

Dahil sa maliit na butas, na sinlaki ng suha, nagawa nilang makipag-ugnayan sa mundong ibabaw. Pagkain, tubig, gamot, at maiikling sulat mula sa mga mahal sa buhay ang ibinaba sa butas para sa mga minero.

Halu-halo siguro ang damdamin nila nang matanto ng mga minero ang kanilang sitwasyon. Bagama't lubha silang nagalak at nakahinga nang maluwag na natagpuan na sila, mapanganib pa rin ang kanilang sitwasyon. Kahit alam ng mga nasa ibabaw kung nasaan sila, matatagalan bago

PAGLALARAWAN MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK

mabuo ang plano sa pagsagip, at aasamin na lang nilang umubra nga ito.

Atubiling ipinaalam ng mga tagasagip sa mga minero na aabutin ng ilang buwan bago sila maiahon mula roon. Umasa silang maibalik ang mga minero sa kanilang pamilya pagsapit ng Pasko, na ibig sabihin ay malilibing pa ang mga minero nang apat na buwan. Gayunman, naghintay na sila nang may pag-asa.


Tayo man ay may sinag ng pag-asa. Bago nilikha ang mundong ito, isang plano ang binuo para sagipin tayo. Binigyan tayo ng Ama sa Langit ng isang Tagapagligtas, na magliligtas sa atin mula sa pagiging mortal, mula sa ating mga kasalanan, mula sa ating mga kahinaan, at mula sa lahat ng pagdurusahan natin sa buhay na ito. Siya ang nagbibigay ng pag-asa at ng buhay. Siya ang nagbigay ng paraan para makabalik tayo sa ating Ama sa Langit at muli nating makasama ang mga mahal sa buhay na nauna sa atin. Nasa tabi natin Siya upang dalhin ang bigat ng ating mga pasanin, pahiran ang ating mga luha, at panatagin tayo. Naparito Siya upang iuwi tayo, kung susundin natin ang plano na Kanyang itinakda.

### Ang Pagsagip

Bagama't iba-iba na ang tinangkang gawin para sagipin ang mga minero, iisang barena lang ang sumunod sa tuwid na landas, sa isa sa maliliit na butas na paulit-ulit nang binarena sa paghahanap sa mga minero.

Kumilos ang mga minero para masagip sila. Nang makapagbutas ang barena tungo sa ikasasagip nila, bumagsak ang malaking bato sa mas maliit na butas at bumunton sa loob ng kuwebang kinakukulungan ng mga minero. Itinulak nila ang malaking bato nang bumagsak ito, kaya nagkaroon ng daan para sa mas malaking barena.

Gumawa ang mga tagasagip ng isang kapsulang ibababa sa makipot na butas gamit ang mga kable. Ang kapsulang sasagip ay halos hindi sapat ang laki para kumasya ang isang lalaki sa loob. Ang kapsula ay mas makipot lang nang apat na pulgada (10 cm) kaysa sa butas na binarena sa 2,300 talampakan (700 m) ng solidong bato.



***Bawat isa sa atin ay kailangang piliing isuko ang ating kalooban para magtiwala sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Para sa atin, iisa lamang ang plano ng pagsagip; iyon ay nasa at sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Nagpakababa-baba Siya sa lahat ng bagay upang sagipin tayo.***

Nang dumating ang oras para sagipin ang mga minero, kinailangang pumili ng bawat lalaki. Isa-isang pumasok sa kapsula ang mga lalaki; bawat isa ay itataas nang mag-isa. Nang piliin ng bawat lalaki na magtiwala sa plano, kinailangan niyang umasa na maitataas talaga nang tuwid ang kapsula sa makipot na butas at mananatili itong balanse at hindi maiipit. Kinailangang umubra ang plano,

o wala nang pag-asa. Bawat minero ay sumakay sa kapsula at isinuko ang kanyang kalooban sa plano at sa mga tagasagip.

Isa-isang itinaas ang mga minero palabas ng kadiliman patungo sa liwanag. Sinalubong sila ng kanilang mga mahal sa buhay habang nakamasid at nagbubunyi ang buong mundo.

Nagtagumpay ang plano sa pagsagip; wala ni isang nawala. Nailigtas sila noong Oktubre 13, 2010—69 na araw mula nang gumuho ang minahan at 52 araw mula nang matagpuan silang buhay.

### Magtiwala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Tulad sa mga minero, ang pagsagip sa atin ay pansarili. Bagama't ang kaligtasan ay para sa lahat, ang ating kaugnayan sa Tagapagligtas ay matalik at personal. Bawat isa sa atin ay kailangang piliing isuko ang ating kalooban para magtiwala sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Dahil sa walang-hanggang kabanalan ng kalayaan ng tao kung saan nakasalig ang buhay na ito, hindi maiaalis sa atin ng Tagapagligtas ang ating kalooban. Malaya tayong pumili. Nasa tabi natin ang Tagapagligtas at naghihintay na pagalingin ang ating mga sugat at iangat tayo sa walang-hanggang kaligtasan, ngunit magagawa lamang Niya iyan kung gusto natin. Kailangan natin Siyang piliin. Para sa atin, iisa lamang ang plano ng pagsagip; iyon ay nasa at sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Nagpakababa-baba Siya sa lahat ng bagay upang sagipin tayo.

Nasagip ako nang lumuhod ako sa kalaliman ng dalamhati sa pagkamatay ng aking anak. Tulad ng mga minero nang sumakay sila sa kapsula, kinailangan kong magpasiya: dapat ko bang daigin ang aking mga hamon gamit ang sarili kong lakas at kaalaman, o hihingi ako ng tulong sa aking Ama sa Langit?

Pasan ang bigat ng aking dalamhati, nagpasiya akong bumaling sa Diyos. Nang magsumamo ako sa aking Ama sa Langit, sinabi ko sa Kanya na pagod na pagod na ako at hiniling kong bawasan Niya ang bigat ng aking dalamhati. Bago ako tumayong muli, nawala ang bigat ng aking nadaramang kalungkutan. Kinailangan ko pa ring magdaan sa sakit ng mamatayan, ngunit nawala ang mabigat na pasanin.

Doon ko nalaman na nasa tabi natin ang Tagapagligtas, naghihintay na iangat tayo, naghihintay lamang na humiling tayo sa Kanya, naghihintay na ilagak natin ang ating mga pasanin sa Kanyang balikat, naghihintay na hawakan natin ang Kanyang kamay para masagip Niya tayo.

Kailangan natin—gaya ng mga minero, na kinailangang isara ang pintuan ng kapsula at magtiwala sa mga tagasagip nila—na isuko ang ating kalooban sa Tagapagligtas at magtiwala sa Kanyang plano sa pagsagip sa atin.

Umaasa ako na pagdating ko sa kabilang buhay matapos maglakbay na mag-isa sa buhay na ito, magagalak akong makasamang muli yaong mga nauna na roon sa akin! Samantala alam ko na ang aking Tagapagligtas ay buhay at mahal Niya ako at Siya ay nasa tabi ko. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

*SI CRISTO SA GETSEMANI*, NI HARRY ANDERSON



### MAIAANGAT KA NG PAGBABAYAD-SALA NG TAGAPAGLIGTAS

"Alam namin na kung minsan ay nahihirapan kayo sa buhay. Ngunit ipinapangako ko sa inyo sa pangalan ng Panginoon: bumangon at sundan ang mga yapak ng ating Manunubos at Tagapagligtas, at balang-araw ay maaalala ninyo ito at mapupuspos kayo ng walang-hanggang pasasalamat na pinili ninyong magtiwala sa Pagbabayad-sala at sa kapangyarihan nitong tulungan at palakasin kayo."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Magagawa na Ninyo Iyan Ngayon!" *Liahona,* Nob. 2013, 57.**



**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol



# ANG MALUWALHATING ARAW NG Panunumbalik ng Priesthood

*Dapat tayong magpasalamat nang labis na ipinanumbalik na ng Panginoon ang Kanyang Simbahan at Kanyang priesthood sa lupa.*

Nang pumarito ang Tagapagligtas na si Jesucristo sa lupa, ang isa sa mga unang bagay na ginawa Niya ay itatag ang Kanyang Simbahan. Sinabi sa atin sa Bagong Tipan na Siya'y "napasa bundok upang manalangin; at sa buong magdamag ay nanatili siya sa pananalangin sa Dios." Pagbaba Niya kinabukasan, sabay-sabay Niyang tinawag ang Kanyang mga disipulo. "At siya'y humirang ng labingdalawa sa kanila, na tinawag naman niyang mga apostol" (Lucas 6:12–13).

Kalaunan ay isinama Niya sina Pedro, Santiago, at Juan paakyat sa isang bundok na malayo sa iba, at doon natanggap ni Pedro ang mga susi ng priesthood (tingnan sa Mateo 17:1–9; tingnan din sa 16:18–19). Si Pedro ang naging responsable sa paghawak ng lahat ng susi sa lupa sa pamumuno sa Simbahan nang lumisan na ang Tagapagligtas.

Bilang pagsunod sa utos ng Tagapagligtas (tingnan sa Marcos 16:15), nangaral ng ebanghelyo ang mga Apostol at nagtatag ng mga branch ng Simbahan. Sa maraming pagkakataon, minsan lang sila nagkaroon ng pagkakataong bumisita sa mga branch, kaya kakaunti lang ang pagkakataon nilang magturo at magsanay. Hindi nagtagal pumasok ang ideya ng mga pagano, at iba't ibang aspeto ng doktrina ng Tagapagligtas ang nabago (tingnan sa Isaias 24:5). Nang lumaganap ang apostasiya, kinailangang bawiin ng Panginoon ang priesthood sa lupa. Dahil dito, nawalan ng mga pagpapala ng priesthood ang mundo sa loob ng mahabang panahon.

Para muling maitatag ang Kanyang kaharian sa lupa nang may mga kapangyarihan ng priesthood, ipinanumbalik ng Panginoon ang ebanghelyo.

DETALYE MULA SA *ANG PANUNUMBALIK NG AARONIC PRIESTHOOD,* NI DEL PARSON



## Alalahanin ang Panunumbalik

Habang isinasalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon at si Oliver Cowdery ay kumikilos bilang kanyang tagasulat, nabasa nila ang kuwento sa 3 Nephi tungkol sa pagbisita ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas sa Western Hemisphere. Nang malaman nila ang Kanyang mga turo tungkol sa binyag (tingnan sa 3 Nephi 11:23–28), naisip nila ang maraming uri ng binyag na ginagamit noong panahon nila at kung sino ang may awtoridad na magbinyag.

Nagpasiya sina Joseph at Oliver na makiusap sa Panginoon, sa pagdarasal sa kakahuyan malapit sa bahay nina Joseph at Emma. Doon, nangyari ang dakilang paghahayag kung saan nagpakita si Juan Bautista, ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanilang ulunan, at sinabi: "Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; at ito ay hindi na muling kukunin sa mundo, hanggang ang mga anak na lalaki ni Levi ay mag-alay muli ng handog sa Panginoon sa kabutihan" (D at T 13:1).

Napadakilang pangyayari niyon. Sana'y maalala ng lahat ng maytaglay ng priesthood ang Mayo 15, 1829, bilang isang sagradong kaganapan sa kasaysayan ng Simbahan at bilang isang espesyal na kaganapan sa kasaysayan ng mundo.

Sinasabi sa atin sa Mga Saligan ng Pananampalataya "na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).

Ang mga tao ay hindi tinatawag nang basta-basta; tinatawag sila sa pamamagitan ng inspirasyon at propesiya. May direktang linya ng inspirasyon mula sa Panginoon sa mga taong tinawag upang gamitin ang priesthood. Iyan ang paraan ng pamamahala ng Panginoon sa Kanyang Simbahan, at iyan ang paraan ng pagtawag Niya kay Propetang Joseph Smith.

## Maging Karapat-dapat sa Priesthood

Ang pagtanggap ng priesthood ay hindi simbolo ng mahalagang pagbabago sa buhay na kusang dumarating ayon sa edad. Kailangan tayong maging karapat-dapat at "matapat sa pagtatamo ng dalawang pagkasaserdoteng ito" (D at T 84:33). Dapat nating basahing mabuti ang sumpa at tipan ng Melchizedek Priesthood, na nagtatampok lalo na sa mga kundisyong dapat nating maunawaan at sang-ayunan para matanggap ang priesthood:

"Kaya nga, lahat yaong tumanggap ng pagkasaserdote, ay tumanggap ng sumpa at tipang ito ng aking Ama, na hindi niya masisira, ni matitinag.

"Subalit kung sinuman ang sisira sa tipang ito matapos niya itong matanggap, at sa kabuuan ay tumalikod dito, ay hindi magkakaroon ng kapatawaran ng mga kasalanan sa daigdig na ito ni sa daigdig na darating" (D at T 84:40–41).

Mabigat iyan. Maaari ninyong isipin na iiwasan ng mga lalaki ang pagtanggap ng Aaronic at Melchizedek Priesthood, pero sabi sa kasunod na talata, "Sa aba sa lahat ng yaong *hindi* sumapit sa pagkasaserdoteng ito" (D at T 84:42; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kung tumanggap tayo ng priesthood at namuhay tayo nang marapat dito, tatanggap tayo ng mga pagpapala ng Panginoon. Ngunit kung sisirain natin ang ating tipan at tatalikuran ang ating priesthood, hindi natin matatanggap ang mga pagpapala ng Panginoon o magiging "hinirang ng Diyos" (D at T 84:34).

Ang Aaronic Priesthood, na tinatanggap sa pamamagitan ng tipan, ay tinutulungan ang mga kabataang lalaki na maghandang tumanggap ng Melchizedek Priesthood, na siyang nakatataas na priesthood na natatanggap sa pamamagitan ng sumpa *at* tipan.

## Tumulong sa Paglilingkod

Ang priesthood ay isang dakilang kapatiran—marahil ay ang pinakadakilang kapatiran sa lupa. Ang mga pag-uugnayan ng ating mga kapatid sa priesthood ay dapat maging mas dakila kaysa anupamang ibang mga pag-uugnayan maliban sa mga kapamilya natin mismo. Bukod pa sa isa itong kapatiran, ang priesthood ay isang

organisasyon sa paglilingkod kung saan ibinibigay natin ang ating sarili para tulungan ang iba at gawing mas mabuti ang mga bagay-bagay.

Kapag ang isang binatilyo ay tumanggap ng Aaronic Priesthood at naorden bilang deacon o teacher o priest, kabilang siya sa isang korum. Patuloy ang kapatirang iyon sa korum kapag tumanggap siya ng Melchizedek Priesthood at naorden bilang Elder. Ang mga korum sa priesthood ay mahalaga.

Kamakailan ay isang binatang magmimisyon ang nagsalita sa sacrament meeting. Sa kanyang mensahe ipinaliwanag niya na siya at ang apat niyang kaibigan ay sabay-sabay na nagsimula sa deacons quorum. Ang pagkakaibigan at suporta raw nila sa isa't isa nang sila ay magkaroon ng mga hamon at sumulong sa mga tungkulin sa Aaronic Priesthood ay nakatulong sa kanila na marating ang kanilang mithiing maglingkod sa full-time mission.

Kabilang ako sa isang korum. Napakaespesyal ng korum na ito. Binubuo ito ng mga lalaki mula sa lahat ng iba't ibang uri ng trabaho at propesyon. Ngunit kapag kumilos kami bilang isang korum, nagkakaisa kami sa layunin.

Kapag nagkasundo ang mga miyembro ng korum sa isang layunin at sabay-sabay silang kumilos sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu Santo, kumikilos sila ayon sa kalooban ng Panginoon. Maliban kung lubos kayong nagkakaisa ng mga miyembro ng korum, huwag magpatuloy. Isipin kung paano kayo mapoprotektahan niyan habambuhay.

Bawat lider ng korum ay nararapat magkaroon ng listahan ng mga miyembro ng kanyang korum, at dapat niyang malaman kung sino ang mga taong hindi maliwanagan kung paano sila nararapat mamuhay. Kung maraming binatilyong ganito na kabilang sa korum, inuuna sila ng lider sa kanyang listahan, na binibigyang-pansin yaong mga nangangailangan ng pinaka-agarang pangangalaga. Pagkatapos ay sinisimulan niya at ng iba pang mga miyembro ng korum na bisitahin sila, at kaibiganin at isama sila sa korum sa paraang naghihikayat sa kanila na muling magsimba.

***Ang priesthood ay isang dakilang kapatiran—marahil ay ang pinakadakilang kapatiran sa lupa.***

Tungkulin at responsibilidad ng isang korum ng priesthood na [magbabala, magpaliwanag, manghikayat, at magturo, at mag-anyaya] sa lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59). Ang paglilingkod sa isang korum ng priesthood ay mahalaga sa pag-unlad natin dito sa lupa. Kaya nga, lahat ng miyembro ng korum ay dapat ituring ang mga tungkuling ito na bahagi ng kanilang obligasyon sa paglilingkod sa kaharian ng ating Ama sa Langit.

Alam nating lahat na nahaharap tayo sa mga hamon sa ating mortal na buhay. Kung walang suportang tutulong sa atin sa pagpapatuloy sa buhay, makikita na lang natin na wala tayong matatag na plano, matatag na direksyon, o matatag na landasin na aakay at gagabay sa atin. Ang korum na ginagampanan nang husto ang kanilang tungkulin ay tumutulong sa atin na bumuo ng isang plano at landasin na aakay sa atin na makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit.

### Magpasalamat

Hawak ng mga bishop ang mga susi ng priesthood na mamuno sa kanilang ward, pati na sa mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood. Katunayan, ang bishop ang pangulo ng priests quorum ng kanyang ward. Tinutulungan niya ang mga kabataang lalaki na maging karapat-dapat na tumanggap at sumulong sa Aaronic Priesthood at maghanda para sa Melchizedek Priesthood. Tinutulungan niya silang maunawaan ang mga obligasyon at pagpapalang dumarating sa mga maytaglay ng priesthood. Tinutulungan niya silang matutong gampanang mabuti ang kanilang tungkulin sa priesthood sa pagbibigay sa kanila ng mga gawaing tumutulong sa kanila na maglingkod sa iba.

Ipinapaalala sa atin ng mga susing pag-aari ng Aaronic Priesthood na dapat tayong laging magpasalamat para sa ipinanumbalik na priesthood, pati na ang kapangyarihan, awtoridad, at mga responsibilidad na kaakibat nito: "Ang kapangyarihan at karapatan ng nakabababa, o Pagkasaserdoteng Aaron, ay hawakan ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at upang pangasiwaan ang panlabas na ordenansa, ang titik ng ebanghelyo, ang pagbibinyag ng pagsisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan, sang-ayon sa mga tipan at kautusan" (D at T 107:20).

Hinahamon ko ang mga kabataang lalaki na igalang ang priesthood na taglay nila at maghandang sumulong sa bawat katungkulan ng Aaronic Priesthood habang naghahanda sila para sa karagdagang pagpapalang tumanggap ng Melchizedek Priesthood, paglilingkod sa Panginoon bilang mga full-time missionary at kalaunan ay pagpapakasal sa Kanyang banal na templo.

Pinatototohanan ko na walang mortal na taong namumuno sa Simbahang ito. Ito ang Simbahan ng Tagapagligtas, at pinamamahalaan Niya ito sa pamamagitan ng priesthood, na ibinigay Niya sa mga tao sa lupa upang makakilos sila bilang Kanyang mga kinatawan sa pamumuno sa Kanyang Simbahan at pagsasagawa ng mga sagradong ordenansa. Dapat tayong magpasalamat nang labis na ipinanumbalik na ng Panginoon ang Kanyang Simbahan at Kanyang priesthood sa lupa. ■





IPININTA NI JUSTIN KUNZ

# MGA TURO NG TAGAPAGLIGTAS TUNGKOL SA Pagiging Disipulo

*Sa salaysay ni Lucas tungkol sa huling paglalakbay ni Jesucristo patungong Jerusalem, binigyan tayo ng Tagapagligtas ng malinaw na huwaran kung paano sumunod sa Kanya.*

**Ni Casey W. Olson**
Seminaries and Institutes

Apat na buwan lang bago namatay ang Tagapagligtas, "nang nalalapit na ang mga kaarawan na siya'y tatanggapin sa itaas, ay pinapanatili [o tiniyak] niyang [naka]harap ang kaniyang mukha . . . sa Jerusalem" (Lucas 9:51).[1] Sa nagdaang mga linggo, inihandang mabuti ni Jesucristo ang Kanyang mga disipulo sa mga paghihirap at di-pangkaraniwang espirituwal na mga kaganapang mangyayari sa hinaharap.

Halimbawa, matapos magpatotoo si Pedro tungkol sa kabanalan ni Jesucristo sa Cesarea ni Filipo, nangusap ang Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo tungkol sa Kanyang paparating na kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli sa unang pagkakataon sa simple at malinaw na pananalita (tingnan sa Mateo 16:13–21; Marcos 8:27–31; Lucas 9:18–22).[2] Isinama rin ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan "sa isang mataas na bundok," kung saan "nagbagong-anyo siya sa harap nila" (Mateo 17:1–2). Doon, ipinagkaloob ng Tagapagligtas, ni Moises, at ni Elijah ang mga susi ng priesthood kina Pedro, Santiago, at Juan. Pinanatag at pinalakas din nina Moises at Elijah si Jesus nang sila ay "nangaguusapan ng tungkol sa kaniyang pagkamatay na malapit niyang ganapin sa Jerusalem" (Lucas 9:31).[3] Tinukoy ni Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang karanasang ito sa bundok na "ang simula ng wakas" ng mortal na ministeryo ni Jesucristo.[4]

Ipinapakita ng mga kaganapang ito na nang "pinapanatili [ni Jesucristo na naka]harap ang kaniyang mukha . . . sa Jerusalem," alam na alam Niya na sinisimulan na Niya ang paglalakbay na magwawakas sa Kanyang kamatayan. Nakatala sa aklat ni Lucas, na napakadetalyado tungkol sa paglalakbay na ito, na nang ang Tagapagligtas ay "yumaon sa kaniyang lakad sa mga bayan at mga nayon, na nagtuturo, at naglalakbay na tungo sa Jerusalem" (Lucas 13:22), isang pangkat ng mga disipulo—ng kalalakihan at kababaihan—ang sumama sa kanya (tingnan sa Lucas 11:27).[5] Habang sama-samang naglalakad, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga alagad ang mga kailangan sa pagiging disipulo. Kapag pinag-aralan natin ang mga turo ng Tagapagligtas sa konteksto ng paglalakbay na ito, magkakaroon tayo ng mas malaking pagpapahalaga sa kung paano Niya pinagtibay ang Kanyang mga tagubilin sa pagiging disipulo sa tulong ng kapangyarihan ng Kanyang sariling halimbawa.

### Tatlong Tugon sa Tagubilin ni Jesucristo na "Sumunod sa Akin"

Bago sinimulan ng Tagapagligtas ang Kanyang huling paglalakbay patungong Jerusalem, sinabi Niya: "Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus, at sumunod sa akin" (Lucas 9:23). Kalaunan, nang maglakbay si Jesus at ang Kanyang mga disipulo patungong Jerusalem, "may nagsabi sa kaniya, [Panginoon,] susunod ako sa iyo saan ka man pumaroon" (Lucas 9:57). Sumagot ang Tagapagligtas na "ang Anak ng tao ay walang kahiligan [ng] kaniyang ulo" (Lucas 9:58), na marahil ay nagsasaad na "napakahirap ng buhay para sa kanya," tulad ng napunang minsan ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, at na "madalas na magiging ganito" para sa mga taong pipiliing sumunod sa Kanya.[6]

Pagkatapos, "sinabi [ng Panginoon] sa iba, Sumunod ka sa akin," (Lucas 9:59), ngunit hiniling ng lalaki na payagan muna siyang makauwi at ilibing ang kanyang ama. Sumagot si Jesus, "Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay; datapuwa't yumaon ka at ibalita mo ang kaharian ng Dios" (Lucas 9:60).[7] Ang mga salita ng Tagapagligtas ay hindi nangangahulugan na maling ipagluksa ang pagkawala ng isang mahal sa buhay (tingnan sa D at T 42:45). Sa halip, binibigyang-diin nito na katapatan sa Panginoon ang pinakamataas na prayoridad ng isang disipulo.

Sinabi ng ikatlong tao, "Susunod ako sa iyo, Panginoon; datapuwa't pabayaan mo akong magpaalam muna sa mga kasangbahay ko" (Lucas 9:61). Sumagot si Jesus gamit ang isang analohiya tungkol sa isang mag-aararo, na ang tungkulin ay magtuon sa nasa harapan sa halip na sa nasa likuran (tingnan sa Lucas 9:62). Ang aral para sa taong ito ay sumunod lamang sa halimbawa ng Tagapagligtas, na "[pinanatiling naka]harap ang kaniyang mukha . . . sa Jerusalem" (Lucas 9:51) at hindi lumingon.

### Ang Pagdaan sa Samaria

Nang magdaan si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sa Samaria patungo sa Jerusalem, ang ilan sa mga Samaritano "ay hindi . . . siya tinanggap" (Lucas 9:53)—malamang ay dahil nahalata nila na si Jesus at ang Kanyang disipulo ay mga Judio.[8] Bilang tugon, humingi ng pahintulot sina Santiago at Juan na magpababa ng apoy mula sa langit para tupukin ang mga nandusta sa kanila (tingnan sa Lucas 9:52–54). Sa mainit na sitwasyong ito, nagpakita ng pasensya at pagtitimpi ang Tagapagligtas habang pinagsasabihan ang Kanyang mga disipulo na gayon din ang gawin (tingnan sa Lucas 9:55–56).

*Gaya ng mabuting Samaritano, naglingkod si Jesus sa bawat sugatang kaluluwang nakaharap Niya.*

Hindi nagtagal pagkatapos nito, ikinuwento ng Tagapagligtas ang talinghaga ng mabuting Samaritano (tingnan sa Lucas 10:25–37). Bukod pa sa nasagot ang mga tanong ng mapagkunwaring abugado, maaaring naipaalala ng talinghagang ito sa mga disipulo ng Tagapagligtas na walang itinatangi ang utos na "[ibigin] . . . ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Lucas 10:27; tingnan din sa mga talata 25–29).

Bukod dito, maaaring nakakita ng mga pagkakatulad ang mga disipulo ng Tagapagligtas sa mga kilos ng mabuting Samaritano at mga kilos ni Jesus. Ang pagmamahal na ipinakita ng mabuting Samaritano sa isang Judio ay halimbawa ng ipinakitang pag-ibig ni Jesus sa kapwa para sa masusungit na Samaritano kamakailan. Gayundin, sa mga linggong darating, masasaksihan ng mga disipulo ng Tagapagligtas na makakasalubong ni Jesus ang maraming sugatang kaluluwa sa daan patungong Jerusalem (tingnan sa Lucas 13:10–17; 14:1–6; 17:11–19; 19:1–10). Gaya ng mabuting Samaritano, na tumigil sa isang lansangang mapanganib

DETALYE MULA SA *ANG MABUTING SAMARITANO*, NI PHILIP RICHARD MORRIS © BLACKBURN MUSEUM AND ART GALLERY, LANCASHIRE, UK/THE BRIDGEMAN ART LIBRARY INTERNATIONAL



at pinamumugaran ng mga magnanakaw at inuna ang kapakanan ng iba kaysa sa sarili, paglilingkuran ni Jesus ang bawat sugatang kaluluwang nakaharap Niya, na hindi iniisip ang Kanyang sarili kahit papalapit na Siya sa Kanyang sariling kamatayan.

## Tinuruan ng Tagapagligtas sina Maria at Marta

Sa Kanyang paglalakbay patungong Jerusalem, tumigil si Jesus sa bahay ni Marta (tingnan sa Lucas 10:38). Habang si Marta ay "naliligalig sa maraming paglilingkod" (Lucas 10:40), ang kanyang kapatid na si Maria ay "naupo rin naman sa mga paanan [ni Jesus], at pinakikinggan ang kaniyang salita" (talata 39). Ang malugod na pagtanggap ay napakahalaga sa lipunan ng mga Judio, at tila si Marta ay masigasig na naghangad na gampanan ang mga inaasahan sa kultura tungkol sa kanyang tungkulin bilang punong-abala.[9]

Bagama't nagpakita si Marta ng kahanga-hangang katapatan at pananampalataya sa Tagapagligtas sa ibang pagkakataon (tingnan sa Juan 11:19–29), dito ay nagreklamo siya, "Panginoon, wala bagang anoman sa iyo, na pabayaan ako ng aking kapatid na babae na maglingkod na magisa? iutos mo nga sa kaniya na ako'y tulungan niya" (Lucas 10:40). Para matulungan ang mga miyembro ng Simbahan na matuto ng mahalagang aral mula sa sitwasyong ito, minsa'y binanggit ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mensahe ni Propesor Catherine Corman Parry sa Brigham Young University devotional:

"Hindi nagpunta ang Panginoon sa kusina para sabihin kay Marta na tumigil sa pagluluto at makinig. Mukhang kuntento siya na hayaan itong maglingkod sa kanya sa anumang paraang gusto niya, hanggang sa hatulan nito ang paglilingkod ng iba. . . . Ang *pagpapahalaga [ni Marta] sa sarili* . . . ang nagtulak sa Panginoon na pagsabihan ito, hindi ang kaabalahan nito sa paghahanda ng pagkain."[10]

Ang pangunahing pagkakamali ni Marta sa pagkakataong ito ay tila ang pagtuon sa kanyang sarili—kahit naglilingkod siya sa iba. Ipinaunawa ng Tagapagligtas kay Marta

na hindi sapat na basta paglingkuran ang Panginoon at ang ating kapwa. Kailangang matuto tayong kalimutan ang ating sarili habang tayo'y naglilingkod at hangarin ang kalooban ng Panginoon para magabayan ang ating mga hangarin at layunin pati na ang ating mga kilos (tingnan sa Lucas 9:24; D at T 137:9). Kailangang daigin ng mga disipulo ang ugaling isipin muna ang kanilang sarili at matutuhang maglingkod sa Ama sa Langit at sa Kanyang mga anak na ang mata ay "nakatuon sa [Kanyang] kaluwalhatian" (D at T 88:67). Kalaunan, nang mamatay ang kanyang kapatid, ipinakita ni Marta ang nakatuon niyang pananampalataya nang iwanan niya ang lahat at salubungin ang Tagapagligtas nang marinig niya na parating na Siya (tingnan sa Juan 11:19–20).

### Ipinaliwanag ng Tagapagligtas ang mga Kailangan sa Pagiging Disipulo

Paglaon sa paglalakbay ng Tagapagligtas patungong Jerusalem, hiniling ng isang lalaki, "Guro, iutos mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana" (Lucas 12:13). Sumagot si Jesus sa pamamagitan ng paglutas sa ugat ng problema ng lalaki: "Mangagmasid kayo, at kayo'y mangagingat sa lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya" (Lucas 12:15). Pagkatapos ay ikinuwento Niya ang talinghaga ng mayamang hangal (tingnan sa Lucas 12:16–21).

Sa talinghaga, ang isang dahilan siguro kaya tinawag ng Diyos na hangal ang mayamang lalaki ay ang kasakiman nito. Sa Lucas 12:17–19 ginamit ng mayamang lalaki ang mga salitang *ko* at *akin* nang 12 beses, na naghahayag ng malasakit niya sa sarili.[11] Hindi lamang nilukob ng kasakiman ang lalaki, kundi bigo rin siyang kilalanin ang pinagmumulan ng kanyang mga kayamanan. Hindi niya kinilala sa anumang paraan, tulad ng ginawa ng Tagapagligtas, na "ang lupa" ang "namumunga [na]ng sagana" (Lucas 12:16), ni hindi siya nagpasalamat sa Panginoon sa paglikha ng daigdig kung saan yumabong ang kanyang mga pananim. Sa huli'y hinatulan ang lalaki hindi dahil sa matalinong pag-iimbak ng mga temporal na



bagay kundi dahil hindi siya espirituwal na handa para sa hinaharap. Dahil "hindi mayaman sa Diyos" (Lucas 12:21), kalaunan ay pinagkaitan ang lalaki hindi lamang ng kayamanang pansamantala niyang naipon sa mundo kundi maging ng "isang kayamanan sa langit na hindi nagkukulang" (Lucas 12:33). Ang kanyang mga pagpapasiya sa buhay ay iniwan siyang hikahos sa kawalang-hanggan.

Kabaligtaran ng mayamang hangal na nagtago ng mga materyal na ari-arian bago siya namatay nang di-inaasahan, sadyang humayo si Jesus tungo sa Kanyang kamatayan, kusang ibinigay sa Diyos ang lahat ng mayroon Siya at buong pagkatao Niya—kabilang na ang Kanyang buhay at Kanyang buong kalooban (tingnan sa Lucas 22:42; Mosias 15:7). Sinabi Niya, "Ako'y may isang bautismo upang ibautismo sa akin; at gaano ang aking kagipitan hanggang sa ito'y maganap!" (Lucas 12:50). Dahil Siya ay nabinyagan na sa tubig, ang tinutukoy ni Jesus dito ay ang Kanyang Pagbabayad-sala. Di-magtatagal at

*Gaya nina Maria at Marta, kailangang matuto tayong kalimutan ang ating sarili habang naglilingkod at hangarin ang kalooban ng Panginoon.*

Siya ay magpapakababa-baba sa lahat ng bagay at ang Kanyang katawan ay mapupuno ng dugo at pawis kapag nagdusa Siya para sa ating mga kasalanan at dumanas ng ating mga pasakit at paghihirap.[12]

Kalaunan, nang balaan ng ilang Fariseo si Jesus na hahangarin ni Herodes Antipas na ipapatay Siya, pinagtibay lang ng Tagapagligtas na patuloy Niyang sasamantalahin ang bawat pagkakataong turuan, basbasan, at pagalingin ang iba (tingnan sa Lucas 13:31–33). Gugugulin Niya ang mga huling araw ng Kanyang mortal na buhay—tulad ng lahat ng Kanyang araw noon—sa paglilingkod sa iba.

Habang papalapit sa Jerusalem, inutusan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na pahalagahan ang pagiging disipulo—na pag-isipang mabuti ang pasiya nilang sumunod sa Kanya (tingnan sa Lucas 14:25–28). Hindi Niya hinangad na pagmukhaing kasiya-siya ang mahihirap na katotohanang makakaharap nila kung magpapatuloy sila bilang Kanyang mga disipulo. Sa halip, matatag Niyang ipinahayag: "Sinoman sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik, ay di maaaring maging alagad ko" (Lucas 14:33). Gayunman, nangako rin ang Tagapagligtas na kapag kinalimutan natin ang ating sarili sa landas ng pagkadisipulo, mas marami tayong matatamo bilang kapalit (tingnan sa Lucas 9:24). Kabilang sa mga pagpapalang ipinangako Niya sa Kanyang mga disipulo ang "kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23).

Bagama't wala tayong pagkakataong sumama kay Jesucristo patungong Jerusalem, maipapakita natin ang ating kahandaang tularan ang paglalakbay na iyon sa sarili nating buhay. Ang pag-alaala sa sariling kahandaan ng Tagapagligtas na magsakripisyo at maglingkod alinsunod sa kalooban ng Ama sa Langit ay makapagbibigay sa atin ng lakas na "humayo . . . at gayon din ang gawin" (Lucas 10:37). ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa A. B. Bruce, *The Training of the Twelve* (1971), 240.
2. Kasama sa ipinahiwatig na mga pagtukoy sa pagdurusa at kamatayan ng Tagapagligtas mula sa naunang mga pagkakataon sa Kanyang ministeryo ang Mateo 9:15; 16:4; Juan 2:19; 3:14.
3. Tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* ika-3 ed. (1936), 373.
4. James E. Talmage, *Jesus the Christ,* 373.
5. Salungat sa Marcos at Mateo, na maikli lang ang pagbanggit sa paglisan ng Tagapagligtas mula sa Galilea sa huling pagkakataon sa buhay na ito at sa Kanyang paglalakbay patungong Jerusalem (tingnan sa Mateo 19:1–2; Marcos 10:1), nagtuon ng malaking pansin si Lucas sa paglalakbay na ito (tingnan sa Lucas 9:51–53; 13:22, 34; 17:11; 18:31; 19:11). Malaki ang pagkakaiba ng nilalaman ng Evangelio ni Juan sa buod na mga Evangelio nina Mateo, Marcos, at Lucas at hindi nabanggit ang huling paglisan ng Tagapagligtas mula sa Galilea patungong Jerusalem.
6. Jeffrey R. Holland, "The Inconvenient Messiah," *Ensign,* Peb. 1984, 68.
7. Ang paggalang sa mga magulang ay napakahalaga sa kulturang Judio, kabilang na ang responsibilidad na maglaan ng wastong libing para sa kanila. Matapos ihanda ang isang bangkay para sa libing at ilagay ito sa isang libingan, karaniwan ay nagbabalik ang mga miyembro ng pamilya makalipas ang isang taon para ilagay ang mga buto sa isang kahong bato na tinatawag na ossuary, na nanatili sa libingan bilang pangalawang libing sa gitna ng mga labi ng iba pang pumanaw na mga kapamilya. (Tingnan sa Richard Neitzel Holzapfel, Eric D. Huntsman, at Thomas A. Wayment, *Jesus Christ and the World of the New Testament* [2006], 78–79.) Kung tinutukoy ng disipulo sa sitwasyong ito ang pangalawang libing sa halip na ang agarang pangangailangang asikasuhin ang bangkay ng kanyang kamamatay na ama, kung gayon ay namalas sa kanyang kahilingan ang hangaring unahin ang isang tradisyong kultural kaysa sa isang natatanging pagkakataong sumama sa Anak ng Diyos patungong Jerusalem at maturuan Niya.
8. May malaking pagkapoot sa pagitan ng mga Judio at mga Samaritano noong panahon ni Cristo. Karaniwa'y umiwas ang dalawang grupong ito na makahalubilo ang isa't isa. Sa ganitong sitwasyon, malinaw na pinagkaitan ng mga Samaritano si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ng kaugaliang mga elemento ng mabuting pakikitungo, tulad ng pagkain at matutuluyan. (Tingnan sa Richard Neitzel Holzapfel at Thomas A. Wayment, *Making Sense of the New Testament* [2010], 140; Ralph Gower, *The New Manners and Customs of Bible Times* [1987], 241–42.)
9. Tingnan sa Gower, *New Manners and Customs of Bible Times,* 244–45; Fred H. Wight, *Manners and Customs of Bible Lands* (1953), 69–77.
10. Sa Dallin H. Oaks, "'Judge Not' and Judging," *Ensign,* Ago. 1999, 12–13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Tingnan sa Jay A. Parry and Donald W. Parry, *Understanding the Parables of Jesus Christ* (2006), 122.
12. Tingnan sa Lucas 22:44; Alma 7:11–13; Doktrina at mga Tipan 19:18; 88:6.

DETALYE MULA SA *SI CRISTO SA BAHAY NINA MARTA AT MARIA,* NI JAN (JOHANNES) VERMEER © SCOTTISH NATIONAL GALLERY, EDINBURGH/BRIDGEMAN IMAGES



Ni Elder
**Scott D. Whiting**
Ng Pitumpu



# Mga Mamamalakaya NG MGA TAO

*Lahat ng tumanggap sa tawag na mamuno sa simbahan ay tumanggap sa paanyaya ng Tagapagligtas na maging mga mamamalakaya ng mga tao.*

Habang pinalalaki namin ang aming anak sa Hawaii, nagpasalamat kaming mag-asawa sa kahanga-hangang mga Banal sa mga Huling Araw na tumulong sa amin. Tinanggap kami ng mahal na mga miyembrong ito at itinuring kaming kapamilya. Sa ilang pagkakataon isinama ng mga lalaki sa ward ang anak kong batang lalaki sa dagat para mangisda. Ang mga excursion na ito ay walang mga bangka kundi sa halip ay mga makalumang pamamaraan sa pangingisda na binuo ng mga Hawaiian noong araw.

Gamit ang gayong paraan, ang isang bihasang mangingisda ay buong ingat na itutupi at isususon ang isang bilog na lambat na may mga pabigat na nakakabit sa paligid. Pagkatapos ay maingat niyang dadalhin ang lambat sa isang lugar sa mabatong baybayin sa ibabaw ng isang malinaw na lawa ng tubig. Kapag nakita niyang may pumasok na mga isda sa lawa, sa tamang sandali at sa napakagaling na paraan, ihahagis niya ang lambat, na lubusang laladlad na parang malaking bilog sa tubig sa ibaba, at agad lulubog sa ilalim at mahuhuli ang nakatipong mga isda.

Bagama't kahanga-hanga ang galing ng sinumang gayong mangingisda, siya ang unang magsasabi sa inyo na kung walang lambat na malinis, nasulsihan, at walang sira, walang saysay ang kanyang mga pinagsikapan. Alam ng mga bihasang mangingisda na ang kanilang tagumpay ay depende sa integridad o tibay ng kanilang mga lambat at na ang epektibo at saganang pangingisda ay hindi nagsisimula hangga't hindi nasusuri at nasa kundisyon ang mga lambat.

Nakikita natin ang pag-unawa sa alituntuning ito sa orihinal na mga Apostol, na ang ilan ay pangingisda ang hanapbuhay. Ipinakilala tayo sa mga mangingisdang ito sa mga unang kabanata ng Mateo, Marcos, at Lucas, kung saan sila naghahagis, nagsusulsi, at naghuhugas ng kanilang mga lambat nang una nilang makaharap ang kanilang magiging Panginoon (tingnan sa Mateo 4:18, 21; Marcos 1:16, 19; Lucas 5:2). Pinakain ng mga lalaking ito ang kanilang pamilya at ang mga pamilya ng iba sa panghuhuli ng isda araw-araw. Ang kanilang kapalaran at pamilya ay nakaasa sa kanilang paghahanda at galing at sa integridad ng kanilang mga lambat.

Nang anyayahan sila ni Jesus na "magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao," "pagdaka'y iniwan nila ang mga lambat," "iniwan nila ang lahat, at nagsisunod sa kaniya" (Mateo 4:19, 20; Lucas 5:11; tingnan din sa Marcos 1:17–18).

Maraming beses kong naisip ang halimbawang ito habang iniisip ko na tumugon ang mga namumuno sa Simbahan nang may gayon ding pananampalataya sa paanyayang "magsisunod kayo sa hulihan ko." Tulad ng sinaunang Simbahan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pinamumunuan ng mga propeta at apostol, na iniwan ang kanilang mga lambat at pinaghirapang mga propesyon at nagkaroon ng mga bagong kasanayan upang makapaglingkod at makasunod sa Panginoon.

## Mga Pinuno ng mga Tao

Ano ang ibig sabihin ng maging "mga mamamalakaya ng mga tao"? Sa Kanyang simpleng mga salita ng paanyaya sa naunang mga Apostol, pinasimulan ng Tagapagligtas ang magiging karaniwan at mabisang paraan ng Kanyang pagtuturo—pagtuturo na gumagamit ng mga talinghaga. Alam Niya na mauunawaan ng mga tinawag na sumunod sa Kanya, kahit paano, kung ano ang ibig Niyang sabihin sa mga salitang "mga mamamalakaya ng mga tao."

Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee (1899–1973), "Ang maging 'mga mamamalakaya ng mga tao' ay ibang paraan lang ng pagsasabing 'maging mga pinuno ng mga tao.' Kaya sa lengguahe ngayon sasabihin nating . . . : 'Kung susundin ninyo ang aking mga utos, gagawin ko kayong mga pinuno ng mga tao.'"[1]

Ang isang pinuno ng mga tao ay isang taong tinawag upang tulungan ang iba na maging "tunay na mga tagasunod [ni] . . . Jesucristo" (Moroni 7:48). Sabi sa *Handbook 2: Administering the Church*, "Para magawa ito, sinisikap muna ng mga lider na maging matatapat na disipulo ng Tagapagligtas, at namumuhay sila sa bawat araw sa paraan na makababalik sila sa piling ng Diyos. Pagkatapos ay matutulungan nila ang iba na magkaroon ng malakas na patotoo at mapalapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo."[2]

Lahat ng tumanggap sa tawag na mamuno sa Simbahan ay tumanggap sa paanyaya ng Tagapagligtas na maging mga mamamalakaya ng mga tao.

## Mga Lambat at mga Council


Mula sa pinakamataas na lebel ng pamunuan sa Simbahan hanggang sa Aaronic Priesthood quorum at mga Young Women class presidency, ang mga pinuno ay inorganisa sa mga council. Inutusan ang mga pinuno na maghanda sa espirituwal, lubos na makibahagi sa mga council, maglingkod sa iba, ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo, at pangasiwaan ang mga priesthood at auxiliary organization ng Simbahan. Bukod pa riyan, magtatatag sila ng pagkakaisa at pagkakasundo sa Simbahan, ihahanda nila ang iba na maging mga pinuno at guro, magbibigay sila ng responsibilidad, at titiyakin nila na pananagutan nila ito.[3]

Tulad ng paggamit ng naunang mga Apostol sa kanilang kaalaman tungkol sa pangingisda para maging mga mamamalakaya ng mga tao, maipapamuhay natin ang mga alituntuning matatagpuan sa paggamit nila ng mga lambat sa mga council ng Simbahan. Gaya ng isang lambat, ang mga council na ito ay organisado at handang tipunin ang mga anak ng Ama sa Langit—na bawat miyembro ng council ay kumikilos bilang isang mahalagang hibla ng lambat. Tulad ng isang lambat na epektibo lamang kung walang sira, nanganganib din ang ating mga council kapag ang mga miyembro nito ay hindi organisado, nakatuon, at kumikilos tulad ng nararapat.

Ang mga pinuno ng mga council ay sumusunod sa halimbawa ng mga sinaunang Apostol na mamamalakaya sa regular na pagsusuri at pagsusulsi sa mga "lambat" na ito. Ginagawa ito ng mga pinuno ng council sa pagbibigay ng regular na training, pamumuno sa mga council meeting, pagbibigay ng feedback na napapanahon at angkop sa mga miyembro ng council, at pagbibigay ng pagmamahal, panghihikayat, at papuri. Walang makakapalit sa epektibong lakas at kakayahang magtipon ng mga council na kumikilos nang nararapat.



### SUMALI SA USAPAN



"Noong narito ang Panginoon, nanawagan Siya sa mga mangingisda sa Galilea na iwanan ang kanilang mga lambat at sumunod sa Kanya, na nagsasabing, 'Gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao.' Nawa'y makabilang tayo sa mga mamamalakaya ng kalalakihan at kababaihan, upang makatulong tayo sa anumang paraan."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ang Pananagutan Nating Sumagip," *Liahona,* Okt. 2013, 4.**

### Ang Ward Council

Marahil ang council na may pinakamalaking oportunidad na impluwensyahan ang bawat miyembro ng Simbahan ay ang ward council. Ang kalalakihan at kababaihan sa council na ito ay talagang tinawag na maging mga mamamalakaya ng mga tao na may tungkuling mamuno sa gawain ng kaligtasan sa ward, ayon sa patnubay ng bishop. Nakatira at naglilingkod sila sa kani-kanilang ward, kung saan maaari nilang makilala at makasalamuha ang mga taong pinamumunuan nila.

"Ang mga miyembro ng ward council ay nagsisikap na tulungan ang mga tao na magkaroon ng patotoo, tumanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa, tuparin ang mga tipan, at maging inilaang mga alagad ni Jesucristo (tingnan sa Moroni 6:4–5). Responsibilidad ng lahat ng miyembro ng ward council ang kapakanan ng mga miyembro ng ward."[4]

Ang mga miyembro ng ward council ay may mahalagang papel sa pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan. Kapag ang ward council ay hindi kumikilos na tulad ng nararapat, bumabagal ang gawain. Nanganganib ang kakayahan ng "lambat" na magtipon, at kakaunti ang nagagawa ng council. Ngunit kapag ang ward council ay organisado at nakatuon sa pagpapalakas sa mga indibiduwal at pamilya, kagila-gilalas ang resulta.

May alam akong isang ward na nahirapan dahil hindi epektibo ang ward council. Mahirap para sa bishop na sundin ang tagubiling matatagpuan sa *Handbook 2* dahil komportable siya sa kanyang mga paraan at gusto niya ang mga dati niyang ginagawa. Gayunman, matapos ang maraming pagpapayo at training ng isang mapagmahal na stake president, lumambot ang puso ng bishop, nagsisi, at masigasig na sinimulang organisahin ang ward council ayon sa tagubilin. Pinanood niya ang mga training video na makikita sa LDS.org, binasa niya ang mga bahagi 4 at 5 ng *Handbook 2,* at kumilos siya ayon sa kanyang natutuhan.

Agad tinanggap ng mga miyembro ng ward council ang mga pagbabago, at nakadama sila ng pagmamahal at pagkakaisa nang magtuon sila sa pagpapalakas sa mga indibiduwal at pamilya. Sa bawat miting, matagal silang nag-usap tungkol sa mga investigator, bagong binyag, di-gaanong aktibong miyembro, at miyembro na may mga pangangailangan. Nagsimulang mapalapit ang kanilang puso sa mga kapatid na ito, at nagsimulang mangyari ang mga himala.

Iniulat ng bishop na matapos gawin ang mga pagbabagong ito sa ward council, halos agad-agad na nagsimulang magsimba ang dating di-kilala at di-gaanong aktibong mga miyembro. Sinabi ng mga miyembrong ito na bigla silang naantig na bumalik sa Simbahan. Sinabi nila na nakatanggap sila ng malinaw at nakahihikayat na impresyon na kailangan nilang muling makisalamuha sa mga Banal. Alam nila na mamahalin sila at na kailangan nila ang suportang ibibigay ng mga miyembro.

Sinabi sa akin ng bishop na natitiyak niya na hinintay lang siya ng Ama sa Langit na sundin ang payong natanggap niya at organisahin ang ward council ayon sa tagubilin bago Siya makapaglagak ng hangarin sa puso't isipan ng mga di-gaanong aktibong miyembrong ito na bumalik sa pagiging aktibo sa Simbahan. Natanto ng bishop na kailangan niyang lumikha ng mapagmahal at mapangalagang kapaligiran na kailangan ng mga miyembrong ito bago sila akaying bumalik ng Espiritu. Ipinaalala sa akin ng kanyang mga salita ang karanasan ni Pedro na mamamalakaya:

"At lumulan [si Jesus] sa isa sa mga daong, na kay Simon, at ipinamanhik niya dito na ilayo nang kaunti sa lupa. At siya'y naupo, at nagturo sa karamihan buhat sa daong.

"At pagtigil niya ng pagsasalita, ay sinabi niya kay Simon, Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya.

"At sumagot si Simon at sinabi, Guro, sa buong magdamag ay nagsipagpagal kami, at wala kaming nahuli: datapuwa't sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat.

"At nang magawa nila ito, ay nakahuli sila ng lubhang maraming isda" (Lucas 5:3–6).

Kapag pinakinggan at sinunod natin ang payo sa atin ng mga makabagong propeta, tagakita, at tagapaghayag—na tunay na "mga mamamalakaya ng mga tao"—at sinuri natin at sinulsihan ang ating mga lambat habang naglilingkod, ang kakayahan nating pabilisin ang gawain ng kaligtasan ay lubhang madaragdagan at tayo ay magiging mga kasangkapan sa mga kamay ng Ama sa Langit para tipunin ang Kanyang mga anak. ■

**MGA TALA**

1. Harold B. Lee, sa Conference Report, Okt. 1960, 15.
2. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 3.1.
3. Tingnan sa *Handbook 2,* 3.2.1–5; 3.3.2–4.
4. *Handbook 2,* 4.4.



# ANG SUMASABOG KONG MGA MELOKOTON [PEACHES]

Akala ko ay perpektong magulang ako . . . hanggang sa magkaroon ako ng mga anak.

Para sa akin, ang pagiging magulang ay parang pagdaan sa apoy ng maglalantay. Parang naglabasan ang lahat ng kahinaan ko nang magsimula akong mamroblema, kulangin sa tulog, mabalisa, o mayamot. Mangyari pa, napapalitan ito ng mga pagpapala ng pagiging magulang, pero natuklasan ko na hindi ako makapagtimpi. Nakakahiya mang aminin, pero dati ay mahilig akong sumigaw o maghagis ng kung anu-ano para makuha ko ang atensyon ng mga anak ko.

Paulit-ulit akong nangako na pipilitin kong magtimpi, pero nagagalit pa rin ako kapag may problema. Alam ng Ama sa langit na kailangan ko ng isang matinding bagay na makakatulong sa akin.

Isang gabi matapos ang maghapong paglalagay sa bote ng mga melokoton, isinalang ko ang huling mga naigarapon at nagpasiya akong umidlip. Sigurado ako na magigising ako sa oras para kunin ang mga bote sa steamer.

Hindi ako nagising.

Napabalikwas kami ng asawa kong si Quinn sa higaan sa ingay ng pagsabog ng mga garapon. Tumakbo ako papunta sa kusina at nakita ko ang mga bubog at malagkit na melokoton na nagkalat sa sahig ng buong silid. Mukhang sumingaw ang tubig sa steamer, at dahil sa init at pressure, tumilapon ang takip ng steamer, at anim sa pitong garapon ng melokoton ang sumabog.

“Bukas ko na lang ng umaga ito lilinisin,” sabi ko.

Mali ang naisip ko.

Kinaumagahan nanigas na ang mainit na melokoton na may halong bubog at buu-buong nanikit sa buong kusina at komedor. Tumilapon ang bubog na may halong pira-pirasong melokoton hanggang sa likod ng mga countertop appliance at sa bawat sulok at siwang, pati na sa likuran ng refrigerator.

Inabot ako ng ilang oras sa paglilinis. Kinailangan kong babaran ng mga basang paper towel ang nanikit na bubog at kuskusin ito nang hindi ako nasusugatan.

Habang naglilinis, may pamilyar na tinig na bumulong sa akin, “Mary, kapag hindi ka nagtimpi ng galit mo, tulad ng pagsabog ng mga garapong ito, hindi mo madaling maaayos ang mga bagay-bagay. Hindi mo makikita kung hanggang saan at kung gaano nasasaktan ang mga anak mo at ang ibang tao sa galit mo. Katulad ng kalat na ito, mabilis na makakaapekto ang sakit na dulot niyon at magiging mahirap para sa iyo.”

Bigla kong naunawaan kung paano maitutulad ang buhay ko sa paglilinis. Napakatindi ng aral na iniwan niyon sa akin. Gaya ng galit ko, walang

> Tumakbo ako sa kusina at nakita kong nagkalat ang mga bubog at malagkit na mga melokoton sa sahig ng buong silid.





madaliang paglilinis. Makalipas ang ilang linggo, nakakita pa rin ako ng pira-pirasong tumigas na melokoton na may nakabaon na bubog.

Dalangin ko na balang-araw ay madaig ko ang kahinaan ko at matuto akong magtimpi. Samantala, nagpapasalamat ako sa Pagbabayad-sala ng Panginoon sa pagtulong sa akin na higit na makapagtimpi para hindi ko masaktan ang mga mahal ko sa buhay dahil sa pagsabog ng galit ko. ■

Mary Biesinger, Utah, USA

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY H. CLARK



# TAMA BA ANG GINAWA NAMIN?

Ako ay isang kilalang journalist na nakapagsulat na sa ilang magagandang magasin at pahayagan sa Lima, Peru, ngunit ang klase ng pamumuhay ko—na malayo sa Diyos—ay lalong nagpapahirap sa akin sa bawat araw. Dahil dito, tinanggap ko ang trabaho na maging proofreader para sa isang magasin sa Ventanilla District, na malayo sa tirahan ko. Desperado akong makahanap ng paraan para makaiwas sa mga kaibigan ko. Sa Ventanilla, nadama ko na magbabago ang aking buhay.

Paminsan-minsan ay nagsisimba kami ng kasintahan kong si María Cristina hanggang kumbinsihin ako ng dalawang mababait at mapipilit na missionary na ipagdasal sa Ama sa Langit kung totoo ang Simbahan. Ginawa ko iyon, at hindi ko maipaliwanag ang naranasan ko. Noon ko lang nadama na napakatindi ng Espiritu sa di-malilimutang araw na iyon.

Di-nagtagal matapos magpakasal at mabinyagan, umupa kami ni María Cristina sa isang maliit at di-komportableng silid sa Ventanilla. Dahil sa pagtitiyaga, mula sa pagiging proofreader ay naging editor ako ng magasin at pahayagan sa kumpanya. Noong lang ako naging editor, at masaya ako sa katungkulang iyon. Gayon pa man, nagsimulang magbago ang lahat nang simulang ibaba ng aming mga publikasyon ang kanilang mga pamantayan, at maglathala ng mga materyal na medyo imoral. Ang mga pagbabagong ito, na iniutos ng aming mga direktor, ay salungat sa mga alituntunin at pinahahalagahan ng Simbahan.

Noon pa man ay gusto ko nang maging isang editor, ngunit naasiwa ako sa sitwasyon. Iminungkahi ng bishop namin na kung gagawin namin ang mga bagay na ikalulugod ng ating Ama sa Langit, pagpapalain Niya kami. Matapos namin itong pag-isipan at ipagdasal na mag-asawa, nadama namin na dapat akong magbitiw sa trabaho.

Makalipas ang ilang araw nagsimula na akong mabalisa at inisip ko kung tama ang ginawa ko. Matapos magbitiw, nagpadala ako ng mga résumé sa ilang kumpanya pero wala akong natanggap na sagot. Iminungkahi ni María Cristina na magdasal kaming muli, at ginawa namin iyon. Ipinagdasal namin na maging maayos ang lahat at hindi kami mawalan ng pananampalataya kahit patung-patong na ang mga bayarin.

Makalipas ang ilang oras hinikayat ako ng aking asawa na tawagan ang isa sa mga kumpanya. Kahit alinlangan, tumawag ako. Nagulat ako nang sabihin sa akin ng isang opisyal doon na tatawagan na sana niya ako. Gusto niyang malaman kung puwede na akong magsimula kinabukasan!

Napaluha kami sa galak. Sinagot na ng Ama sa Langit ang aming mga dalangin.

Kinailangan naming iwan ang aming ward at maraming mabubuting kaibigan para sa bago kong trabaho, ngunit umalis kami na mas malakas ang patotoo. Ngayon ay may marangal na akong trabaho at malaking suweldo, at may magandang bahay na tinitirhan. Higit sa lahat, biniyayaan kami ng katiyakan na kapag ginawa namin ang mga bagay na nakalulugod sa Diyos, tatanggapin namin ang Kanyang mga pagpapala. ■

Carlos Javier León Ugarte, Lima, Peru

# MAHAL KITA

Nang patapos na ang zone conference ng mission ko, tumayo ako sa labas na nag-iisip, "Ano ang ginagawa ko sa bansang ito? Paano ko gagawin ang lahat ng bagay na inaasahan sa akin?"

Mahigit isang linggo pa lang ako sa Sicily, Italy, pero pinanghinaan na ako ng loob. Parang isang magandang panaginip ang panahon ko sa missionary training center, pero ngayon dahil sa mga kakulangan ko, para akong binabangungot.

"Mahal kong Ama," pagdarasal ko, "gusto ko pong maging magaling na missionary. Ngayong narito na ako, natanto ko na wala akong mga talento, kasanayan, o talino para isagawa ang ipinagagawa sa akin. Akala ko alam ko ang wikang ito, pero napakabilis magsalita ng lahat, at anumang mga salita ang pilitin kong sambitin ay nabubulol ako. Ayaw yata sa akin ng kompanyon ko. Ang mission president ko naman ay halos hindi makapagsalita ng Ingles. Wala akong makausap. Tulungan po Ninyo ako."

Alam kong kailangan kong bumalik sa loob, pero nagtagal pa ako sa kalsada nang ilang minuto. Bigla na lang may humatak nang tatlong beses sa likod ng overcoat ko. Lumingon ako at nakita ko ang isang magandang batang babae at dahan-dahan akong lumuhod sa tabi niya sa kalsadang yari sa cobblestones. Yumakap siya sa leeg ko at bumulong sa tainga ko, *"Ti voglio bene."*

"Ano'ng sabi mo?" Sumagot ako sa Ingles, batid na hindi niya ako naunawaan.



Tumitig siya sa name tag ko. "Sorella Domenici," pagbasa niya, "ti voglio bene."

Alam ko ang kahulugan mga katagang iyon. Ito ay isa sa mga unang katagang natutuhan naming mga missionary. Ito ay mga katagang makakapangusap nang tuwiran sa kaluluwa. Ang ibig sabihin niyon ay, "Mahal kita."

Ang mga salitang iyon lang ang kailangan kong marinig sa sandaling iyon. Nagpadala ang Tagapagligtas ng isang espesyal na sugo para sabihin iyon sa akin. Inakay ko ang bata papasok sa gusali.

"Anak siguro siya ng isa sa mga miyembro," naisip ko. Dahan-dahan akong lumibot sa mga grupo ng missionary, na umaasang makita siya ng kanyang ina.

Nang makita ko ang kompanyon ko, itinanong ko, "Nakita mo na ba dati ang batang ito?"

"Sinong bata?" nagtatakang sagot niya.


Tumingin ako sa tabi ko. Wala na ang bata.

Tumayo ako sa bukas na pintuan ng gusali at luminga-linga sa kalsadang wala nang tao. Habang nag-iisip ako, hindi ko lamang narinig ang isang bulong kundi nadama ko pa sa aking kaluluwa ang: "Sorella Domenici, ti voglio bene."

Hindi ko nakilala ang batang iyon, ngunit alam ko na mahal ako ng Tagapagligtas. ■

Natalee T. Fristrup, Utah, USA

Lumingon ako at nakita ko ang isang magandang batang babae at dahan-dahan akong lumuhod sa tabi niya sa kalsadang yari sa cobblestones.



Kinabukasan ng hapon naisip kong dalhan ng niluluto kong hapunan si Sister Morgan at ang kanyang asawa para sa kanilang anibersaryo.

# NAPAKASIMPLE BA NG PAGKAIN KO?

Sa loob ng ilang taon, binisita at tinuruan ko ang kapitbahay at kaibigan kong si Sister Morgan. Malaki ang tanda niya sa akin, kaya mas marami akong natutuhan sa kanya at sa buhay niya kaysa natutuhan niya sa akin mula sa mga visiting message ko.

Noong ako pa ang visiting teacher niya, si Sister Morgan ay napagalamang may kanser. Namangha ako kung paano niya buong katapangang tiniis ang lahat ng panggagamot at nagawa pa niyang ngumiti palagi.

Sa isa sa aking mga pagbisita, binanggit niya na kinabukasan ay anibersaryo ng kanyang kasal. Di-nagtagal ay napunta ang usapan namin sa iba pang mga bagay, at natapos ang aming pag-uusap.

Kinabukasan ng hapon naisip kong dalhan ng niluluto kong hapunan si Sister Morgan at ang kanyang asawa para sa kanilang anibersaryo. Noong una hindi ko pinansin ang naisip kong iyon dahil karaniwang pang-araw-araw na pagkain lang ang niluluto ko. Tiyak na hindi makatarungang magpadala ng gayon kasimpleng pagkain sa gayon kaespesyal na okasyon.

Pero hindi pa rin iyon mawala sa isipan ko. Tinawagan ko ang asawa ko sa trabaho, na umaasang sasang-ayon siya na hindi nga magandang ideya iyon. Sa halip, hinikayat niya akong tawagan si Sister Morgan at sabihin dito na dadalhan ko siya ng hapunan.

Ang hiya ko sa simpleng pagkaing iyon at sa palagay ko na kayabangan iyon ang pumigil sa akin na tawagan ang kaibigan ko, pero hindi ko mapalis ang pakiramdam na dapat ko siyang bigyan ng hapunan. Kaya inilagay ko ang pagkain sa trey at kinakabahang tinawid ko ang kalsada.

Pagpasok ko sa kanilang bakuran, nakita ko sina Brother at Sister Morgan na pasakay sa kotse nila. Sinabi ko na dinalhan ko sila ng hapunan para sa kanilang anibersaryo at na sana ay okey lang iyon sa kanila.

Napangiti si Sister Morgan. Ipinaliwanag niya na napagpasiyahan nilang ipagdiwang ang kanilang anibersaryo sa isang lokal na fast-food restaurant dahil napagod siyang masyado sa pagpapagamot sa kanser para magluto pa o magpunta kahit saan. Mukhang gumaan ang pakiramdam niya dahil hindi na sila lalabas ng bahay para maghapunan.

Napanatag at natuwa ako nang tanggapin nila ang simpleng pagkaing dala ko.

Wala pang dalawang buwan pagkaraan, noong katatapos lang na makumpleto ni Sister Morgan ang mga panggagamot sa kanser, pumanaw ang kanyang mahal na asawa dahil sa biglang pagkakasakit. Ang kanilang anibersaryo ilang linggo pa lamang ang nakararaan ang kanilang naging huling anibersaryo.

Lubos kong natutuhan noong tag-init na iyon ang pagsunod sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu sa paglilingkod sa iba. Ang paglilingkod na hinihiling—o ipinaparamdam—na ibigay natin ay maaaring hindi komportable, mahirap gawin, o simple sa ating paningin, ngunit maaaring iyon talaga ang kailangang gawin. Ang karanasang ito ay nagbigay sa akin ng tapang na maglingkod sa anumang tungkulin na kailangan ako ng Panginoon, at nagpalakas ng aking pananampalataya na gawin ang "dakilang gawain ng mga anghel" ("Bilang mga Magkakapatid sa Sion," *Himno,* blg. 197). ■

Jennifer Klingonsmith, Utah, USA



# PAGTITIWALA SA mga Pagtiyak NG PANGINOON

**Maaaring hindi tayo laging maligtas mula sa ating mga pagsubok, ngunit kapag hinangad natin ang mga katiyakang mula sa Panginoon, malalaman natin na magiging maayos ang lahat kahit sa panahon ng mga pagsubok.**

**Ni Mindy Anne Leavitt**
Mga Magasin ng Simbahan


Naupo ako sa silid-selestiyal ng templo, na pinag-iisipan ang direksyong pinatutunguhan ng buhay ko—na walang dudang lihis sa plano ko. Tulad ng iba pang mga young adult, puno ng pangamba ang isipan ko: Paano ko mapagsasabay ang pagkakaroon ng matataas na marka at paglilibang? Dapat ba akong magbitiw sa trabaho? humanap ng isang trabaho? Paano ako makakaipon ng pera kung wala akong kita? Bakit wala pa akong asawa? At marami pang tanong na masakit sa loob. Nagpunta ako sa templo para mapanatag, na ipinagdarasal na mabigyan ako ng katiyakan na ginagabayan ako ng Ama sa Langit. "Magiging maayos ba ang takbo ng buhay ko?" tanong ko. Dumating ang sagot nang mabilis at malinaw sa aking isipan: "Lahat *ay* mainam."

Sa sandaling iyon, naunawaan ko na kahit hindi ayon sa plano ko ang takbo ng buhay ko, naaayon pa rin ito sa *Kanyang* plano at Siya ang gumagabay dito. Ang matamis na katiyakan na alam Niya ang nangyayari sa akin at pinangangalagaan Niya ako, kahit hindi Niya laging inaalis ang mga pagsubok ko, ay nakatulong na malagpasan ko ang maraming paghihirap. Kapag ating naunawaan, hinangad, at hinintay ang mga katiyakang ito, malalaman natin na pinalalakas tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng mga pasaning ipinabalikat sa atin.

## Katiyakang Maliligtas

Malinaw na hindi palaging agarang pag-aalis ng ating mga pagsubok ang sagot ng Panginoon sa ating mga pagsamo. Sa halip, maaaring biyayaan Niya tayo ng mahahalagang sandali ng katiyakan sa pamamagitan ng personal na paghahayag—katiyakan na Siya ang gumagabay sa ating buhay at ililigtas Niya tayo mula sa ating mga pagsubok. Maaaring hindi tayo iligtas ng mga katiyakang ito mula sa ating mga pagsubok ngunit marahil ay bibigyan tayo nito ng lakas na kailangan natin para iligtas ang ating sarili, kahit ang pagliligtas na iyon ay kapanatagan lamang mula sa Espiritu Santo. Napansin ko ang maraming halimbawa sa mga banal na kasulatan kung paano madalas magpadala ng katiyakan ang Panginoon bago sumapit ang pagliligtas.

Habang pinamumunuan ni Helaman ang kanyang 2,060 kabataang mandirigma at iba pang mga hukbong Nephita, natanggap nila ang pagtiyak ng Panginoon. Matapos maghintay ng suplay at karagdagang hukbo nang maraming buwan, halos mamatay na sila sa gutom bago dumating ang pagkain at ang maliit na grupo ng kalalakihan. Dahil sa pangambang hindi makasapat ang kaunting karagdagang ito, sa huli ay bumaling sila sa Panginoon at "ibinuhos [ang kanilang] mga kaluluwa sa



### ANG KATIYAKAN NG KANYANG KAPANGYARIHAN

"Lahat tayo ay kailangang humarap sa paghihirap. . . . Aaliwin tayo nito kapag hinintay natin sa kapighatian ang pangakong ginhawa ng Tagapagligtas na alam Niya, mula sa karanasan, kung paano tayo pagagalingin at tutulungan. Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay sa atin ng katiyakan ng Kanyang kapangyarihang umaliw. At ang pananampalataya sa gayong kapangyarihan ang magbibigay sa atin ng tiyaga kapag nanalangin tayo at gumawa at naghintay para sa tulong."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Paghihirap," *Liahona,* Mayo 2009, 23–24.**

panalangin sa Diyos, upang palakasin [sila] at iligtas [sila]." Matapos silang manalangin, isinalaysay ni Helaman, "Kami ay dinalaw ng mga paniniyak ng Panginoon nating Diyos na ililigtas niya kami; oo, hanggang sa siya ay bumulong ng kapayapaan sa aming mga kaluluwa, at nagbigay sa amin ng malaking pananampalataya, at pinapangyaring kami ay umasa ng aming kaligtasan sa kanya" (Alma 58:10–11). Ang mga katiyakang ito ay nagbigay kay Helaman at sa kanyang mga mandirigma ng lakas na magpatuloy at magtagumpay laban sa kanilang mga kaaway.

Natanggap din ni Joseph Smith ang pagtiyak ng Panginoon habang nakakulong sa Liberty Jail. Nang manalangin siya nang taimtim, sinabi sa kanya:

"Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway" (D at T 121:7–8).

Ang pagtiyak na ito ay nagbigay kay Joseph ng lakas ng loob at katatagan na magpatuloy sa kabila ng mga paghihirap na halos di-makayanan.

Sa mga ito at sa iba pang mga halimbawa (tingnan, halimbawa, ang Mosias 24:8–16), hindi lamang basta inalis ng Panginoon ang mga pagsubok mula sa matatapat. Bagkus, dinalaw Niya sila nang may *pagtiyak* na *talagang* ililigtas Niya sila sa sarili Niyang takdang panahon. Ang mga pagtiyak na ito, tulad nga ng sabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay parang "mga silahis ng espirituwal na sikat ng araw" na inilalagay ng Ama sa Langit sa ating landas "para magliwanag ang [ating] daraanan."[1] Kung minsan ang pagtiyak na iyan lamang ang kailangan natin para patuloy na harapin ang mga pagsubok, batid na magkakaroon nga ng lubos na kaligtasan.

## Paghahanap ng mga Katiyakan

Mahirap ang buhay. May mga pagkakataon na nagdududa tayo, nagkukulang tayo ng tiwala sa ating sarili at sa kakayahan nating malagpasan ang pagsubok, nawawalan tayo ng pag-asa. Para bang wala nang katapusan ang mga pagsubok. At bagaman tumatanggap tayo kung minsan ng katiyakan kahit hindi natin pinagsikapan, mas madalas kaysa hindi na kailangan nating hanapin ang mga katiyakang nagsasabi sa atin na may kapahingahan mula sa ating mga pagsubok.


Ang mga katiyakan ng Panginoon ay madalas dumating sa pamamagitan ng tinig ng Kanyang mga lingkod: mga lider natin, mga guro sa institute at Sunday School, at lalo na sa Kanyang mga propeta at apostol. Ipinaalala sa atin ni Carol F. McConkie, unang tagapayo sa Young Women general presidency, na "sa kanilang mga salita naririnig natin ang tinig ng Panginoon at nadarama ang pagmamahal ng Tagapagligtas."[2]

Dumarating din ang mga katiyakang ito sa pamamagitan ng tinig ng Espiritu kapag taos-puso tayong nakikipag-usap sa Ama sa Langit sa taimtim na panalangin, nagbabasa at nagninilay ng mga banal na kasulatan, dumadalo sa templo at sa mga miting natin sa Simbahan, naglilingkod sa iba at nagsisikap na gawin ang tama. Sa madaling salita, dumarating ang katiyakan na nagmumula sa Panginoon kapag ating "hahanapin siya ng buo [nating] puso at ng buo [nating] kaluluwa" (Deuteronomio 4:29) at susundin ang Kanyang mga utos.

Si Helaman at ang kanyang mga hukbo ay tumanggap ng pagtiyak pagkaraan ng maraming taos-pusong panalangin; tumanggap si Joseph Smith ng pagtiyak matapos magdasal at magnilay-nilay. Sa dalawang sitwasyon, sinubukan ng Panginoon ang kanilang tiyaga at pananampalataya bago nagbigay ng katiyakan—isang magandang paalala na sa oras ng pagsubok dapat tayong patuloy na manampalataya at magtiyaga.

## Naghihintay ng mga Pagtiyak

Tulad ng anupamang susubok sa kakayahan nating magtiyaga, ang mga pagtiyak ng Panginoon ay maaaring hindi mangyari sa paraan



o sa panahong inaasahan natin. Kailangan nating ipagdasal na magkaroon ng "mga mata na maititingin" (Ezekiel 12:2) sa patnubay ng Panginoon at sa mga pagtiyak Niya sa ating buhay. Nagpahayag si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa kung paano nakapaloob sa magigiliw na awa ng Panginoon ang mga pagtiyak na ito at sinabing ang mga ito ay "hindi basta-basta nangyayari o nagkakataon lamang. Sa katapatan at pagsunod, natatanggap natin ang mahahalagang kaloob na ito at, kadalasan, tinutulungan tayo ng Panginoon na makilala ang mga ito sa Kanyang takdang panahon."[3]

Kadalasan, ang paghihintay sa pagliligtas man o sa pagtiyak ay nangangailangan ng tiyaga na higit pa sa iniisip nating taglay natin. Maaari nating kailanganing harapin ang mabibigat na pagsubok bago makatanggap ng anumang uri ng pagtiyak. Tulad ng ipinaliwanag ni Elder Scott, ang "mga silahis ng mga espirituwal na sikat ng araw" na inilaan ng Panginoon ay "madalas dumating matapos ang matinding pagsubok, bilang katibayan ng habag at pagmamahal ng isang Ama na nakakaalam ng lahat. Itinuturo nito ang daan tungo sa mas malaking kaligayahan, higit na pang-unawa, at pinalalakas ang [ating] determinasyong tanggapin at sundin ang Kanyang kalooban."[4] Kapag nanatili tayong tapat at masunurin sa gitna ng ating mga pagsubok, ang mga pagtiyak ng Panginoon ay darating upang tulungan tayong patuloy na maging gayon.



## Ang Ating Pinakadakilang Katiyakan

Sa huli, kahit madalas tiyakin sa atin na alam ng Ama sa Langit ang nangyayari sa atin at ang ating sitwasyon, hindi ito sapat para tulungan tayong magtiis hanggang wakas kung wala tayong pananampalataya at pag-asa kay Jesucristo. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-Sala, lubos tayong makakaasa na balang-araw ay ililigtas tayo mula sa lahat ng ating pagsubok. Malalaman din natin na ang ating Tagapagligtas ay nariyan para lubos tayong damayan, sapagkat Siya ay "nagpakababa-baba sa lahat ng bagay, sa gayon kanyang nauunawaan ang lahat ng bagay" (D at T 88: 6). Nauunawaan Niya ang ating mga pagsubok at kalungkutan dahil Kanyang "[dinanas ang] mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso . . . upang malaman niya . . . kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:11–12).

Sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang malaking katiyakan sa plano ng Diyos ay ang ipinangakong isang Tagapagligtas, isang Manunubos, na sa pamamagitan ng pananampalataya natin sa Kanya ay matagumpay nating malalagpasan ang mga pagsubok na iyon. . . . Tanging sa pagpapahalaga sa banal na pagmamahal na ito natin makakayanan ang mas magaan nating pagdurusa, pagkatapos ay mauunawaan na natin ito, at sa huli ay matutubos tayo."[5] Ang malaman ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang Pagbabayad-sala ay katiyakan nang maituturing.

## Kay Inam ng Buhay

Kapag ating naunawaan, hinangad, at hinintay ang mga pagtiyak ng Panginoon, tiyak na darating ang mga ito. Dapat nating alalahanin ang mga walang-katumbas na sandaling iyon, at pag-isipan ito nang madalas. Ang pinakamahalaga, kailangan nating magtiwala sa mga ito at manalig, tulad ni Helaman at ng kanyang mga tauhan at ni Propetang Joseph na naniwala, na tutuparin ng Panginoon ang mga pangako Niya sa atin. Ipinapaalala niya sa atin ang mga pangakong iyon sa pamamagitan ng Kanyang mga pagtiyak, at bagama't hindi nito mapaglalaho ang mga pagsubok natin, malalaman natin na nariyan ang Ama sa Langit para suportahan at palakasin tayo sa anumang bagay.

Matapos ang karanasan ko sa templo nang araw na iyon, hindi nabawasan ang mga pagsubok ko. Hindi ako biglang nagkaroon ng matataas na marka o mas maraming pera o maraming kadeyt. Ngunit nagkaroon nga ako ng panatag na katiyakan na kahit may mga pagsubok, magiging OK ako dahil hangad pa rin ng Panginoon na tuparin ang Kanyang mga pangako na iligtas ako. Sa katiyakang iyan alam kong lahat *ay* mainam. ■

**MGA TALA**
1. Richard G. Scott, "Trust in the Lord," *Ensign,* Nob. 1995, 17.
2. Carol F. McConkie, "Mamuhay Ayon sa mga Salita ng mga Propeta," *Liahona,* Nob. 2014, 77.
3. David A. Bednar, "Ang Magigiliw na Awa ng Panginoon," *Liahona,* Mayo 2005, 100.
4. Richard G. Scott, "Trust in the Lord," 17.
5. Jeffrey R. Holland, "Parang Basag na Sisidlan," *Liahona,* Nob. 2013, 40.

***Ang "mga silahis ng mga espirituwal na sikat ng araw . . . ay madalas dumating matapos ang matinding pagsubok, bilang katibayan ng habag at pagmamahal ng isang Ama na nakaaalam ng lahat. Itinuturo nito ang daan tungo sa mas malaking kaligayahan."***

# Hindi Nalipat



**Ni Lena Hsin Yao Cho**

Nilisan ko ang aming tahanan sa NanTze, Taiwan, para maglingkod bilang full-time missionary sa hilagang California noong 2005. Nadestino kaming magkompanyon sa lugar na maliit lang kaya nakatok naming magkompanyon ang mga pintuan ng bawat kalye sa kabayanan sa loob ng apat at kalahating buwan. Mahirap ang gawaing misyonero, at madalas kaming sigawan ng mga tao. Kakaunti ang mga investigator namin. Sa tingin ko walang patutunguhan ang gawain doon. Pagkaraan ng mga apat na buwan, handa na akong umalis. Kumbinsido ako na malilipat ako.

Linggo ng gabi naghintay ako sa tabi ng telepono hanggang sa tumawag ang zone leader ko. Nang ireport niya na anim na linggo pa akong mananatili sa lugar na iyon, hindi ako makapaniwala sa narinig ko. Inisip ko na may mali yata!

Ang sumunod na linggo ay hindi naging produktibo para sa akin at siguro pati na sa kompanyon ko at sa mga taong nasa aming pangangalaga. Hindi ko matanggap na tama ang desisyong iyon. Gayunpaman, pinilit kong ngumiti tuwing may kaharap o kausap kami, pero nanatiling malungkot ang aking kalooban. May pagmamataas ko pa ring sinabi sa sarili ko na wala ako sa dapat kong kalagyan. Umasa pa rin ako na tatawagan ako ng mission president ko at sasabihin sa akin na ililipat ako sa ibang lugar.

### Paano Ako Muling Nakatiyak

Nang sumunod na Linggo ng umaga habang atubili akong

LARAWAN NG PINTO NA KUHA NG GRACETHANG/ISTOCK/THINKSTOCK;
LARAWAN NG MALETA NA KUHA NG MONTICELLO/ISTOCK/THINKSTOCK

**Nagkamali yata ang mission president ko—ano pa ang matututuhan ko kung magtatagal pa ako sa lugar na ito?**



naghahandang magsimba, tumunog ang telepono. Ang mission president pala. Binati niya ako tulad ng dati sa mabait at taos-pusong tinig at saka sinabing, “Sister Cho, kahapon sa tanghalian naisip kita at nadama ko na kailangan kitang tawagan para ipaalam sa iyo na ikaw ay nasa tamang lugar. Nasa lugar ka na dapat mong kalagyan.” Napaluha ako nang marinig ko ang kanyang sinabi.

Pinasalamatan ko siya at ibinaba ko ang telepono. Nang magsimula akong umiyak, naging napakalinaw sa akin na *may* mga gawain pa akong dapat tapusin sa aming lugar. Alam ko rin na alam ng aking Ama sa Langit ang mga iniisip at pagkainis ko. Naunawaan Niya ang aking kahinaan, at ipinadala ang Kanyang lingkod upang bigyan akong muli ng katiyakan.

Matapos ang tawag na iyon sa telepono, naghanda akong tanggapin ang aking kalagayan at magsumigasig. Ipinagdasal kong patatagin ako sa bawat araw, na hinihiling na makita ko nang mas malinaw kung paano ko magagawa ang inaasahan sa akin ng Panginoon. Nang sumunod na limang linggo, nasaksihan naming magkompanyon ang maraming himala nang sumampalataya kami nang sapat para magsumigasig. Isang handang-handa nang investigator ang lumipat sa aming lugar at nabinyagan bago kami naglipatan.

Pinapasok din kami sa tahanan ng mga taong dati-rati ay ayaw kaming patuluyin. Maraming bago kaming nakilalang mga tao na nahihirapan at pinagpala kaming ibahagi sa kanila ang nakapapanatag na mga salita ng Diyos. Bagama’t hindi ipinasiya ng ilan na magpabinyag, hinding-hindi ko malilimutan ang kanilang masasayang mukha o kung paano inantig ng Espiritu at ng pag-ibig ng Diyos ang puso nila—at puso ko.

## Ang Natutuhan Ko

Natutuhan ko na totoong alam ng Panginoon ang nangyayari sa bawat isa sa atin; hindi Niya isinusugo ang Kanyang mga missionary saanmang lugar nang walang dahilan. Natutuhan ko na kapag itinalaga tayo sa isang lugar, nais ng Panginoon na gawin tayong mga kasangkapan doon sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain. Kapag ipinababahala natin sa Kanyang mga kamay ang ating buhay, nangyayari ang mga himala at lumalambot ang mga puso, kahit hindi natin nakikita kung paano ito nangyayari.

Ang mahalaga, nalaman ko na ang mission president ko, tulad ng iba pang mga lider ng Simbahan, ay talagang tinawag ng Diyos na maging Kanyang lingkod. Pinapagindapat ng Panginoon ang ating mga lider na tumanggap ng paghahayag at inspirasyon na kailangan natin para sa kapakanan ng ating kaluluwa.

Walang hanggan ang pasasalamat ko sa aking mga karanasan dahil *hindi* ako nalipat. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*





**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# PAMUMUHAY *sa Isang* MUNDO *na Mabilis ang Takbo*

*Kung ang buhay at ang mabilis na takbo nito at ang maraming alalahanin ay nagpahirap para sa inyo na maging masaya, marahil ay ito na ang magandang pagkakataon para muling magtuon sa mga bagay na pinakamahalaga.*

Nakaranas na ba kayong sumakay ng eroplano at umuga ito? Ang karaniwang sanhi ng pag-uga ay ang mabilis na pag-iiba ng galaw ng hangin kaya nayayanig, pumapaling, at gumegewang ang eroplano. Kahit ginawang matibay ang mga eroplano upang matagalan ang mas matitinding pag-uga kaysa mararanasan ninyo sa regular na paglipad, nakakagalit pa rin ito para sa mga pasahero.


Ano sa palagay ninyo ang ginagawa ng mga piloto kapag may pag-uga? Maaaring isipin ng isang nag-aaral pa lamang maging piloto na ang pagpapabilis ng paglipad ay magandang paraan dahil madali niyang malalampasan ang dahilan ng pag-uga. Ngunit maaaring hindi iyon ang tamang gawin. Nauunawaan ng mga bihasang piloto na may tamang bilis para malampasan ang dahilan ng pag-uga na makakabawas sa di-magandang epekto nito. At madalas ay nangangahulugan ito na bagalan ang inyong paglipad. Ganito rin ang prinsipyong umiiral sa mga speed bump sa daan.

Samakatwid, maganda ang payo na magpabagal nang kaunti, dumiretso ng lipad, at magtuon sa mga bagay na mahalaga kapag masama ang kundisyon.

## Ang Takbo ng Modernong Buhay

Isa sa mga katangian ng modernong buhay ang tila pabilis nang pabilis na kilos natin, sa kabila ng mga kaguluhan o balakid.

Aminin natin; madaling maging abala. Lahat tayo ay makakaisip ng mga gagawin na makakapuno ng ating iskedyul. Maaari pa ngang isipin ng iba na ang kanilang halaga ay nakasalalay sa haba ng listahan ng kanilang mga gagawin.



LARAWAN NG EROPLANO © 06 PHOTO/DOLLAR PHOTO CLUB; PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



Kaugnayan natin **sa Diyos**

Nilalabanan ng matatalino ang tuksong malulong sa nakatatarantang bilis ng araw-araw na pamumuhay. Sinusunod nila ang payo na “May mas maganda pang mapapala sa buhay kaysa pabilisin ang takbo nito.”[1] Sa madaling salita, nagtutuon sila sa mga bagay na pinakamahalaga.

Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Dapat nating talikuran ang ilang magagandang bagay para mapili ang iba pang mas maganda o pinakamaganda dahil nagpapalakas ito ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at nagpapatatag sa ating mga pamilya.”[2]

Ang paghahanap sa maiinam na bagay ay hindi maiiwasang humantong sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo—ang simple at magagandang katotohanang inihayag sa atin ng isang Ama sa Langit na mapagmahal, walang hanggan, at nakakaalam ng lahat ng bagay.

## Paano Ko Malalaman Kung Ano ang Pinakamahalaga?

Sa palagay ko marami sa atin ang likas na nakauunawa kung gaano kahalaga ang mga pangunahing bagay. Kung minsan nga lang ay nagagambala tayo ng napakaraming bagay na tila mas kaakit-akit.

Ang mga babasahin, iba’t ibang media, electronic tool at gadget—na nakakatulong kung gagamitin nang tama—ay mga libangang makapipinsala o maglalayo sa damdamin natin sa iba.

Subalit sa gitna ng maraming tinig at pagpipilian, ang mapagpakumbabang Tao ng Galilea ay palaging nakaunat ang mga kamay, at naghihintay. Ito ang Kanyang simpleng mensahe: “Magsisunod kayo sa akin” (Lucas 18:22). At hindi Siya nangungusap sa napakalakas kundi sa marahan at banayad na tinig (tingnan sa I Mga Hari 19:12). Napakadaling mawala ang mensahe ng ebanghelyo sa gitna ng napakaraming impormasyong umiimpluwensya sa atin sa lahat ng dako.

Ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga buhay na propeta ay nagbibigay-diin sa mga pangunahing alituntunin at doktrina ng ebanghelyo. Bumabalik tayo sa mga pangunahing alituntuning ito, sa mga dalisay na doktrina, dahil ang mga ito ang tulay sa mga katotohanan na malalim ang kahulugan.

## Ang mga Pangunahing Bagay: Apat na Pangunahing Kaugnayan

Kapag bumaling tayo sa ating Ama sa Langit at hinangad natin ang Kanyang karunungan tungkol sa mga bagay na pinakamahalaga, paulit-ulit nating matututuhan ang kahalagahan ng apat na pangunahing kaugnayan: sa ating Diyos, sa ating pamilya, sa ating kapwa, at sa ating sarili. Kapag sinuri natin ang ating sariling buhay na handa ang isipan, makikita natin kung saan tayo lumihis mula sa mas magandang daan. Mabubuksan ang ating pang-unawa, at malalaman natin kung ano ang kailangang gawin para mapadalisay ang ating puso at baguhin ang ating buhay.

Una, ang kaugnayan natin sa Diyos ay napakasagrado at mahalaga. Tayo ay Kanyang mga espiritung anak. Siya ang ating Ama. Hangad Niya ang ating kaligayahan. Kapag hinanap natin Siya, kapag kinilala natin ang Kanyang Anak na si Jesucristo, kapag binuksan natin ang ating puso sa impluwensya ng Banal na Espiritu, magiging mas matatag at ligtas ang ating buhay. Daranas tayo ng ibayong kapayapaan, kagalakan, at tagumpay kapag ginawa natin ang lahat para mamuhay ayon sa walang-hanggang plano ng Diyos at sinunod natin ang Kanyang mga utos.

Bumubuti ang ating kaugnayan sa Ama sa Langit kapag kinilala natin Siya, nakipag-usap tayo sa Kanya, nagsisi tayo sa ating mga kasalanan, at masigasig nating sinunod si Jesucristo, sapagkat “sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ni [Cristo]” (Juan 14:6). Upang mapatibay ang ating kaugnayan sa Diyos, kailangan natin ng



Kaugnayan **sa ating pamilya**

mahalagang sandali na makaniig Siyang mag-isa. Ang tahimik na pagtutuon sa araw-araw na pagdarasal nang mag-isa at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, na laging minimithing maging karapat-dapat na magkaroon ng temple recommend—ang mga ito ay ilang magagandang pamumuhunan ng ating oras at mga pagsisikap na mapalapit sa ating Ama sa Langit. Sundin natin ang paanyaya sa Mga Awit, "Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Dios" (Awit 46:10).

Ang ating pangalawang pangunahing kaugnayan ay sa ating pamilya. Dahil "walang tagumpay na makakapuno sa pagkukulang"[3] sa buhay na ito, dapat nating unahin ang ating pamilya. Nagtatatag tayo ng malalim at mapagmahal na mga kaugnayan sa pamilya sa sama-samang paggawa ng mga simpleng bagay, tulad ng pagkain nang sabay-sabay at pagdaraos ng family home evening at sa sama-samang pagsasaya. Sa mga kaugnayan sa pamilya, ang tunay na baybay ng *pagmamahal* ay *o-r-a-s,* oras. Paglalaan ng oras para sa isa't isa ang susi sa pagkakasundo sa tahanan. Kinakausap, sa halip na pinag-uusapan natin ang isa't isa. Natututo tayo sa isa't isa, at pinahahalagahan natin ang ating mga pagkakaiba-iba at pagkakatulad. Nagkakaroon tayo ng banal na bigkis sa isa't isa kapag magkakasama tayong dumulog sa Diyos sa panalangin, pag-aaral ng ebanghelyo, at pagsamba tuwing Linggo.



Kaugnayan **sa ating kapwa**

Ang pangatlong pangunahing kaugnayan ay sa ating kapwa. Binubuo natin ang kaugnayang ito nang paisa-isang tao—sa pamamagitan ng pagiging sensitibo sa mga pangangailangan ng iba, paglilingkod sa kanila, at pag-uukol ng ating oras at mga talento. Lubos akong humanga sa isang sister na may edad na at may sakit ngunit nagpasiya na bagama't wala siyang gaanong maitutulong, maaari naman siyang makinig. Kaya nga bawat linggo ay naghanap siya ng mga taong mukhang may problema o pinanghihinaan ng loob, at pinag-ukulan sila ng oras, sa pakikinig. Malaking pagpapala siya sa buhay ng napakaraming tao.

Ang pang-apat na pangunahing kaugnayan ay sa ating sarili. Parang kakatwa kung iisipin na makaugnay natin ang ating sarili, ngunit ginagawa natin iyon. May mga taong hindi kasundo ang kanilang sarili. Buong araw nilang pinipintasan at hinahamak ang kanilang sarili hanggang sa kamuhian nila ang kanilang sarili. Iminumungkahi ko na huwag kayong masyadong magmadali at maglaan kayo ng kaunting panahon para higit na kilalanin ang inyong sarili. Mamasyal, masdan ang pagsikat ng araw, malugod sa mga likha ng Diyos, pagnilayin ang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo, at alamin kung ano ang kahulugan ng mga ito sa inyo. Matutong tingnan ang sarili tulad ng pagtingin sa inyo ng Ama sa Langit—bilang Kanyang minamahal na anak na may dakilang potensyal.

## Kalakasan sa Kasimplihan

Ang kalakasan ay hindi nagmumula sa napakaraming aktibidad kundi sa pagiging panatag sa matatag na pundasyon ng katotohanan at liwanag. Nagmumula ito sa pagtutuon natin ng pansin at pagsisikap sa mga pangunahing bagay tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Nagmumula ito sa pagbibigay-pansin sa mga banal na bagay na pinakamahalaga.

Simplihan natin nang kaunti ang ating buhay. Gawin natin ang mga pagbabagong kailangan upang maituon nating muli ang ating buhay sa dakilang kagandahan ng simple at payak na landas ng pagiging disipulo ni Cristo—ang landas na laging patungo sa isang buhay na makabuluhan, masaya, at payapa. ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2010.*



Kaugnayan **sa ating sarili**

**MGA TALA**

1. Mahatma Gandhi, sa Larry Chang, *Wisdom for the Soul* (2006), 356.
2. Dallin H. Oaks, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Liahona,* Nob. 2007, 107.
3. J. E. McCulloch, *Home: The Savior of Civilization* (1924), 42; tingnan din sa Conference Report, Abr. 1935, 116.

# ANG BAHAGING PARA SA ATIN

## ISANG DI-INAASAHANG TANONG SA INTERBYU

Pagkatapos ng misyon ko, nahirapan akong makahanap ng trabaho. Kalaunan ay may nag-interbyu sa akin. Magandang oportunidad ang katungkulang iyon kung matanggap ako, pero nag-alala ako na baka hindi pa sapat ang karanasan ko. Ako na ang iinterbyuhin, at kinakabahang umupo ako sa harap ng manager. Nang sumulyap ako sa mesa niya, nakita ko ang isang papel na pinagsulatan ng mga itatanong niya sa mga aplikante. Kumabog ang puso ko. Mahirap intindihin ang mga salitang ginamit sa mga tanong.

Nakita ng manager ang résumé ko at nagsimulang itanong ang karanasan ko sa trabaho. Nang mabasa niya ang "full-time missionary," itinanong niya kung masasabi ko sa kanya ang itinuro ko sa mission.

Nagkuwento ako sa kanya tungkol sa mga propeta, sa plano ng kaligtasan, at sa walang-hanggang pamilya. Ngumiti siya at nagsabing, "Gusto kong bumisita ka sa amin para makilala mo ang aking pamilya."

Muli niyang kinuha ang papel na may mga tanong sa interbyu. Kinabahan na naman ako. Itinanong niya, "May matitirhan ka ba rito sa Manila?" Hindi na niya hinintay ang sagot ko at sinabing, "Kailangan mo nang humanap ng matitirhan. Magsisimula ka na bukas."

Isang himala iyon. Hindi ko kailanman malilimutan kung paano nakatulong ang isang mission sa aking interbyu sa trabaho. ■

Alvin A., Philippines

## KAPAYAPAAN SA GITNA NG PAG-UUSIG


Dumiretso ako ng upo nang marinig ko ang paksa ng susunod na tagapagsalita: bakit mali ang Simbahang Mormon at pakitang-tao lang ang pagiging mabait nila sa ibang relihiyon. Habang nagsasalita siya, naramdaman kong namula ang pisngi ko, at nanikip ang dibdib ko dahil nabigla ako at hindi ko akalaing magagawa niya iyon. Paano nagawa ng sarili kong mga kaibigan, gayong batid nila na isa akong Banal sa mga Huling Araw, na sabihin ang mapanirang-puring mga pananalitang iyon sa buong klase namin sa English?

Matapos tumunog ang bell, nilapitan ako ng tagapagsalita at ilan sa ibang mga kaibigan ko. Nag-aalab ang Espiritu sa aking kalooban, sinabi ko sa kanila na mali ang narinig nila at hindi galit ang Simbahan sa mga taong hindi ipinamumuhay ang aming mga paniniwala. Ginantihan nila ako ng mga kasinungalingan at maling paratang. Para akong pinagkaisahan. Naisip ko, "Paano naging makatarungang usigin nila ako samantalang ipinamumuhay ko naman ang alam kong totoo?"

Nang makauwi ako mula sa paaralan noong araw na iyon, nakakita ako ng email mula sa lola ko. Sinabi niya rito na basahin ko ang Mateo 5:11–14. Habang lumuluha, nabasa ko: "Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin; Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo. . . . Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago."

Napuspos ng Espiritu Santo ang puso ko nang mabasa ko ang mga salitang iyon. Alam ko na ang panguusig ay magpapalakas sa ating patotoo, at alam ko na ang mga pagpapala sa langit ay sulit na kapalit ng hirap na dinaranas natin dito sa lupa. Ginawang posible ng Tagapagligtas na makasumpong tayo ng kapayapaan kapag tayo ay inuusig dahil sa pamumuhay ng Kanyang ebanghelyo, at labis kong pinasasalamatan iyan. ■

Beka F., Montana, USA






## ANG MUSIKANG GINAMIT KO SA PAG-IWAS

Habang sakay ng bus papunta sa isang field trip ng paaralan, nakaupo ako sa harapan ng isang batang babae na panay ang puna at biro kaya naasiwa ako. Pinatigil siya ng mga guro at iba pang mga estudyante, pero sige pa rin siya. Hindi ko alam ang gagawin, kaya nagpasiya akong kunin ang MP3 player at makinig sa ilan sa mga paborito kong musika.

Binuksan ko ito sa shuffle at ang isa sa mga unang kantang tumugtog ay mula sa youth.lds.org/music. Papalitan ko na sana ito nang maramdaman ko na dapat kong pakinggan ang kanta. Patuloy akong nakinig sa magandang musika sa sumunod na 20 minuto. Nahikayat ako sa mga titik na manatiling matatag, at ipinaalala nito sa akin na ako ay pinakamamahal na anak ng Ama sa Langit.

Nang linggo ring iyon nagdaos ng sayawan sa paaralan namin. Kahit gumamit sila ng matitinong bersyon ng popular na mga kantang isasayaw, marami akong kaklase na sinimulang isigaw ang inalis na masamang salita sa isang kanta.

Naasiwa na naman ako. Nakaupo lang sa malapit ang mga guro at tila hindi nila ito napansin. Tiningnan ko ang pulsuhan ko. Nakita ko ang pulseras na ibinigay noong youth conference na nagsasabing, "Tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag (D at T 87:8)."

Alam ko na ang kinatatayuan ko noon ay hindi banal na lugar, kaya umalis muna ako hanggang sa maiba na ang kanta.

Alam ko na malaki ang maaaring maging impluwensya ng musika sa ating buhay. Alam ko na ang pakikinig sa magandang musika sa MP3 player ko dalawang araw bago iyon ay nagpalakas ng loob ko na umalis sa sayawan. Ang mga karanasang ito ay nakatulong sa akin na mas mapalapit sa aking Ama sa Langit. ■

Alixa B., Netherlands

MGA PAGLALARAWAN NI BEN SIMONSEN

# PAGBABAHAGI
## NG EBANGHELYO
# NA GAYA NI JUAN
## BAUTISTA

*Makakatulong kayo sa paghahanda ng mga tao para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, tulad ng ginawa ni Juan Bautista sa unang pagparito ng Tagapagligtas.*

**Ni Ryan Carr**
Mga Magasin ng Simbahan



Hindi gaya ni Juan Bautista, hindi kayo magmimisyon sa "ilang ng Judea" (Mateo 3:1). Ang mga damit ninyo ay hindi yari sa "balahibo ng kamelyo" (Mateo 3:4). Hindi kayo kakain ng "mga balang at pulot-pukyutan" (Mateo 3:4). Ngunit ang inyong layunin sa pagbabahagi ng ebanghelyo ay tulad ng kay Juan Bautista: inihahanda ninyo ang mga tao sa pagparito ni Jesus sa pagsasabing, "Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit" (Mateo 3:2).

Ang misyon ni Juan Bautista ay malinaw: ang "[duma]ting bago ang Mesiyas, [upang ihanda] ang daan ng Panginoon" (1 Nephi 10:7). Ngunit ang kanyang misyon ay hindi naging madali. Ang huling propeta bago siya ay si Malakias, mahigit 400 taon na ang nakararaan. "Dahil walang propeta, ang mga tao sa lupain ay nagsimulang mahati sa mga partido at grupo, bawat isa'y nagsasabing may karapatan siya na bigyang-kahulugan ang mga banal na kasulatan at pamunuan ang mga tao. Ang tamang pagkaunawa tungkol kay Jehova ay naglaho sa mga grupong ito."[1]

Sa kabila ng mga hamon noong panahon ni Juan, maraming taong nagtungo sa ilang upang pakinggan siyang mangaral, at marami siyang nabinyagan. Nakilala ng dalawa sa mga magiging Apostol, si Juan na Pinakamamahal at si Andres, si Jesus sa pamamagitan ni Juan (tingnan sa Juan 1:40).

Gayon din kahirap magbahagi ng ebanghelyo ngayon. Maraming bagay na gumagambala sa atin sa modernong pamumuhay. Ang makamundong mga pilosopiya ay inililigaw ng landas ang mga tao. Parami nang parami ang mga taong hindi namumuhay ayon sa matataas na pamantayang moral. Sinasabi ng ilan na hindi na kailangan ang relihiyon.

Sa ganitong mga sitwasyon, paano mo matagumpay na ibabahagi ang ebanghelyo, na gaya ni Juan Bautista? Narito ang ilang aral mula sa kanyang buhay na makakatulong.

*Alam ni Juan ang kanyang misyon.* Alam niya na siya ay tinawag upang tulungan ang mga tao na lumapit kay Cristo (tingnan sa Lucas 1:16). Nang makita niya ang Tagapagligtas, nagpatotoo si Juan, "Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan" (Juan 1:29). Sa halip na hikayatin ang mga tao na sumunod sa kanya mismo, tinulungan sila ni Juan na maging mga disipulo ni Jesucristo. Sa pagsasalita tungkol sa Tagapagligtas, sinabi ni Juan, "Siya'y kinakailangang dumakila, ngunit ako'y kinakailangang bumaba" (Juan 3:30).

*Itinuro ni Juan ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo.* Nagturo siya sa mga tao tungkol sa katarungan, awa,

*NANGANGARAL SI JUAN BAUTISTA SA ILANG*, NI ROBERT T. BARRETT

katapatan, moralidad, pag-aayuno, panalangin, pagsisisi at pagtatapat ng kasalanan, binyag sa pamamagitan ng paglulubog, pagkabuhay na mag-uli, at ang Paghuhukom (tingnan sa Mateo 3; Lucas 3). Ang kanyang turo ay maitutulad sa pagtuturo ng Tagapagligtas: "Nangagtaka sila sa kaniyang aral: sapagka't sila'y tinuturuan niyang tulad sa may kapamahalaan" (Marcos 1:22).

*Naiiba ang pamumuhay ni Juan kaysa sa mundo.* Ipinakita ni Jesus ang kaibhan ni Juan sa mga gurong makamundo: Si Juan ay hindi "isang taong nararamtan ng mga damit na maseselan . . . maririlag . . . [sa] mga palasio ng mga hari" (Lucas 7:25). Siya ay "hindi [uminom] ng alak ni matapang na inumin" (Lucas 1:15). Si Juan "ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon" (Marcos 1:3). Dahil nagturo siya nang may kapangyarihan ng Diyos, nadama ng mga tao ang Espiritu at nagbalik-loob.


*Si Juan ay dedikado.* Ibinuod ng isang scholar ang mga katangian ni Juan: "Nakatuon siya sa iisang layunin, lubos ang dedikasyon niya sa natatangi niyang tungkulin, at lubos ang katapatan niya sa mga Anak ng Diyos. Ang mga katangiang ito, lakip ang kanyang banal na awtoridad sa priesthood, walang takot na disposisyon, at personal na kabutihan, ang nagpagindapat sa kanya na maging isa sa pinakadakilang mga tauhan sa mga banal na kasulatan."[2]

Habang pinag-aaralan ninyo ang buhay ni Juan Bautista, makikita ninyo na higit pa siya sa isang taong may kakaibang pagpapala na mabinyagan si Jesucristo. Makikita ninyo na ang kanyang buhay at misyon ay tungkol sa paghahanda sa mga tao para sa pagparito ng Tagapagligtas, tulad ng sa inyo. ■

**MGA TALA**

1. S. Kent Brown at Richard Neitzel Holzapfel, "Ang Nawawalang 500 Taon: Mula kay Malakias Hanggang kay Juan Bautista," *Liahona,* Dis. 2014, 30.
2. Robert J. Matthews, "John the Baptist: A Burning and a Shining Light," *Ensign,* Set. 1972, 79.





**BAKIT KAYO NARITO SA MUNDO SA PANAHONG ITO?**

"Tayo ay magsasaya sa Kanyang pagbabalik at magpapasalamat sa Panginoon na pinapunta tayo sa lupa sa panahong ito upang gampanan ang ating banal na tungkuling ihanda ang mundo para sa Kanyang pagbabalik."

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Paghahanda sa Mundo para sa Ikalawang Pagparito," *Liahona,* Mayo. 2011, 52.**

# NGUNIT PAANO KUNG . . . ?
## *Mga Tanong tungkol sa Pagmimisyon*

*Habang papalapit na ang pagmimisyon mo, maaari mong itanong sa iyong sarili, "Kaya ko nga bang gawin ito?" Oo, kaya mo! Maaaring hindi maging madali, ngunit hindi mo ito pagsisisihan kailanman.*

Maaaring nakakatakot maghanda para makapagmisyon. Maraming bagay na maaari mong ipag-alala—pera, kaalaman, pagkamahiyain—ngunit anuman ang problema, masusumpungan mo ang katiyakan at katapangang kailangan mo. Narito ang ilang karaniwang tanong at sagot na tutulong sa iyo na madaig ang iyong mga takot at magkaroon ka ng pananampalataya na magpatuloy.

### Paano kung hindi sapat ang nalalaman ko tungkol sa mga banal na kasulatan o sa ebanghelyo?

Talagang nararapat ibilang sa paghahanda sa pagmimisyon ang pag-aaral ng ebanghelyo, ngunit hindi mo kailangang malaman ang lahat bago ka humayo. Halimbawa, noong binata siya, nag-alala si Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol na baka hindi siya handang magmisyon. Sabi niya, "Naaalala ko na idinalangin ko, 'Ama sa Langit, paano po ako makakapagmisyon kung kaunti lang ang alam ko?' Naniniwala ako sa Simbahan, pero kakaunti ang espirituwal na kaalaman ko. Habang nagdarasal ako, may nadama ako: 'Hindi mo alam ang lahat, pero sapat na ang alam mo!' "[1]

Ang kaalaman tungkol sa ebanghelyo ay darating kapag tapat mong sinikap na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo at pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at hindi ka mag-iisa. Gagabayan ka ng Espiritu Santo, at magkakaroon ka ng mga kompanyon, mga missionary leader, at mission president mo para tulungan ka sa mga pagsisikap mo. Alalahanin ang itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Hindi mahalaga ang laki ng inyong pananampalataya o antas ng inyong kaalaman—ang mahalaga ay ang katapatan ninyo sa inyong pananampalataya at sa katotohanang alam na ninyo."[2]

### Paano kung hindi ako sigurado na mayroon akong patotoo?

Ang pagkakaroon ng patotoo ay mahalagang bahagi ng paghahanda sa pagmimisyon. Maaari mong madama na mahina ang iyong patotoo, ngunit lalago ito kapag sinikap mong palakasin ito. Tandaan lamang:

- *Humanap ng mga tahimik na sandali para mag-aral at manalangin.* Kailangan mo ng oras kung kailan madarama mo ang inspirasyon ng Espiritu.
- *Ipamuhay ang ebanghelyo.* Tingnan sa Juan 7:17 upang malaman kung bakit tutulungan ka nitong lumago ang iyong patotoo.
- *Matuto nang paunti-unti.* "Ang [iyong] espirituwal na paglalakbay ay habambuhay na proseso. Hindi natin alam ang lahat sa simula o maging habang tayo ay naglalakbay. Nangyayari ang ating pagbabalik-loob nang paunti-unti."[3]

Tandaan din na ang patotoo mo ay maaaring mas malakas pa kaysa inaakala mo. Ibinahagi ni Elder Holland ang kuwentong ito: "Isang 14-anyos na batang lalaki ang medyo atubiling nagsabi sa akin kamakailan, 'Brother Holland, hindi ko pa masabi na alam kong ang Simbahan ay totoo, pero naniniwala akong totoo ito.' Niyakap ko nang [napakahigpit] ang batang iyon. Sinabi ko sa kanya . . . na ang *paniniwala* ay mahalagang salita, mas mahalaga pa kung




ipapakita, at hindi niya kailangang humingi ng paumanhin sa 'paniniwala lamang.' Sinabi ko sa kanya na sinabi ni Cristo mismo, 'Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang.' . . . Sinabi ko sa batang ito na paniniwala palagi ang unang hakbang sa pananalig. . . . At sinabi ko sa kanya kung gaano ko siya ipinagmamalaki sa katapatan ng kanyang hangarin."[4]

### Paano kung madama ko na hindi ako karapat-dapat?

Kung may mali sa iyong buhay, maitutuwid mo ito. Tutulungan ka ng iyong bishop o branch president na malaman ang kailangan mong gawin upang maging malinis sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hinihimok kitang huwag ipagdasal na malaman kung dapat kang [magmisyon]; sa halip, hilinging gabayan ka ng Panginoon kung paano marapat at mahusay na makapagmisyon nang full time."[5]

Ibinahagi ni Rebekah S. na taga-Russia ang kanyang karanasan: "Bagama't nagsisi na ako, dahil sa aking kasalanan at pasakit ay naisip ko na









### MGA KABATAANG BABAE: PAGPAPASIYANG MAGMISYON

Bilang isang kabataang babae, wala kayong obligasyong maglingkod, ngunit may pagkakataon kayo. Habang pinagpapasiyahan ninyo kung maglilingkod kayo o hindi, maaaring may mga tanong kayo gaya ng:

- Tama bang magmisyon ako? Paano ko malalaman?
- Dapat na ba akong maghanda ngayon para sa full-time mission?
- Ano ang mga dahilan kung bakit dapat akong magmisyon?
- Magiging mabuti naman kaya akong missionary?

Hanapin ang sagot at patnubay sa artikulong "Mga Kabataang Babae at ang Desisyong Magmisyon," *Liahona,* Ene. 2013, 32–35.

hindi ako makakapagmisyon dahil napakabigat ng mga pagkakamali ko. Gayunman, tinulungan ako ng bishop at stake president ko na ang kapangyarihang magpagaling ng Pagbabayad-sala sa buhay ko. Nagpapasalamat ako para sa alintuntunin ng pagsisisi. Ang pagiging karapat-dapat ay napakahalaga sa misyon. Hindi ka makapagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu kung hindi ka karapat-dapat dito (tingnan sa D at T 42:14). Kailangan mong magkaroon ng kapayapaan sa puso mo upang makapaglingkod ka nang buong puso. Gagawa ito ng malaking kaibhan."

## Paano ko maiiwan ang aking pamilya at mga kaibigan?

Mahirap iwan ang mga mahal sa buhay, lalo na't alam mo na mag-iiba na ang mga bagay-bagay pagbalik mo—para sa mga kaibigan mo, pamilya mo, at lalo na sa iyo. Maaaring nag-aalala ka kung paano makakaraos ang iyong pamilya nang wala ka o kung ano ang saloobin nila sa pagmimisyon mo. Ngunit pangangalagaan ng Panginoon ang mga mahal mo sa buhay at pagpapalain sila dahil sa iyong paglilingkod (tingnan sa D at T 100:1). Bagama't mangungulila ka sa kanila, kailangan ka ng Panginoon para tulungan ang iba pang mga pamilya na matagpuan ang kaligayahang dulot ng ebanghelyo. Maniwala na nais ng Ama sa Langit ang pinakamainam para sa iyo at sa iyong pamilya, at tandaan, "Nagtitiwala ang pananampalataya na maraming bagay ang inilalaan sa atin ng Diyos."[6] Kamangha-mangha ang mga pagpapala ng Panginoon na naghihintay sa iyo at sa iyong pamilya kapag nagkaroon ka ng pananampalatayang magpatuloy.

## Paano kung sa palagay ko ay hindi ko kayang tustusan ito?

Ang halagang kailangan para makapagmisyon ay parang malaking sakripisyo, ngunit alam ng Panginoon ang nais Niyang ipagawa sa iyo. Sabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Magsasalita ako sa binatang iyon na walang anumang ideya kung paano niya matutustusan ang kanyang pagmimisyon. Hindi ko rin alam. Ngunit ito ang alam ko: kung mayroon kang pananampalataya at determinado kang humayo, magkakaroon ng paraan."[7]

Ito ang naranasan ni Loran C. na taga-England: "Inaayos ko pa lang ang mission papers ko nang sabihin sa akin ng bangko na malaki ang utang ko sa credit card. Binadyet namin ng bishop ko kung magkano ang babayaran ko sa utang ko, misyon ko, ikapu ko, at iba pang gastusin ko. Malaking sakripisyo iyon, at akala ko'y hindi ko na makakamit ang mithiin ko. Gayunman, tapat akong nagbayad ng aking ikapu at tumulong ang Panginoon.

Isang estranghero ang nagregalo sa akin ng perang kailangan ko para mabayaran ang utang ko at matupad ang mithiin kong magmisyon."

### Paano kung nahihiya akong makipag-usap sa mga tao?

Maaaring mahirap isipin na maghapon at araw-araw kang makikipag-usap sa mga taong hindi mo kilala. Paggunita ni Sam L. na taga-California, USA: "Para sa isang taong ni ayaw magbukas ng pinto, ang isiping kumatok sa pintuan ng isang estranghero para pag-usapan ang ebanghelyo ay tila imposible.

"Sa isang stake youth conference, hinilingan kaming sumama sa mga missionary at ipangaral ang ebanghelyo. Sumama sa totoong mga missionary? Para magturo talaga sa mga tao? Kinabahan ako, pero naalala ko ang isang talata sa banal na kasulatan: 'Sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay hahawak ng iyong kanang kamay, na magsasabi sa iyo, Huwag kang matakot; aking tutulungan ka' (Isaias 41:13). Ipinagdasal kong dumating ang tulong na iyon, at kahit nahihiya pa ako, napalakas ako ng Espiritu Santo at nakapagbigay pa ako ng dalawang kopya ng Aklat ni Mormon."

### Paano kung makahadlang ito sa pag-aaral o trabaho ko?

Maaari mong isipin na manganganib ang kinabukasan mo kapag nagmisyon ka samantalang naghahanda kang mag-aral sa kolehiyo o magtrabaho, ngunit ang kabaligtaran nito ang totoo. Nais ng Panginoon na magtagumpay ka, at tutulungan ka Niya. Walang kang isasakripisyong anuman na magiging higit na karapat-dapat kaysa sa paglilingkod mo bilang missionary.

Kinailangan din itong pagpasiyahan ng maraming kabataan. Iniwan ni William H. na taga-Australia ang magandang kinabukasang idudulot ng paglalaro ng rugby, na hindi alam kung magkakaroon pa siya ng pagkakataong maglaro pag-uwi niya (tingnan sa "Paglalaan ng Panahon para Makapagmisyon," *Liahona,* Hunyo 2012, 51–52). Si Joseph B. na taga-Pilipinas ay pumasok sa opisina ng college secretary, na handang talikuran ang pagkakataong minsan lang dumarating para magkapag-aral (tingnan sa "Handog na Susunugin," *Liahona,* Set. 2007, 40–42). Mangyari man o hindi ang inaasahan mo pagkatapos ng iyong misyon, walang pagkakataong magiging higit na mahalaga kaysa sa paglilingkod mo bilang missionary.


### Walang Pagsisisi

Nais ng Ama sa Langit na lumigaya tayo, at hindi Niya hihilingin sa atin na gawin ang mga bagay na hindi magpapala at tutulong sa atin. Kung tapat mong gagawin ang ipinagagawa ng Panginoon sa iyo, kahit mahirap, makikita mo na ang mga pagpapalang dumarating ay mas mainam kaysa anupamang maibibigay ng mundo. Hindi mo kailanman pagsisisihan ang pagmimisyon. ■

**MGA TALA**

1. Neil L. Andersen, "Sapat na ang Alam Ninyo," *Liahona,* Nob. 2008, 13.
2. Jeffrey R. Holland, "Panginoon, Nananampalataya Ako," *Liahona,* Mayo 2013, 94.
3. Neil L. Andersen, "Sapat na ang Alam Ninyo," 13.
4. Jeffrey R. Holland, "Panginoon, Nananampalataya Ako," 95.
5. Richard G. Scott, "Panahon na para Magmisyon!" *Liahona,* Mayo 2006, 90.
6. Jeffrey R. Holland, "Ang Pinakamaganda ay Darating Pa," *Liahona,* Ene. 2010, 21.
7. Boyd K. Packer, "Come, All Ye Sons of God," *Ensign,* Ago. 1983, 71.











# "Nais subukan ng isa sa mga kaibigan ko ang isang masamang bagay kahit minsan lang para maunawaan niya ang mga tao kapag pinag-usapan nila ito. Paano ko maipauunawa sa kanya na hindi iyon magandang ideya?"

Ang isa sa pinakamabubuting bagay na magagawa mo ay ipaalala sa kaibigan mo kung bakit tayo may mga kautusan. Binibigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kautusan dahil mahal Niya tayo at alam Niya na magpapaligaya at makakatulong ito sa atin na maging katulad Niya.

Sa Bagong Tipan, sinabi ng Tagapagligtas, "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos" (Juan 14:15). Ipatanto mo sa kaibigan mo na ang pagpili ng tama ay nagpapakita ng pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at pasasalamat para sa Kanyang Pagbabayad-sala at ebanghelyo.

Maaari mo ring ipaalala sa kanya na ang paggawa ng masasamang bagay ay humahantong sa masasamang bunga, kahit minsan lang ito gawin. Hindi tayo maaaring magkasala at makaiwas sa mga epekto nito pagkatapos. Ang sadyang pagsuway sa mga kautusan ay parang paglayo sa Ama sa Langit at pagsasabi sa Kanya na hindi Siya kasinghalaga ng ating mga kaibigan o ng ibang tao.


Mahal tayo ng Ama sa Langit, at papatnubayan Niya tayo sa pamamagitan ng Espiritu kapag sinunod natin ang Kanyang mga utos. Kung tayo ay masunurin, tuturuan tayo ng Espiritu nang higit kaysa matututuhan natin sa paggawa ng kasalanan.



### Hindi Natin Kailangang Subukang Magkasala

Ituturo ko sa kaibigan mo na "sapagkat sinasabi ko sa inyo na ano mang mabuti ay nagbubuhat sa Diyos; at ano mang masama ay nagbubuhat sa diyablo" (Alma 5:40). Ipaliliwanag ko rin na bawat kilos ay may mga bunga at na hindi tayo dapat gumawa ng anumang bagay na makasasama sa atin. Hindi natin kailangang maranasan ang kasamaan. Napakarami nang kasamaan sa paligid natin, at madaling makita na maraming taong nabubuhay sa kalungkutan dahil hindi nila sinusunod ang mga kautusan.

*Vinicius S., edad 17, São Paulo, Brazil*



### Sabihin Kung Paano Mo Pinaglalabanan ang Tukso

Sabihin sa kaibigan mo na ang talagang mahalaga ay ang kanyang katayuan sa harapan ng Panginoon. Hindi natin dapat ipagpalit sa temporal na karanasan ang ating walang-hanggang kaligtasan. Mas matutulungan mo rin ang kaibigan mo kung masasabi mo sa kanya kung paano mo pinaglabanan ang tukso.

*Emily G., edad 19, Puerto Rico*

### Tayo ay May Banal na Potensyal

Maipapaliwanag mo nang maayos sa kaibigan mo na bagama't tila hindi naman makasasama ang isang masamang pasiya, maaari tayong ihantong nito sa mas mabibigat na kasalanan. Maaari mo ring ibahagi ang talatang ito sa banal na kasulatan: "Ako, ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang" (D at T 1:31). Ipaalala sa kaibigan mo na minsan lang tayo magkasala ay mababawasan



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

na ang ating kakayahang makinig sa tinig ng Espiritu. Higit sa lahat, ipaalam sa kanya na mahal mo siya at ang paggawa ng mga tamang pasiya ay bahagi ng kanyang banal na potensyal bilang anak ng Diyos.
*Adriana F., edad 17, Arizona, USA*

### Ang Minsang Pagkakasala ay Makapipinsala Na

Lahat ng masamang bagay, kahit minsan mo lang gawin, ay magpapalayo sa Espiritu. Kapag lumayo ang Espiritu, magiging mas madali kay Satanas na tuksuhin kang gumawa ng iba pang masasamang bagay. Gayundin, kailangan mong pagsisihan ang lahat ng kasalanan mo kahit ilang beses mong gawin ito, at ang pagsisisi sa mabibigat na kasalanan ay maaaring maging matagal at masakit na proseso.
*Emily L., edad 14, Utah, USA*



### Manatiling Matatag


Tiyakin sa kanya na mahal mo siya at gusto mo siyang tulungan na piliin ang tama. Alam ko mula sa sariling karanasan na hindi natin kailangang gayahin ang pasiya ng iba para maunawaan ang taong iyon. Kapag ipinamuhay natin ang ebanghelyo, ipapaalam sa atin ng Espiritu kung paano maunawaan ang mga tao. Ipaalala sa kaibigan mo na kailangan siyang manatiling matatag para matulungan niya ang iba na sundin ang mga kautusan. Ipagdasal na matulungan at mapaglingkuran mo siya.
*Vanina P., edad 19, Buenos Aires, Argentina*

### Baka Hindi Ka na Makatigil

Sasabihin ko sa kaibigan ko na huwag na niya itong isipin. Hindi magandang ideya na gumawa ng masama nang minsan dahil baka hindi ka na makatigil kapag nasimulan mo na ito. Binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kautusan para tulungan tayong manatiling ligtas at maligaya.
*Douglas B., edad 13, California, USA*

### Maliit Ito sa Simula

Minsa'y sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland na "ang paglalakbay nang milya-milya ay nagsisimula sa unang paghakbang, kaya mag-ingat kayo sa paghakbang" ("Huwag nang Magbigay-Puwang sa Kaaway ng Aking Kaluluwa," *Liahona,* Mayo 2010, 45). Ipauunawa ko sa kaibigan ko na gumagamit si Satanas ng maliliit na tukso para maakay tayo sa landas ng kasamaan. Kapag sinubukan mong gawin ang isang masamang bagay kahit minsan lang, tinutulutan mo si Satanas at ang kanyang mga alagad na tuksuhin kang gawin ito nang paulit-ulit.
*Similoni F., edad 18, Utah, USA*



### BAKIT HINDI MO SUBUKAN?

"Ilang taon na ang nakalipas, itinanong ng isa sa aming mga anak kung bakit hindi magandang ideya na subukang uminom ng alak o manigarilyo upang malaman kung ano ang lasa nito. . . . Sumagot ako na kung gusto niyang subukan ang isang bagay, dapat siyang pumunta sa kamalig at kumain ng kaunting dumi. Napaurong siya sa pandidiri. 'Ay, kadiri naman,' sabi niya.

"'Natutuwa ako't naisip mo iyan,' sabi ko, 'pero bakit hindi mo na lang subukan para malaman mo mismo? Yamang iminungkahi mo na subukan ang isang bagay na alam mong hindi makabubuti para sa iyo, bakit hindi mo gamitin ang alituntuning iyon sa iba pang bagay?'"

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sin and Suffering," *Tambuli*, Abr. 1994, 32.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Ang mga magulang ko ay nagmumura, nakikinig sa di-magagandang musika, at nanonood ng di-angkop na mga TV show. Ano ang magagawa ko para madama ang Espiritu sa bahay, lalo na tuwing Linggo?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Hulyo 1, 2015, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

# ANG SCRIPTURE STUDY PUZZLE

*Parang pagbubuo ng isang puzzle, tuwing pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan, unti-unting lumalawak ang inyong pag-unawa sa mga katotohanan ng Diyos.*



**Ni Cody Phillips**

Noong Setyembre 2011, ang mga estudyante sa isang unibersidad sa Vietnam ay nakapagtala ng bagong world record nang magkakasama nilang buuin ang pinakamalaking jigsaw puzzle sa mundo. Inabot ng 17 oras ang 1,600 estudyante para maidugtong sa lugar ang lahat ng 551,232 piraso.

Nakabuo sila ng isang 48-foot by 76-foot (15 m by 23 m) na puzzle na nagpapakita ng isang bulaklak na lotus na may sa anim na dahon na kumakatawan sa mga tao, heograpiya, kasaysayan, kultura, edukasyon, at ekonomiya. Isipin ninyo—mahigit kalahating milyong maliliit na piraso na pinagdugtung-dugtong para makabuo ng isang malaking larawan. Bawat piraso ng puzzle na iyon ay tila hindi mahalaga at hindi kawili-wili kapag nag-iisa, ngunit hindi kumpleto ang puzzle kung nawawala ang kahit isang piraso lang nito.

Ang mga banal na kasulatan ay parang isang jigsaw puzzle: kapag mas maraming piraso kayong napagdugtong, mas makikita ninyo ang mga katotohanan ng plano ng Diyos. Kapag lumawak ang pag-unawa ninyo sa planong iyan, makikita ninyo na kawili-wili at mahalaga ang mga banal na kasulatan sa inyong buhay.

Narito ang ilang mungkahi sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan na tutulong sa inyo na makita ang malaking larawan—at ang maliliit na detalye. Habang pinagdurugtung-dugtong ninyo ang mga piraso, makikita ninyo ang kahanga-hangang mga katotohanang naghihintay sa inyo sa mga banal na kasulatan.

## Doktrina: Malalaking Pirasong Nagtuturo ng mga Walang-Hanggang Katotohanan

Itinuturo ng mga banal na kasulatan ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo. "Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo" (II Kay Timoteo 3:16). Dahil maliligtas lamang tayo sa pamamagitan ni Jesucristo (tingnan sa Juan 14:6), kailangan nating matuto tungkol sa Kanya at sa Kanyang doktrina. Kaya nga inutusan tayo ng Panginoon na "saliksikin ang mga kasulatan, sapagka't . . . ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin" (Juan 5:39).

## Mga Tao: Makukulay na Pirasong Nagtuturo ng mga Aral

Mababasa sa mga banal na kasulatan ang tungkol sa napakaraming tao. Sino sa kanila ang lubos ninyong hinahangaan? Siguro hinahangaan ninyo si Ammon dahil sa kanyang matapang na pagsunod sa harap ng panganib. O siguro iniisip ninyo si Job at ang kanyang walang-tinag na pananampalataya at integridad.

Nabasa na ba ninyo ang tungkol sa asno na nakipag-usap sa amo nito (tingnan sa Mga Bilang 22)? o sa masamang hari na handang talikuran ang kanyang kaharian upang mapatawad (tingnan sa Alma 22)? o sa babae na kilala ng kanyang mga kababayan na isang mabait na tao (tingnan sa Ruth 1–4)?

May mga tao rin sa mga banal na kasulatan na hindi gaanong kahanga-hanga. Ano ang matututuhan ninyo mula sa kanila at sa mga maling pagpapasiya nila?

MGA PIRASO NG PUZZLE NG ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK; MGA PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY



Bigyang-pansin ang tungkol sa mga tao na nabasa ninyo sa mga banal na kasulatan, at itanong sa inyong sarili kung paano ninyo matutularan ang kanilang mabubuting halimbawa at maiiwasan ang kanilang mga pagkakamali. Ang mga piraso ng puzzle ng kanilang buhay ay ilan sa pinakamagaganda at pinakamakukulay na piraso sa lahat. Ang kanilang mga karanasan ay isang di-malilimutang paraan para matutuhan at maalala ang mga alituntunin ng ebanghelyo!

### Simbolismo: Paglalantad ng Nakatagong mga Piraso

Kung minsan ang mga banal na kasulatan ay gumagamit ng mga simbolo upang magturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Mawawalan kayo ng ilang piraso ng puzzle kung hindi ninyo nakikita ang simbolismo. Bukod pa sa mga klase sa Simbahan at seminary, ang mga tulong sa pag-aaral na tulad ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan o mga manwal sa seminary at institute ay matutulungan kayong makita ang nawawalang mga piraso.

Halimbawa, ang kuwento tungkol kina Abraham at Isaac (tingnan sa Genesis 22) ay nagbibigay-inspirasyon, ngunit mas lalalim ang kahulugan nito kapag natuklasan ninyo na ito ay simbolo ng sakripisyo ng ating Ama sa Langit at ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas para sa atin (tingnan sa Jacob 4:5).



## Ang Espiritu Santo: Paghahanap ng mga Pirasong Magkakarugtong


May ilang piraso ng puzzle na parang magkakarugtong, ngunit hindi pala akma. Matutulungan kayo ng Espiritu na makita kung aling mga piraso ang talagang magkakarugtong. Kapag humingi kayo ng tulong sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin at pagbubulay, tutulungan kayo ng Espiritu kung paano iugnay ang mga talatang napag-aralan ninyo noon sa pinag-aaralan ninyo ngayon gayundin kung paano nauugnay ang mga turong iyon sa inyong buhay. Ang mainam, hindi lamang kayo tatanggap ng inspirasyon mula sa mga salita sa mga banal na kasulatan kundi mula rin sa Espiritu kapag pinagnilayan ninyo ang mga bagay na nabasa ninyo.

## Pagsasabuhay: Pagdurugtong ng mga Piraso

Hindi ninyo makikita ang binubuong larawan ng puzzle kung hindi ninyo pagdurugtungin ang mga piraso. Gayundin, ang mga doktrina, alituntunin, at kautusan na natutuhan ninyo mula sa mga banal na kasulatan ay hindi kayo lubos na matutulungan maliban kung ipamuhay ninyo ang inyong natutuhan (tingnan sa Juan 7:17). Kapag sinikap ninyong ipamuhay araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo sa mga banal na kasulatan, lalago ang inyong pananampalataya at patotoo, at ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay magiging mahalagang bahagi ng inyong buhay. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*





**NANGUNGUSAP ANG DIYOS SA ATIN**

"Kapag nais nating kausapin ang Diyos, nagdarasal tayo. At kapag gusto nating kausapin Niya tayo, sinasaliksik natin ang mga banal na kasulatan; dahil ang Kanyang mga salita ay inihahayag sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Sa gayo'y tuturuan Niya tayo habang nakikinig tayo sa mga panghihikayat ng Banal na Espiritu."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mga Banal na Kasulatan: Ang Kapangyarihan ng Diyos sa Ating Ikaliligtas," *Liahona,* Nob. 2006, 26–27.**

# MAGKAPATID SA EBANGHELYO



*Dahil nakikita ko ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa aking buhay, gusto kong ibahagi ito sa kaibigan ko.*

**Ni Paola Sarahí Hernández Cruz**

Mahal ko ang kaibigan kong si Lupita na parang kapatid. Nagkakilala kami sa ikaanim na baitang at pareho kaming kabilang sa marching band ng paaralan. Nang sumunod na pasukan lalo kaming nagkalapit at talagang nagsimula kaming umasa sa isa't isa. Ikinuwento niya sa akin ang mga hirap na dinanas niya noon sa bahay nila dahil wala roon ang tatay niya at hindi maibigay ng nanay niya ang atensyong kailangan niya. Alam ko na malungkot siya na hindi naging malaking bahagi ng buhay niya ang kanyang mga magulang. Nag-iisa siya, pero naroon ako palagi para sa kanya.

Mapalad akong maisilang sa isang tahanan kung saan may ebanghelyo kami ni Jesucristo. Nagdulot ito ng kapayapaan sa buhay ko na hindi nadarama ng marami sa mga kaibigan ko. Dahil nakikita ko ang mga pagpapalang dulot ng ebanghelyo sa akin, gusto kong ibahagi ito kay Lupita.

Kinausap ko siya tungkol sa Simbahan at niyaya ko siyang sumama sa akin sa Mutual. Pumayag siya at nagsimulang sumama sa amin ng pamilya ko sa simbahan at sa mga aktibidad ng ward. Ipinakilala ko siya sa mga missionary, na tinuruan siya ng ebanghelyo at inanyayahan siyang magpabinyag. Nagkaroon siya ng patotoo, at nang tanungin niya ang nanay niya kung puwede siyang magpabinyag, pumayag ito.

Ang araw ng kanyang binyag ay napakaespesyal dahil nakipagtipan siya sa ating Ama sa Langit na aalalahanin Siya at susundin ang Kanyang mga kautusan. Nagpatotoo ako sa kanya nang araw na iyon at sinabi ko sa kanya na nasa tamang lugar siya at ipinagmamalaki siya ng Ama sa Langit. Mahal ko si Lupita at masayang-masaya ako na kaibigan ko siya at ngayon ay kapatid ko sa ebanghelyo. Alam ko na magiging mas masaya ang buhay niya dahil siya at ang magiging pamilya niya sa hinaharap ay magtatamasa ng mga pagpapala ng ebanghelyo.

Nagpasalamat si Lupita sa akin na ipinasiya kong ibahagi ang ebanghelyo sa kanya. Sinabi niya na simula nang magsimba siya, naging mas maganda ang buhay niya at nakadama siya ng kapayapaan. Alam ko na iyon ang Espiritu na nagpapatunay ng katotohanan sa kanya. Sinabi rin niya na magpapakasal siya sa templo balang-araw. Nagpapasalamat ako sa aking Ama sa Langit dahil natagpuan ko ang kaibigan ko at dahil sa kagalakang nadama ko nang ibahagi ko ang bagay na pinakamahalaga para sa akin. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Mexico State, Mexico.*

PAGLALARAWAN NI MICHAEL MULLAN

NATATANGING SAKSI



**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Paano ako magagabayan ng Espiritu Santo?

Ang masunuring kabayo ay nangangailangan ng bahagyang pagbatak mula sa nagpapatakbo para magawa ang ipinagagawa niya rito. Ang bahagyang pagbatak na ito ay tulad ng marahan at banayad na tinig.

Kailangan ay palagi tayong handang tumanggap ng magiliw na pahiwatig ng Espiritu Santo.

Kung pakikinggan nating mabuti ang magigiliw na pahiwatig ng Espiritu Santo, gagabayan tayo nito pabalik sa ating Ama sa Langit.



PAGLALARAWAN NI SUZY GERHART

*Mula sa "Pagsunod sa Pamamagitan ng Ating Katapatan,"* Liahona, *Mayo 2014, 100–103.*

# Ang Espiritu Santo

(Pinasimple)

*Magaan* ♩ = 126–138

Mga titik at himig ni
Jeanne P. Lawler




© 2015, 1989, 1977 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan at tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Sabay-sabay na pag-aralan ang Bagong Tipan sa taong ito!

# Ang Mabuting Pastol

**Ni Erin Sanderson**

Isang araw isinalaysay ni Jesus ang isang kuwento (o talinghaga) tungkol sa isang pastol na lubos na minahal ang kanyang mga tupa kaya handa siyang ibuwis ang kanyang buhay para protektahan ang mga ito. Tulad tayo ng mga tupa sa kuwentong iyan. At ang pastol ay tulad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Tinatawag Siya kung minsan na Mabuting Pastol.

Ipinakita ni Jesus ang Kanyang pagmamahal nang dalhin ng ilang magulang ang kanilang mga anak upang makita Siya. Sabi Niya, "**Pabayaan** ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata, at **huwag ninyo silang pagbawalan:** sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios" (Lucas 18:16). Pagkatapos ay kinarga Niya sila at binasbasan.

Pumikit at isipin kunwari na karga kayo ng Tagapagligtas at binabasbasan kayo. Madarama ninyo ang Kanyang pagmamahal kapag nakilala o inisip ninyo Siya. Tinutulungan kayo ng Espiritu Santo na madama ang pagmamahal ng Mabuting Pastol na si Jesucristo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



## ALAMIN ANG IBA PA

**pabayaan**—hayaan o payagan

**huwag ninyo silang pagbawalan**—huwag silang pigilan

## PAG-UUSAP NG PAMILYA

Basahin ang Juan 10:1–5, 11–16. Pagkatapos ay ilista ang mga paraan na si Jesus ay tulad ng isang pastol at ikuwento ang mga pagkakataon na nadama ninyo ang pagmamahal ng Tagapagligtas.

**Awit:** "Ako ay Nagninilay Tuwing Mababasa," (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 35)

**Mga Banal na Kasulatan:** Lucas 18:15–17; Juan 10:1–5, 11–16

**Mga Video:** "Suffer the Little Children to Come Unto Me" at "Jesus Teaches That We Must Become as Little Children" (Biblevideos.org)

MGA PAGLALARAWAN NI PHYLLIS LUCH (KALIWA) AT PAUL MANN (KANAN)



## ANG ATING MABUTING PASTOL

Tanggalin ang larawang ito. Itupi ito na parang pamaypay na sinusundan ang mga puting linya. Pagkatapos ay ibuka ito at tingnan ito mula sa kanan at mula sa kaliwa. Paano ninyo nadarama ang pagmamahal ng ating Mabuting Pastol?

## TIP SA BANAL NA KASULATAN

Hanapin sa "Ebanghelyo, Mga" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan ang isang tsart na nagpapakita kung aling mga aklat ang nagsasalaysay tungkol sa bawat kaganapan o turo. Ang aklat lamang ni Juan ang nagsasalaysay tungkol sa Mabuting Pastol. Ang tatlong aklat—Mateo, Marcos, at Lucas—ay nagsasalaysay tungkol sa pagbabasbas ni Jesus sa mga bata.

# ANG ATING PAHINA



*Hindi ako makapaghintay sa araw na bibinyagan ako. Noong nakaraang taon, nang mag-walong taong gulang ako, naroon sa binyag ko ang tatay ko, nanay ko, pamilya ko, at mga kaibigan sa simbahan. Napakagandang karanasan niyon para sa akin. Napakasayang malaman na nagdiriwang ang langit sa desisyon kong magpabinyag at maging disipulo ni Jesucristo. Kapag binibinyagan tayo, nakikipagtipan tayo sa Ama sa Langit. Alam ko na nalugod Siya sa desisyon ko dahil tama iyon at nararapat.*

**Saríah Z., edad 8, Honduras**




*Ipininta ko ang mga mandirigma ni Helaman sa T-shirt ko. Gusto kong maging tapat, matapang, at masunurin sa mga utos ng Diyos, tulad nila!*

**Z. Yu-en, edad 6, Taiwan**



*Ito ang pamilya ko sa templo.*

**Sherriza T., edad 8, Mexico**



*Gustung-gusto namin kapag isinasama kami ng mga magulang namin sa templo dahil magandang lugar ito at pakiramdam namin ay mas malapit kami sa Diyos kapag naroon kami.*

**Nephi at Bryan V., edad 6 at 9, Ecuador**

# Ang Mabuting Pastol

**Juan 10:1–5, 11–16**

Idikit ang pahinang ito sa makapal na papel o karton. Pagkatapos ay gupitin ang mga larawan at idikit ang mga ito sa mga patpat o supot na papel. Ilagay sa isang sobre na may nakadikit na reperensya sa banal na kasulatan sa harapan. ■














MGA PAGLALARAWAN NI BETH WHITTAKER

*Maaari kayong mag-print ng mas maraming kopya sa liahona.lds.org.*

# Ang Unang Future Father's Day ni Steven







**Ni Kellie George Purcill**

Batay sa tunay na buhay

Inirolyo ni Steven ang kanyang kurbata hanggang sa ilalim ng kanyang baba habang pinapraktis ng iba pang mga bata sa Primary ang bagong kanta. Hindi, talagang hindi niya kakantahin ito.

*Sa bahay si Itay ang namumuno . . .*

Sumulyap si Steven sa labas ng bintana at sa kisame. Hindi siya mapakali sa kanyang upuan kaya para siyang nagsasayaw. Hindi siya makakanta kahit gusto niya. May malaki at masakit na bagay na nakabara sa kanyang lalamunan. Patuloy sa pagkanta ang iba pang mga bata sa Primary, na natututuhan ang mga bagong titik nang paisa-isang linya.

*Batid ang lahat ng tama;*
*S'ya'y mabait sa 'kin* ("Fathers," *Children's Songbook,* 209).

May tumapik sa braso ni Steven. Ang nanay niya, na tahimik na nakamasid sa may pintuan ng silid ng Primary, ay marahan siyang hinatak sa braso. Inakay siya nito palabas sa pasilyo. Malayo sa kanyang mga kaibigan sa Primary, hindi mapigilan ni Steven ang pagpatak ng mga luha. Buong pagmamahal na mahigpit siyang niyakap ni Inay.

"OK lang na malungkot ka," sabi ni Inay, na tinatapik-tapik ang kanyang likod. "Alam ko na mahirap pakinggan at kantahin ang awiting iyon."

Tumango si Steven, at pinahid ang luha sa kanyang mga mata. "Ayaw ko pong kumanta sa Father's Day dahil wala akong tatay." Nangilid ang luha sa mga mata ni Steven, at nangagat-labi siya. "Ayaw ko na po siyang tawaging Itay. Matagal ko na po siyang hindi nakikita, at hindi pa nga niya *gusto* na maging tatay ko siya."

Talagang sinikap ni Steven na huwag umiyak—pero naririnig pa rin niya silang kumanta. Nasaktan ang kanyang kalooban sa awiting iyon. Gaya noong sumulat ang tatay niya at sabihin nito na nagpasiya sila ng bago niyang asawa na hindi na niya dadalawin si Steven o ang kanyang kapatid.

Muli siyang niyakap ni Inay, at binasa ni Steven ng kaunti pang luha ang blusa nito. "Kakausapin ko ang Primary president. Hindi mo kailangang kumanta kung ayaw mo. Pero teka—may naisip ako." Tumitig si Inay sa kanyang mga mata. "Sa taong ito hindi natin ipagdiriwang ang Father's Day—ipagdiriwang natin ang *Future* Father's Day!" Ngumiti siya, at tinitigan din siya ni Steven.

"Po? Ipagdiriwang ang *ano*?"

"Future Father's Day—ipagdiriwang natin kung gaano kayo

MGA PAGLALARAWAN NI ALYSSA TALLENT

magiging mabubuting ama ng kapatid mo balang-araw. Maghahanda tayo ng mga regalo at cake at ng paborito mong soft drink!"

Hinagkan ni Inay ang kanyang noo at saka sinikap na ayusin ang nagusot niyang kurbata. "Ikaw, Steven, ay magiging isang *napakatalinong* ama—masasabi ko na iyan ngayon. Dahil iniisip mo na ang gagawin mo sa mga anak mo at ipinaplano mo na kung anong uri ng tatay ka sa hinaharap."

Habang lalo pa itong pinag-isipan ni Steven, lalo siyang napangiti. Niyakap niya si Inay at bumalik na siya sa Primary na mas maganda ang pakiramdam.


Dalawang linggo kalaunan tumayo si Steven sa harap ng salamin, at itinuwid ang kanyang maganda at bagong bow tie. Ibinigay iyon ni Inay sa kanya nang umagang iyon para sa pinakauna niyang Future Father's Day! Dinampot ni Steven ang kanyang mga banal na kasulatan at lumabas ng pintuan sa harapan para magsimba.

Ngumiti siya sa kanyang ina.

"Happy Father's Day, Inay."

Ngumiti si Inay. "Happy Future Father's Day, Steven." ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Queensland, Australia.*



**MAGPLANO NANG MAY LAYUNIN**

"Anuman ang inyong edad, anuman ang inyong kalagayan, pinapayuhan ko kayo na **planuhin ang inyong buhay nang may layunin.**"

**Pangulong Thomas S. Monson, "Halina, Mga Anak ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2013, 68.**



# Patotoo ni Mia



**Ni Amelia Hawkins**
Batay sa tunay na buhay

*"[Ang Banal na Espiritu]'y bumubulong bilang munting tinig. Sa Diyos at kay Cristo ito'y nagpapatotoo" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *56).*

Lampas na ang oras ng pagtulog ni Mia, pero gising pa siya. Nakaupo siya sa sahig ng kuwarto niya, at pinag-iisipan ang isang bagay na binasa ni Sister Duval sa Primary: "Darating ang panahon na walang lalaki o babaeng makapagtitiis sa hiram na liwanag."[1]

"Ang patotoo ay parang liwanag sa ating kalooban," paliwanag ni Sister Duval. "At kailangan ng bawat isa sa atin na magkaroon ng sariling patotoo. Sa gayon ay maaari tayong maging matatag kapag mahirap ang buhay at tinutukso tayo ni Satanas."

Inihilig ni Mia ang kanyang ulo sa kama. "Gusto kong magkaroon ng patotoo na ang ebanghelyo ay totoo," naisip niya. Pero paano ka ba talaga *nagkaroon* ng patotoo? Alam niya na kasama roon ang pagdarasal.

"Magdarasal ako," pagpapasiya niya. Magdarasal siya at hindi titigil hanggang sa maipaalam sa kanya na ang Simbahan ay totoo. Handa siyang magdasal sa buong magdamag kung kailangan!

Lumuhod siya. "Mahal na Ama sa Langit," bulong niya, "gusto ko pong malaman kung totoo ang Simbahan. Gusto ko pong madama ito sa puso ko at malaman lang."

Naghintay si Mia. Wala siyang nadama maliban sa payapang pakiramdam na lagi niyang nadarama kapag nagdarasal siya. Ano ang mali sa ginagawa niya? Nasaan ang kanyang patotoo?

Parang matagal na siyang nakaluhod nang bumukas nang kaunti ang pinto sa kanyang kuwarto at sumilip ang tatay niya.

"Nasilip ko sa ilalim ng pinto na bukas pa ang ilaw mo," sabi nito. "Nagbabasa ka na naman ba?" Pagkatapos ay nakita nitong may luha sa mga pisngi ni Mia. Lumuhod ito at niyakap siya. "Ano'ng problema?"

Tumahimik sandali si Mia. Pagkatapos ay itinanong niya, "Itay, paano po ba magkaroon ng patotoo?"

Niyakap siya nang mahigpit ni Itay. "Magandang tanong iyan. Ang *hangaring* magkaroon ng patotoo ay isa sa mga unang hakbang."

Nadama ni Mia na nagsisimulang mapawi ang bigat sa kanyang kalooban.

"Ang pagkakaroon ng patotoo ay hindi karaniwang nangyayari sa isang pagdarasal. At kahit mayroon kang patotoo, kailangan mo itong patuloy na palakasin."

"Pero saan po ba nagmumula ang patotoo?" tanong ni Mia.

"Ang patotoo ay nagmumula sa Espiritu Santo," sabi ni Itay. "Sumigla at gumanda na ba ang pakiramdam mo sa family home evening o sa simbahan?"

Pinag-isipan iyon ni Mia. "Nang basbasan ninyo ako bago nagpasukan sa eskuwela, gumanda po ang pakiramdam ko." Nag-isip pa siya. "At lagi pong masigla ang pakiramdam ko kapag naririnig kong magsalita si Pangulong Monson sa pangkalahatang kumperensya. At kapag mabait ako sa mga kaibigan ko o nagbabasa ako ng aking mga banal na kasulatan, masaya rin po ako."

Ngumiti si Itay. "Ang mga damdaming iyon ay ang Espiritu Santo na nangungusap sa iyo. Ipinadarama niya sa iyo ang mga iyon kapag may ginagawa kang tama o may naririnig kang totoo."

"Masigla at masaya po ako ngayon," sabi ni Mia. "Iyon po ba ang Espiritu Santo?"

Muli siyang niyakap ni Itay. "Oo. Sinasabi niya sa iyo na ang mga bagay na pinag-uusapan natin ay totoo. At *iyan* ang paraan para magkakaroon ka ng patotoo."

Nang mahiga na si Mia kalaunan, hindi niya inisip na mayroon na siyang ganap na patotoo, pero maganda at masigla pa rin ang pakiramdam niya na ang sinabi sa kanya ni Itay ay totoo. Alam niya na simula pa lamang ang damdaming ito.

Namaluktot sa kanyang mainit na kumot si Mia at pumikit. Bago siya natulog, bumulong siya, "Salamat po, Ama sa Langit, sa pagtulong sa akin na magkaroon ng patotoo. At salamat po sa Inyo para sa tatay ko." ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Missouri, USA.*

**TALA**

1. Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball* (1967), 450.

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

# Ang Bahay na Itinayo mula sa Ikapu

Ni Janele Williams



Ito si Jack. Ito ang mga barya ni Jack na kumakalansing. Ito ang ikapu ni Jack, na 10 porsiyento.



Ito ang bishop na kinamayan si Jack nang magbigay siya ng kanyang ikapu, na 10 porsiyento.



Ito ang propeta, masayahin at madasalin, na nagsabing, “Magtayo tayo ng templo,” mula sa ikapung ipinadala ng bishop na kinamayan si Jack nang magbigay siya ng kanyang ikapu, na 10 porsiyento.



Ito ang templo, makintab at maputi, isang bahay ng Panginoon na puno ng liwanag.

Ito ang bahay na itinayo mula sa ikapu dahil sinabi ng propeta, “Magtayo tayo ng templo,” mula sa ikapung ipinadala ng bishop na kinamayan si Jack nang magbigay siya ng kanyang ikapu, na 10 porsiyento.

MGA PAGLALARAWAN NI DANI JONES



Ito ang ngiti ni Jack, malaki at masigla, nang magpunta siya sa templo, na makintab at maputi, upang mabuklod sa kanyang pamilya sa harap ng Diyos. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

# Nasaan ang Ikapu ni Jack?

Tulungan si Jack na hanapin ang lahat ng kanyang walong sinsilyong ikapu na kumakalansing!





**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# HAYAAN MO NA

*Gumuho ang mundo ng kaibigan ko. Namatay ang kanyang asawa.*

Kung dumaranas kayo ng pagkabahala, pighati o kahihiyan o selos o kabiguan o inggit, ng paninisi o pagbibigay-katwiran sa sarili, pag-isipan ang aral na ito na itinuro sa akin ng isang patriarch maraming taon na ang nakararaan. Siya ang pinakamabait sa lahat ng taong nakilala ko. . . .

Lumaki siya sa isang maliit na komunidad na may hangaring magtagumpay. Nagsikap siyang makapag-aral.

Pinakasalan niya ang kanyang kasintahan, at sa ngayon ay maayos lang ang lahat. Maganda ang kanyang trabaho, na may magandang kinabukasan. Mahal na mahal nila ang isa't isa, at ipinagbuntis ng kanyang asawa ang una nilang anak.

Nang gabing isisilang na ang sanggol, nagkaroon ng mga kumplikasyon. Ang nag-iisang doktor ay nasa ibang lugar ng bayan at may ginagamot. . . .

Sa wakas ay nakita rin ang doktor. Dahil agaran ang pangangailangan, agad kumilos ang doktor at di-nagtagal ay naisaayos niya ang lahat. Isinilang ang sanggol at mukhang wala nang panganib.

Makalipas ang ilang araw, namatay ang bata pang ina mula sa mismong impeksyong ginagamot ng doktor sa ibang pasyente nang gabing iyon.

Gumuho ang mundo ni John. Hindi na tama ang lahat ngayon; mali na ang



lahat. Namatay ang kanyang asawa. Hindi niya alam kung paano niya mapagsasabay ang pag-aalaga ng sanggol at pagtatrabaho.

Sa paglipas ng mga linggo, lalong tumindi ang kanyang dalamhati. "Hindi dapat payagang manggamot ang doktor na iyon," paulit-ulit niyang sabi. "Siya ang dahilan kaya naimpeksyon ang asawa ko. Kung nag-ingat lang siya, buhay pa sana ang asawa ko ngayon."

Halos wala na siyang ibang maisip, at sa sobra niyang paghihinagpis, gusto niyang manakit. . . .

Isang gabi may kumatok sa kanyang pintuan. Sinabi lang ng isang batang babae, "Pinapapunta po kayo ni Itay sa amin. Gusto niya po kayong makausap."

Ang "Itay" na iyon ang stake president. . . .

Ang espirituwal na pastol na ito ay binabantayan ang kanyang kawan at may sasabihin sa kanya.

Ang ipinayo lang ng matalinong lider na ito ay, "John, hayaan mo na. Wala kang magagawa para maibalik siya. Anuman ang gawin mo ay magpapalala lang. John, hayaan mo na." . . .

Nahirapan siyang kontrolin ang kanyang damdamin. At sa huli, nagpasiya siya na anuman ang problema, dapat siyang maging masunurin.

Ang pagsunod ay napakabisang gamot sa kaluluwa. Para itong lunas sa lahat ng karamdaman.

Ipinasiya niyang sundin ang payo ng matalinong espirituwal na lider na iyon. Hahayaan na lang niya ito.

Pagkatapos ay sinabi niya sa akin, ". . . Matanda na ako bago ko naunawaan ang sitwasyon ng isang abang doktor ng bayan—sobra sa trabaho, kulang sa suweldo, pagod sa paglipat-lipat sa mga pasyente, kakaunti ang gamot, walang ospital, kakaunti ang gamit, nagsisikap na magligtas ng mga buhay, at karaniwa'y nagtatagumpay.

"Dumating siya sa sandali ng kagipitan, nang dalawang buhay ang nalagay sa panganib, at agad siyang kumilos.

"Matanda na ako," pag-ulit niya, "bago ko naunawaan! Muntik ko nang sirain ang buhay ko," sabi niya, "at ang buhay ng iba."

Maraming beses siyang lumuhod at nagpasalamat sa Panginoon para sa matalinong espirituwal na lider na iyon na nagpayo lang ng, "John, hayaan mo na." ■

*Mula sa "Balm of Gilead,"* Ensign, *Nob. 1987, 17–18.*

PAGLALARAWAN NI PAUL MANN

# MGA KABATIRAN



**Anong pag-uugali ang mahalaga sa buhay?**

"Ang buhay na ito ang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos. Tayo ay mga taong masaya at maligaya. Pinahahalagahan natin ang pagiging masayahin at ang hindi-planadong oras sa piling ng mga kaibigan at pamilya. Ngunit kailangan nating maunawaan na napakahalaga ng layunin na kailangan nating pagbatayan sa pamumuhay at sa lahat ng ating pasiya."

**Elder Quentin L. Cook** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pumili nang May Katalinuhan," *Liahona,* Nob. 2014, 49.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT

### PAGTITIWALA SA MGA Pagtiyak NG PANGINOON

Maaaring hindi natin nalalagpasan palagi ang ating mga pagsubok, ngunit lagi tayong makatitiyak na alam ito ng Panginoon at handa Siyang tumulong upang malagpasan natin ang mga ito.



p. 42

## PARA SA MGA KABATAAN



p. 56

### Ngunit Paano Kung. . .?

*Mga Tanong tungkol sa Pagmimisyon*

Nag-aalala ka ba na hindi sapat ang alam mo tungkol sa ebanghelyo? na hindi gaanong malakas ang iyong patotoo? na napakamahiyain mo? Alamin dito ang mga sagot sa karaniwang mga tanong at problema bago magmisyon.

## PARA SA MGA BATA

### Patotoo ni Mia

Gusto ni Mia na magkaroon ng sariling patotoo tungkol sa ebanghelyo. Alamin kung paano niya ito ginawa!



p. 74

TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW